

# Liahona

## **Mga Tipan: Ang Ating Pinakamahahalagang Pangako, p. 20**

**Apat na Susi sa Pagtuturo para  
sa Pagbabalik-loob, p. 12**

**Pag-aaral, mga Trabaho,  
Pakikipagdeyt—Ano ang Gagawin  
Kapag Nabigo ang Iyong Plano,  
p. 42**

**Paano Ko Malalaman na  
Mayroon Akong  
Patotoo? pp. 54,  
66, 68**





© 2010 SANDRA B. RAST, HINDI MAARING KOPYAHIN

### *Ang Himala ng Pugo, ni Sandra B. Rast*

*Noong 1846 ang huling grupo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay itinaboy palabas ng Nauwoo, Illinois. Karamihan sa kanila ay mahirap, maysakit, o matanda na. Taglay ang kaunting kabuhayan, sumakay sila ng bangka patawid ng Mississippi River at nagtayo ng pansamantalang kampo. Sa gitna ng kahirapang iyon, daan-daang pugo ang lumipad at dumapo sa kampo. Napakaamo ng mga ito kung kaya't madaling nahuli ng mga Banal ang mga ibon, na nagsilbing pagkain para sa nagugutom na mga Banal.*





Liahona, Hulyo 2012

**MGA MENSAHE**

- 4 Mensahe ng Unang Panguluhan: Palaging nasa Kalagitnaan**  
Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf
- 7 Mensahe sa Visiting Teaching: Pagpapamalas ng Ating Pagkadisipulo sa Pamamagitan ng Pagmamahal at Paglilingkod**

**TAMPOK NA MGA ARTIKULO**

- 16 Ang Lakas ng Ating Pamana**  
Ni Elder L. Tom Perry  
*Kung paano pinamulaklak ng mga pioneer ang disyerto na tulad sa isang rosas, maaari ding gumanda ang ating buhay kung susundan natin ang kanilang mga pinahahalagahan at tradisyon.*
- 20 Pag-unawa sa Ating mga Tipan sa Diyos: Buod ng Ating Pinakamahahalagang Pangako**

- 24 Public Affairs: Pinag-uugnay ang Simbahan at Komunidad**  
Ni Philip M. Volmar
- 35 Pagharap sa Kinabukasan nang May Pag-asa**  
Ni Elder José A. Teixeira  
*Kahit nawalang lahat ang kanyang mga ari-arian sa mundo, positibo ang pananaw ni Brother Grilo tungkol sa kasalukuyan at may pag-asa siya sa kinabukasan.*

**MGA BAHAGI**

- 8 Notebook ng Kumperensya sa Abril**
- 10 Nangungusap Tayo tungkol kay Cristo: Isang Ilog ng Kapayapaan**  
Ni Lanise Heaton
- 12 Paglilingkod sa Simbahan: Ang Aral ay nasa Kalooban ng Mag-aaral**  
Ni Russell T. Osguthorpe

- 30 Ating mga Tahanan, Ating mga Pamilya: Huwag Kang Susuko**  
Nina Al at Eva Fry
- 38 Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**
- 74 Mga Balita sa Simbahan**
- 79 Mga Ideya para sa Family Home Evening**
- 80 Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Walang Bahid-Dungis mula sa Sanlibutan**  
Ni Julie Thompson

**SA PABALAT**

Harap: Paglalarawan ni Christina Smith.  
Likod: Larawang kuha ni Robert Casey.

**Paunawa:** Ang Hunyo 2012 *Liahona* ay naglalaman ng larawan ng isang kabataang lalaki na nagsakripisyo ng kanyang professional rugby contract para mag-full-time mission. May nakalagay sa suot niyang opisyal na team jersey na mga commercial logo ng iba't ibang kumpanya na karaniwang nakikita sa mga ganitong uniporme. Hindi sinusupportahan o tinatangkilik ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang mga kumpanyang ito o ang kanilang mga produkto o ang mga serbisyong ibinibigay nila.



42

#### 42 Kapag Hindi Nagtagumpay ang Magagandang Plano

Ni Stephanie J. Burns

*Nalaman ng mga young adult na naglalakbay sa mga palikuhang likong landas ng buhay na ang ilang pagliko ay humahantong sa tamang destinasyon.*



*Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Magbuklat ng panibagong pahina.*

#### 46 Ang Kahalagahan ng mga Basbas ng Priesthood

Ni Elder Dallin H. Oaks

*Tutulungan kayo ng mga basbas ng priesthood na lampasan ang mga balakid tungo sa buhay na walang hanggan.*

#### 49 Poster: Patotoo

#### 50 Kapangyarihan sa Panalangin

Ni Paul VanDenBerghe

*Kapag naguguluhan, nananatiling "angat sa tubig" ang ulo ng mga tinedyer sa pulo ng Cebu sa Pilipinas sa pamamagitan ng panalangin.*

#### 53 Mula sa Misyon: Isang Pangako at Isang Panalangin

Ni Pablo Mireles Betts

#### 54 Ano ang Dalisay na Patotoo?

Ni Elyse Alexandria Holmes

*Maaaring tulad sa isang puzzle ang pagkakaroon ng patotoo, ngunit sa paisa-isang paglalagay ng bawat piraso, maaari ninyong matutuhan ang katotohanan ng ebanghelyo.*

#### 58 Pagkukunwari sa Harap ng Ibang Tao

Ni Brittany Thompson



58



66

#### 59 Isang Bulong ng Kabaitan

Ni Deborah Moore

*Ano ang gagawin ni James kapag nagpunta sa simbahan ang siga sa paaralan?*

#### 61 Natatanging Saksi: Nabuhay ang mga naunang pioneer noong araw. Ano ang matutuhan ko sa kanila?

Ni Elder L. Tom Perry

#### 62 Paglikha ng Kasaysayan

Ni Chad E. Phares

*Sinisikap nina Soma, Eszter, at Kata na maging mabubuting halimbawa ng Simbahan sa Hungary.*

#### 64 Dalhin sa Tahanan ang Turo sa Primary: Pinipili Ko ang Tama sa Pamamagitan ng Pamumuhay ayon sa mga Alituntunin ng Ebanghelyo

#### 66 Patotoo ni Thomas

Ni Joshua J. Perkey

*Bago maibahagi ni Thomas ang kanyang patotoo, kailangan muna niyang matutuhan kung ano ang patotoo.*

#### 68 Isang Lumalagong Patotoo

*Palaguin ang sarili ninyong patotoo sa paisa-isang katotohanan.*

#### 69 Ang Ating Pahina

#### 70 Para sa Maliliit na Bata







Ni Pangulong  
Dieter F. Uchtdorf

Pangalawang Tagapayo  
sa Unang Panguluhan

# PALAGING NASA Kalagitnaan

**S**a maraming kalendaryo sa daigdig, Hulyo ang kalagitnaan ng taon. Bagaman ang mga simula at katapusan ng mga bagay-bagay ay ipinagdiriwang at ginugunita, kadalasan ay hindi napapansin ang mga nangyari sa kalagitnaan ng mga ito.

Ang mga simula ay panahon ng paggawa ng mga resolusyon, paglikha ng mga plano, pagpapakita ng lakas. Ang mga katapusan ay panahon ng pagbubuod at maaaring may kahalo itong damdamin ng kaganapan o kawalan. Ngunit sa wastong pananaw, ang paglalagay ng ating sarili sa *kalagitnaan* ng mga bagay-bagay ay makatutulong sa atin hindi lamang para mas maunawaan ang buhay kundi para mabuhay rin sa mas makabuluhang paraan.

## Ang Kalagitnaan ng Gawaing Misyonero

Kapag nagsasalita ako sa ating mga kabataang misyonero, madalas kong sabihin sa kanila na nasa kalagitnaan sila ng kanilang misyon. Kahit katarating pa lang nila kahapon o pauwi na kinabukasan, hinihiling kong isipin nila na palagi silang nasa kalagitnaan.

Maaaring madama ng mga bagong misyonero na wala pa silang karanasan para maging epektibo, kaya't ipinagpapaliban nila ang pagsasalita o pagkilos nang may tiwala at lakas ng loob. Ang sanay nang mga misyonerong malapit nang matapos sa kanilang misyon ay maaaring malungkot dahil patapos na ang kanilang misyon, o maaari silang bumagal habang pinag-iisipan nila kung ano ang kanilang gagawin pagkatapos ng misyon.

Anuman ang kalagayan at saan man sila naglilingkod, ang totoo ay araw-araw na nagpupunla ang mga

misyonero ng Panginoon ng maraming binhi ng mabuting balita. Ang pag-iisip na palagi silang nasa kalagitnaan ng kanilang misyon ay magpapalakas ng loob at magpapasigla sa matatapat na kinatawang ito ng Panginoon. Tulad ng mga full-time missionary, gayon din tayong lahat.

## Palagi Tayong nasa Kalagitnaan

Ang pagbabagong ito ng pananaw ay higit pa sa simpleng paglalaro ng isipan. May malaking katotohanan sa kabila ng ideya na palagi tayong nasa kalagitnaan. Kung titingnan natin sa mapa ang ating kinaroroonan, matutukso tayong sabihing nasa simula tayo. Ngunit kung titingnan nating mabuti, saanman tayo naroroon ay nasa kalagitnaan lamang tayo ng isang malaking lugar.

Kung paanong totoo ito sa lugar, gayon din sa panahon. Maaari nating madama na tayo ay nasa simula pa lang o nasa katapusan na ng ating buhay, ngunit kung titingnan natin kung saan tayo naroon sa buong kawalang-hanggan—kapag natanto natin na buhay na ang ating espiritu noon pa man at, dahil sa sakdal na sakripisyo at Pagbabayad-sala ni Jesucristo, na mananatiling buhay ang ating kaluluwa sa darating na kawalang-hanggan—malalaman natin na talagang nasa kalagitnaan tayo.

Kamakailan ay naisip kong ayusing muli ang lapida sa puntod ng aking mga magulang. Naluma na ng panahon ang libingan, at naisip ko na mas karapat-dapat ang bagong lapida sa magandang halimbawa ng kanilang buhay. Nang tingnan ko ang mga petsa ng kapanganakan at kamatayan sa lapida na pinag-ugnay ng karaniwang maliit na gitling, ang munting simbolong ito ng haba ng buhay ay biglang naghatid sa aking puso't isipan ng napakaraming



magagandang alaala. Sa bawat isa sa mahahalagang alaalang ito ay mababanaag ang isang sandali sa kalagitnaan ng buhay ng aking mga magulang at sa kalagitnaan ng buhay ko.

Anuman ang ating edad, saanman tayo naroroon, kapag may mga nangyayari sa ating buhay, palagi tayong nasa kalagitnaan. Hindi lamang iyan, nasa kalagitnaan tayo magpakailanman.

### Ang Pag-asang Dulot ng Mapunta sa Kalagitnaan

Oo, may mga sandali ng simula at mga sandali ng katapusan sa buong buhay natin, ngunit mga palatandaan lamang ito sa daan ng malaking kalagitnaan ng ating buhay na walang hanggan. Nasa simula man tayo o nasa katapusan, bata man tayo o matanda, maaari tayong gamitin ng Panginoon para sa Kanyang mga layunin kung isasantabi lang natin ang anumang mga ideyang naglilimita sa ating kakayahang maglingkod at hayaang mahubog ang ating buhay ayon sa Kanyang kalooban.

Sabi ng Mang-aawit, “Ito ang araw na ginawa ng Panginoon; tayo’y [dapat manganagalak] at [matuwa]” (Mga Awit 118:24). Ipinalala sa atin ni Amulek na “ang buhay na ito ang panahon para sa mga tao na maghanda sa pagharap sa Diyos; oo, masdan, *ang araw ng buhay na ito* ang araw para sa mga tao na gampanan ang kanilang mga gawain” (Alma 34:32; idinagdag ang pagbibigay-diin). At sinabi ng isang makata, “Ang walang hanggan—ay binubuo ng mga Ngayon.”<sup>1</sup>

Ang ibig sabihin ng pagiging palaging nasa kalagitnaan ay kailanman ay hindi natatapos ang laban, hindi nawawala ang pag-asa, hindi pa tayo talo. Sapagkat saan man tayo naroon o anuman ang ating kalagayan, may darating pang mga walang-hanggang simula at walang-hanggang katapusan.

Palagi tayong nasa kalagitnaan. ■

#### TALA

1. Emily Dickinson, “Forever—is composed of Nows,” sa *The Complete Poems of Emily Dickinson*, inedit ni Thomas H. Johnson (1960), 624.

### PAGTUTURO NG MENSAHENG ITO

Isiping talakayin sa pamilya kung paano sila “palaging nasa kalagitnaan,” kahit sinisimulan o tinatapos nila ang isang bagay. Hikayatin silang gawin ang lahat ng magagawa nila sa kasalakuyan nilang mga aktibidad, at huwag nang lungunin ang nakaraan o hintayin ang susunod na aktibidad o proyekto. Maaari mong imungkahi na pumili sila ng isang bagay na magagawa nila bilang isang pamilya upang masunod ang payong ito at magtakda ng petsa kung kailan nila inaasahang makamit ang kanilang mithiin.



## MGA KABATAAN

### Sa Kalagitnaan ng Iyong Paghahanda para sa Misyon

Sinasabi ni Pangulong Uchtdorf sa mga misyonero na isipin nila na nasa kalagitnaan sila ng kanilang misyon. Maiaakma mo rin ang ideyang ito sa iyong paghahanda sa misyon: 12 taong gulang ka man o 18, maaari kang maghandang magmisyon.

Ano ang ilang bagay na magagawa mo "sa kalagitnaan" ng iyong paghahanda sa misyon?

- Laging maging karapat-dapat na pumasok sa templo.
- Matutong kilalanin ang mga paramdam ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagtatala ng mga paramdam sa iyo at pagkilos ayon dito.
- Ipagdasal ang mga misyonero.
- Itanong sa mga misyonero sa inyong lugar kung ano ang irekomenda nilang gawin mo para makapaghanda kang magmisyon.
- Matutong gamitin nang epektibo ang iyong oras, na isinasama ang mahahalagang aktibidad na gaya ng paglilingkod, pag-aaral ng banal na kasulatan, at pagsulat sa journal.
- Habang kausap ang isang miyembro ng pamilya, magbahagi ng isang talata sa banal na kasulatan na nagbigay-inspirasyon sa iyo kamakailan. Ipaliwanag kung ano ang iniisip mo tungkol sa talata sa banal na kasulatan.
- Magtanong sa iyong mga kaibigan tungkol sa kaniyang relihiyon at pinaniniwalaan. Maging handang ibahagi ang iyong mga paniniwala. Yayain mo silang magsimba o sa mga aktibidad sa Simbahan.

Kapag natanto mo na nasa kalagitnaan ka ng iyong paghahanda para sa misyon, makapamumuhay ka nang mas karapat-dapat sa pagtitiwala ng Panginoon at sa patnubay ng Espiritu.



## MGA BATA

### May Magagawa ang Lahat Ngayon

1. Itinuturo ni Pangulong Uchtdorf na kahit ano pa ang edad mo, may isang bagay kang magagawa para tulungan ang iba. Sa iyong journal o sa kapirasong papel, ilista ang iyong mga kaloob o kakayahan. Itanong sa iyong mga magulang kung ano sa palagay nila ang mga angkin mong kaloob.
2. Magpasiya kung paano mo gagamitin ang iyong mga kaloob para tulungan ang iba na nasa mga sitwasyon sa ibaba.



3. Sa dulo ng iyong listahan ng mga kaloob, sumulat ng isang paraan na magagamit mo ang mga kaloob na iyon para tulungan ang ibang tao sa linggong ito.







Mapanalangin pag-aralan ang materyal na ito at, kung angkop, talakayin ito sa kababaihang dinadalaw ninyo. Gamitin ang mga tanong upang tulongan kayong patatagin ang mga kapatid at gawing aktibong bahagi ng inyong buhay ang Relief Society.

## Pagpapamalas ng Ating Pagkadisipulo sa Pamamagitan ng Pagmamahal at Paglilingkod

Noong nabubuhay pa Siya sa lupa, ipinakita ni Jesucristo ang Kanyang pagmamahal sa iba sa pamamagitan ng paglilingkod sa kanila. Sabi Niya, “Sa ganito’y mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, kung kayo’y may pagibig sa isa’t isa” (Juan 13:35). Ipinakita Niya ang halimbawa at nais Niya tayong “[tumulong] sa kanila na nangangailangan ng [ating] tulong” (Mosias 4:16). Tinatawag Niya ang Kanyang mga disipulo upang tulongan Siya sa Kanyang ministeryo, at binibigyan sila ng pagkakataong maglingkod sa iba at maging higit na katulad Niya.<sup>1</sup>

Ang paglilingkod natin bilang mga visiting teacher ay may malaking pagkatulad sa ministeryo ng ating Tagapagligtas kapag ipinakikita natin ang ating pagmamahal sa mga taong binibisita natin sa pamamagitan ng paggawa ng mga sumusunod:<sup>2</sup>

- Tandaan ang kanilang mga pangalan at ang pangalan ng mga miyembro ng kanilang pamilya at kilalanin sila.
- Mahalin sila nang hindi sila hinuhusgahan.
- Pangalagaan sila at palakasin ang kanilang pananampalataya nang “isa-isa,” gaya ng ginawa noon ng Tagapagligtas (3 Nephi 11:15).
- Kaibiganin sila nang tapat at bisitahin sila sa kanilang tahanan at sa ibang lugar.
- Pagmalasakitan ang bawat miyembro ng babae. Tandaan ang mga



kapanganakan, graduation, kasal, binyag, o iba pang pagkakataon na makahulugan sa kanya.

- Lapitan at tulongan ang bago at digaanong aktibong mga miyembro.
- Lapitan at tulongan ang mga nalulungkot o nangangailangan ng pag-alò.

### Mula sa mga Banal na Kasulatan

3 Nephi 11; Moroni 6:4; Doktrina at mga Tingnan 20:47

#### MGA TALA

1. Tingnan sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 124.
2. Tingnan sa *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 3.2.3.
3. *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 3–4.
4. *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 8.

### Ano ang Magagawa Ko?

1. Paano ko dinaragdagan ang kaka-yahan ko na arugain ang iba?
2. Ano ang ginagawa ko upang matiyak na alam ng kababaihang pinangalagaan ko na mahal ko sila?

Pananampalataya,  
Pamilya,  
Kapanatagan

### Mula sa Ating Kasaysayan

“Kasama sa Bagong Tipan ang mga kuwento tungkol sa kababaihan, na pinangalanan at hindi pinangalanan, na sumampalataya kay Jesucristo. . . . Ang mga babaeng ito ay naging mga ulirang disipulo. . . . Naglakbay [sila] kasama ni Jesus at ng Kanyang Labindalawang Apostol. Ibinigay nila ang kanilang kabuhayan upang tumulong sa Kanyang ministeryo. Pagkatapos Niyang mamatay at Nabuhay na Maguli, patuloy [silang] naging matatapat na disipulo.”<sup>3</sup>

Sumulat si Pablo tungkol sa isang babaing nagngangalang Febe, na “lingkod sa iglesia” (Mga Taga Roma 16:1). Hiniiling niya sa mga tao na “tulongan ninyo siya sa anomang bagay na magiging kailangan niya sa inyo: sapagka’t siya nama’y naging katulong ng marami” (Mga Taga Roma 16:2). “Ang uri ng paglilingkod na ibinigay ni Febe at ng iba pang mga dakilang kababaihan ng Bagong Tipan ay nagpapatuloy ngayon sa mga miyembro ng Relief Society—mga lider, visiting teacher, ina, at iba pa—na tumutulong, o katuwang, ng marami.”<sup>4</sup>

# Notebook ng Kumperensya para sa Buwan ng Abril

*“Kung ano ang sinabi ko,  
ang Panginoon, ay sinabi ko;  
. . . maging sa pamamagitan ng sarili  
kong tinig o sa tinig man ng aking mga  
tagapaglingkod, ito ay iisa” (D at T 1:38).*

Habang nirerepaso ninyo ang pangkalahatang kumperensya ng Abril 2012, magagamit ninyo ang mga pahinang ito (at ang mga Notebook ng Kumperensya sa darating na mga isyu) upang tulungan kayong pag-aralan at ipamuhay ang mga turo ng mga buhay na propeta at apostol at ng iba pang mga pinuno ng Simbahan kamakailan.

## MGA KUWENTO MULA SA KUMPERENSYA

### Ang Kapangyarihan ng Priesthood

Noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, sa mga unang buwan ng 1944, isang karanasan tungkol sa priesthood ang nangyari [at] ito ay inulat ng isang reporter—na hindi miyembro ng Simbahan—na nagtatrabaho sa isang pahayagan sa Hawaii. . . . Siya at ang iba pang [mga] reporter ay nasa pangalawang grupong sumunod sa mga marino sa Kwajalein Atoll. Habang papalapit sila, napansin nila ang isang batang marino na nakadapang lumulutang sa tubig, na malubhang nasugatan. Ang mababaw na tubig sa palibot niya ay pulang-pula dahil sa kanyang dugo. Pagkatapos ay napansin nila ang isa pang marino na papunta sa kasamahang sugatan. May sugat din ang pangalawang marino, nakalaylay ang kaliwang kamay sa kanyang tagiliran. Iniangat niya ang ulo ng kasama na palutang-lutang para hindi ito tuluyang malunod. Balisa siyang humingi ng tulong. Tiningnang muli ng mga reporter ang lalaking kanyang inaalalayan at sinabi, “Iho, wala na tayong magagawa sa binatang ito.”

“Pagkatapos,” ayon sa isinulat ng reporter, “may nasaksihan ako na noon ko lang nasaksihan.” Ang lalaking ito, na malubha ring nasugatan, ay nakabalik sa baybayin akay-akay ang tila wala nang buhay na kasamahan. “Ipinatong niya sa kanyang tuhod ang ulo ng kasamahan. . . . Kamangha-mangha ang tagpong ito—dalawang kabataang malubhang nasugatan—parehong . . . marangal at kalugud-lugod pagmasdan sa kabila ng kalunus-lunos na kalagayan. At nagyuko ng ulo ang isa at sinabing, ‘Iniuutos ko sa iyo, sa pangalan ni Jesucristo at sa kapangyarihan ng priesthood, na manatili kang buhay hanggang sa maka-kuha ako ng tulong.’” Ganito tinapos ng reporter ang kanyang artikulo: “Kaming tatlo, [ang dalawang marino at ako] ay narito ngayon sa ospital. Hindi alam ng mga doktor [kung paano sila nakarating nang buhay], pero alam ko.”

**President Thomas S. Monson, “Handa at Karapat-dapat na Maglingkod,” *Liahona*, Mayo 2012, 67, 68.**



#### Mga Tanong na Pag-iisipan

- Anong mga pagpapala ang dumarating sa mga Banal sa mga Huling Araw sa pamamagitan ng kapangyarihan ng priesthood?
- Paano nagkakaugnay ang pananampalataya at priesthood—para sa mga mayhawak ng priesthood at sa mga tumatanggap ng mga pagpapala?

Isiping isulat ang inyong mga ideya sa inyong journal o talakayin ang mga ito sa iba.

Karagdagang mga sanggunian sa paksang ito: “Priesthood” sa Study by Topic on LDS.org; Julie B. Beck, “Pagbuhos ng mga Pagpapala,” *Liahona* at *Ensign*, Mayo 2006, 11–13; *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (2009), “Ang Priesthood,” 79–84.

Para mabasa, mapanood, o mapakinggan ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, bisitahin ang [conference.lds.org](http://conference.lds.org).





## SNAPSHOT NG SIMBAHAN

Kabuuan ng mga Miyembro (noong 2011)	14,441,346
Mga Stake at District	3,554
Mga Ward at Branch	28,784
Mga Mission	340
Mga Full-Time Missionary	55,410
Mga Church-Service Missionary	22,299
Mga Nabinyagan	281,312
Mga Templong Ginagamit	136

## SULOK NG PAG-AARAL

### Paghahambing: Pamilya

Ang ilan sa pinakamahahalagang paksa ay tinalakay ng higit pa sa isang tagapagsalita sa pangkalahatang kumperensya. Narito ang sinabi ng apat na tagapagsalita tungkol sa mga pamilya. Sikaping maghanap ng iba pang mga paghahambing habang pinag-aaralan ninyo ang mga mensahe sa kumperensya.

- “Dapat maunawaan ng mga mag-asawa na ang kanilang unang tungkulin—kung saan hindi sila kailanman mare-release—ay sa isa’t isa at pagkatapos ay sa kanilang mga anak.”<sup>1</sup> —Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol
- “Kailangan nating gawin ang mga bagay sa tamang kaayusan! Magpakasal muna at pagkatapos ay magkaroon ng pamilya. Marami sa mundo ang nakalimot na sa likas na kaayusang ito ng mga bagay at iniisip na mababago nila ito o mababaligtad pa.”<sup>2</sup>—Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol
- “Alam natin na ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan ng pamilya at mga family home evening ay hindi palaging perpekto. Anuman ang mga hamong kinakaharap ninyo, huwag mawalan ng pag-asa.”<sup>3</sup>—Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol
- “Ang pagtuturo sa ating mga anak na makaunawa ay higit pa sa pagbabahagi ng impormasyon. Ito’y pagtulong sa ating mga anak na maitanim ang doktrina sa kanilang mga puso.”<sup>4</sup> —Cheryl A. Esplin, pangalawang tagapayo sa Primary general presidency

#### MGA TALA

1. Boyd K. Packer, “Papatnubayan Sila ng Munting Bata,” *Liahona*, Mayo 2012, 8.
2. M. Russell Ballard, “Upang Mahanap ang Naliligaw,” *Liahona*, Mayo 2012, 100.
3. Quentin L. Cook, “Makinig sa Himig ng Pananampalataya,” *Liahona*, Mayo 2012, 44.
4. Cheryl A. Esplin, “Turuan ang Ating mga Anak na Umunawa,” *Liahona*, Mayo 2012, 10.

### Pangako ng Isang Propeta

“Sa pag-alis natin sa kumperensyang ito, dalangin kong pagpalain kayo ng langit. . . . Pag-isipan nawa ninyo ang mga katotohanang narinig ninyo, at nawa matulungan kayo ng mga ito na maging mas mabuting tao kaysa noong makalawa nang magsimula ang kumperensya.

Pangulong Thomas S. Monson, “Sa Pagtatapos Nitong Kumperensya,” *Liahona*, Mayo 2012, 116.

# ISANG ILOG NG Kapayapaan

*Sa kabila ng aking pagdadalamhati, sumusulong ako na nakataas ang aking ulo na may pananampalataya at pag-asa sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.*



## NGUNIT KUNG HINDI

“Hindi lubos na maliligtas ang matatapat sa mga pangyayari sa planetang ito. Kaya nga ang tapang nina Sadrach, Mesach, at Abed-nego sa gitna ng pangyanib ay dapat pamarisan. Batid nilang ililigtas sila ng Diyos. ‘Ngunit kung hindi,’ nangako silang maglilingkod pa rin sa Diyos (tingnan sa Daniel 3:16–18).”

**Elder Neal A. Maxwell (1926–2004)** ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Yakap sa Bisig ng Kanyang Pagmamahal,” *Liahona*, Nob. 2002, 17.

## Ni Lanise Heaton

Noong araw na namatay ang aming panganay na anak na lalaki sa isang aksidente, nagdulot ito ng malaking sugat sa aking kaluluwa. Gayunman alam kong makaaasa ako sa kapangyarihan ng pagbabayad-sala ng Tagapagligtas na tutulong sa akin na makayanan ang mabigat na pasanin ng kalungkutan at sakit ng kalooban. Hiniiling naming mag-asawa sa aming mga home teacher na bigyan kami ng basbas. Alam namin na bibigyan kami nito ng dagdag na lakas. Ipinangako ng ating Tagapagligtas na hindi Niya tayo iiwang mag-isa (tingnan sa Juan 14:18). Mahigpit kong pinanghawakan ang pangakong iyon at pinatotohanan ko na ginawa rin Niya iyon.

Itinuro ni Isaias na ang Tagapagligtas ay “isang taong sa kapanglawan, at bihasa sa karamdaman” (Isaias 53:3). Kung mayroon mang makatutulong sa atin, alam kong Siya iyon, sa napakapersonal na paraan. Ngunit alam ko rin na kung bigla Niyang kukunin ang ating mga dalamhati, hindi magkakaroon

ng pag-unlad, hindi magsisimula ang pag-unawa.

Sa kabila ng sakit ng kalooban, lagi akong nakadarama ng kapayapaan na nagmumula sa Tagapagligtas (tingnan sa 1 Nephi 20:18). Sa mahihirap na mga sandali, mga araw, o kahit mga linggo, napawi ng Kanyang kapayapaan ang aking kalungkutan. Kailangan ko lang hilingin iyon. Ayaw ng Ama sa Langit na mag-isa tayong maglakbay sa mortalidad.

Kapag naiisip ko ang aksidenteng kumitil sa buhay ng aking anak, isang kuwento sa Lumang Tipan ang pumapasok sa aking isipan:

“Ang aming Dios na aming pinaglingkuran ay makapagligligtas sa amin sa mabangis na hurnong nagniningas, at ililigtas niya kami sa iyong kamay, Oh hari.

“*Ngunit kung hindi*, talastasin mo, Oh hari, na hindi kami mangaglilingkod sa iyong mga dios” (Daniel 3:17–18; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ang mahalagang bahagi ay “Ngunit kung hindi.” Kailangan tayong manatiling sumasampalataya anuman ang





mangyari. Maaari sanang magpadala ng mga anghel ang Ama sa Langit upang buhatin ang aking anak at ilayo sa kapahamakan, ngunit hindi Niya ginawa iyon. Alam Niya kung ano ang makapagpapadalisay sa amin upang maging handa kami sa pagbalik sa Kanya. Magiging maayos ang lahat. Ngunit hindi ibig sabihin niyan ay hindi na tayo muling magdadalamhati o iiyak kailanman. Ang ating pagdadalamhati ay bunga ng ating pagmamahal, ngunit hindi dapat mabagabag ang ating puso.

Ang pinakadakilang regalong maibigay natin sa mga nasa magkabilang panig ng tabing ay ang sumulong taglay ang napalakas na pananampalataya at pag-asa sa Ama sa Langit at kay Jesucristo, kahit na sa bawat hakbang ay may luhang dumadaloy sa ating mukha. Sapagkat pinangakuan tayo na “hindi nagtagumpay ang libingan, at ang tibo ng kamatayan ay nalulun kay Cristo” (Mosias 16:8). Balang araw “papahirin ng Panginoong Dios ang mga luha sa lahat ng mga mukha” (Isaias 25:8). ■

#### **PAANO NATIN TITIISIN ANG DALAMHATI?**

Sinagot ni Elder Joseph B. Wirthlin (1917–2008) ng Korum ng Labindalawang Apostol ang tanong na ito sa kanyang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2006:

“Palagay ko sa lahat ng araw sa simula pa lang ng kasaysayan ng mundong ito, ang Biyernes na iyon [na ipinako sa krus ang Tagapagligtas] ang pinakamadilim.

“Ngunit hindi nagtagal ang araw na iyon.

“Hindi nanatili ang kawalang-pag-asa dahil pagsapit ng Linggo, winasak ng Panginoon ang tanikala ng kamatayan. Bumangon Siya mula sa libingan at nagpakita sa kaluwalhatian ng tagumpay bilang Tagapagligtas ng sangkatauhan.

“At, sa isang iglap, ang mga matang puno ng luha ay natuyo. Ang mga labing umusal ng mga dalangin ng hirap at pagdurusa ay puno na ngayon ng papuri, sapagkat si Cristo Jesus, ang Anak ng buhay na Diyos, ay tumayo sa kanilang harapan bilang unang bunga ng Pagkabuhay na Mag-uli, katibayan na ang kamatayan ay simula lamang ng bago at kahanga-hangang pag-iral. . . .

“Dahil sa buhay at walang hanggang sakripisyo ng Tagapagligtas ng mundo, muli nating makakasama ang mga mahal natin.”

“Sasapit ang Linggo,” *Liahona*, Nob. 2006, 29–30.

Sa darating na family home evening, isiping talakayin ang kamatayan, ang Pagkabuhay na Mag-uli, at ang plano ng kaligtasan. Tingnan, halimbawa sa, 2 Nephi 9 at Alma 11–12.



**Ni Russell T. Osguthorpe**  
Sunday School  
General President

# ANG ARAL AY NASA KALOOBAN NG MAG-AARAL

*Kapag kinilala natin ang kahanga-hangang potensyal ng bawat mag-aaral, nakikita natin ang mga bagay-bagay ayon sa tingin ng Diyos.*

**H**abang nasa isang atas ng Simbahan sa Cusco, Peru, dumalo kaming mag-asawa sa pinagsamang klase ng Relief Society at Melchizedek Priesthood. Ang guro noong araw na iyon ay ang adult Gospel Doctrine teacher. Dahil nagkaproblema sa iskedyul ang unang dalawang pulong, mga 20 minuto na lang ang natira para maituro niya ang inihanda niyang aralin.

Nagsimula siya sa paghiling na tumayo ang lahat ng miyembrong sumapi sa Simbahan sa nakaraang dalawang taon. Limang miyembro ang tumayo. Isinulat niya ang number 5 sa pisara at sinabing, “Mga kapatid, napakagandang makapiling natin ngayon ang 5 miyembrong ito na kamakailan lang sumapi sa Simbahan. Ang tanging problema ay sa nakalipas na dalawang taon, 16 na bagong miyembro ang nabinyagan natin dito sa ward.”

Pagkatapos ay isinulat niya ang number 16 sa tabi ng number 5 at buong sigasig na itinanong, “Kung gayon, mga kapatid, ano ang gagawin natin?”

Isang babae ang nagtaas ng kamay at sinabing, “Kailangan natin silang hanapin at ibalik.”

Sumang-ayon ang guro at pagkatapos ay isinulat ang salitang *sagipin* sa pisara. “May 11 bagong miyembro tayong kailangang ibalik,” sagot niya.

Pagkatapos ay binasa niya ang sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson tungkol sa kahalagahan ng pagsagip. Binasa rin niya mula sa Bagong Tipan kung paano hinanap ng Tagapagligtas ang nawawalang tupa (tingnan sa Lucas 15:6). Pagkatapos ay itinanong niya, “Paano natin sila ibabalik?”

Nagtaasan ang mga kamay, at isa-isa niyang tinawag ang mga miyembro. Nagmungkahi ang mga miyembro ng klase kung paanong bilang isang ward family o bilang mga indibiduwal ay maaari silang magtulongan upang maibalik sa simbahan ang mga nabinyagan kamakailan. Pagkatapos ay nagtanong ang guro, “Kung naglalakad kayo sa kalye at nakita ninyo sa kabila ng kalsada ang isang tao na nakilala ninyong isa sa mga bagong binyag na ito, ano ang gagawin ninyo?” Sabi ng isang miyembro, “Tatawid ako ng kalsada at babatiin siya. Sasabihin ko kung gaano natin siya kailangang maibalik at kung gaano tayo kasabik na makasama siyang muli.”

Sumang-ayon ang iba pa sa klase at nag-alok ng karagdagang mga mungkahi kung paano matutulungan ang mga miyembrong ito. Naging masigla ang mga tao sa silid, nagkaroon ng determinasyong gawin ang kinakailangan upang matulungan ang mga nabinyagang ito kamakailan na mahanap ang daan pabalik sa pagiging ganap na aktibo.

Nilisan naming mag-asawa ang klaseng ito na may ibayong hangaring kumilos upang tulungan ang isang tao na bumalik sa pagiging aktibo sa Simbahan. Naniniwala ako na gayon ang damdamin ng lahat paglisan nila sa klase. Pagkatapos ng karanasang ito, itinanong ko sa sarili: Paano naging napakapektibo ng maikling araling ito? Bakit lumisan ang lahat sa klase na nadaramang lubha silang nahikayat na ipamuhay nang mas lubusan ang ebanghelyo?

Habang pinag-iisipan ang dalawang tanong na ito, natukoy ko ang apat na alituntuning siyang dahilan kaya naging epektibong karanasan sa pagkatuto at pagtuturo ang klaseng ito:

1. Pagbabalik-loob ang pakay.
2. Pag-ibig ang motibo.





3. Doktrina ang susi.
4. Ang Espiritu ang guro.

### Pagbabalik-loob ang Pakay

Sa halip na sikaping “ibuhos ang impormasyon” sa isipan ng mga miyembro ng klase,” gaya ng ibinabalala sa atin ni Pangulong Monson na *huwag* gawin, sinisikap ng gurong ito “*na bigyang-inspirasyon ang indibiduwal na pag-isipan, damhin, at pagkatapos ay kumilos at ipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo.*”<sup>1</sup>

Sa madaling salita, ang pakay ng gurong ito ay tulungan ang mga miyembro ng klase na *gawin* ang isang bagay na maaaring hindi nila magagawa kung hindi sila dumalo sa klase. At ang *paggawa* na iyon ay para tulungan ang bawat tao na *maging* tunay na disipulo ng Tagapagligtas.

Ang pakay ng ganitong uri ng

pagtuturo ay *pagbabalik-loob*. Ang ibig sabihin ng salitang *pagbabalik-loob* ay bumaling sa isang bagong direksyon, magbago ng ugali. Ang pagbabalik-loob—pagiging isang tunay na disipulo—ay hindi minsanang nangyayari kundi ito ay isang habambuhay na proseso.<sup>2</sup> Sa klaseng ito ang *paggawa* ng mga miyembro ng klase ay nilayon upang tulungan hindi lamang ang mga miyembro ng klase kundi maging ang mga bagong miyembro na sisikapin nilang maibalik sa pagiging aktibo. Anumang oras nating ipamuhay nang mas lubusan ang isang alituntunin ng ebanghelyo, isang tao ang napagpapala nang tuwiran o hindi tuwiran. Dahil dito, ang pagkatuto at pagtuturo sa ebanghelyo ay kakaiba. Sa halip na humantong lamang sa pagkakaroon ng kaalaman, ang pagkatuto sa ebanghelyo ay humahantong sa personal na pagbabalik-loob.



**T**inutulungan tayo ng pagmamahal bilang mga guro na magtuturo na gaya ng pagtuturo ng Tagapagligtas kung Siya ay nasa ating silid-aralan.

### Pag-ibig ang Motibo

Habang nakikilahok sa klase sa Peru, nadama ko ang pagmamahal ng guro sa mga naroon gayundin sa mga bagong binyag nang anyayahan niya ang mga miyembro ng klase na magpaaktibo ng mga miyembro. Damang-dama ang pagmamahal sa silid—ng guro sa mag-aaral, ng mag-aaral sa guro, ng isang mag-aaral sa isa pa, at ng mga mag-aaral sa mga bagong miyembro.

Tinutulungan tayo ng pagmamahal bilang mga guro na magturo na gaya ng pagtuturo ng Tagapagligtas kung Siya ay nasa ating silid-aralan. Tunay na ang “pagmamahal ay nag-uudyok sa atin na maghanda at magturo nang iba-iba.”<sup>3</sup>

Kapag ang motibo ng guro ay talakayin ang buong aralin, ang guro ay nakatuon sa nilalaman nito sa halip na sa mga pangangailangan ng bawat mag-aaral. Parang dama ng gurong Peruvian na hindi kailangang *talakayin* ang anuman. Gusto lamang niyang bigyang-inspirasyon ang mga miyembro ng klase na tulungan ang kanilang mga kapatid nang may pagmamahal. Ang pagmamahal sa Panginoon at pagmamahal sa isa’t isa ang naging dahilan. Pag-ibig ang motibo. Kapag pag-ibig ang ating motibo, palalakasin tayo ng Panginoon upang maisakatuparan natin ang Kanyang mga layunin na tulungan ang Kanyang mga anak. Bibigyan Niya tayo ng inspirasyon kung *ano* ang kailangan nating sabihin bilang mga guro at kung *paano* natin dapat sabihin ito.

### Doktrina ang Susi

Hindi nagbasa ang guro sa Peru mula sa manwal nang magturo siya. Kumbinsido ako na ginamit niya ang manwal o mga mensahe sa kumperensya upang maghanda para sa klase, ngunit nang magturo siya, nagturo siya mula sa mga banal na kasulatan. Muli niyang ikinuwento ang tungkol sa nawawalang tupa at binigkas ang talatang ito: “At ikaw, kung

Ang pagkatuto at pagtuturo ng ebanghelyo ay hindi tungkol sa pagpapakadalubhasa sa mga katotohanan; ang mga ito ay tungkol sa pagpapakadalubhasa sa pagiging disipulo.

makapagbalik ka nang muli, ay pagtibayin mo ang iyong mga kapatid” (Lucas 22:32). Ibinahagi niya ang paanyaya ni Pangulong Monson sa lahat ng miyembro ng Simbahan na sagipin ang mga naliligaw ng landas. Ang mga doktrinang nasa sentro ng kanyang aralin ay pananampalataya at pag-ibig sa kapwa. Kinailangan ng mga miyembro ng klase ng sapat na pananampalataya para kumilos, at kinailangan nilang kumilos nang may pagmamahal.

Kapag ang mga doktrina ng ipinainumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo ay itinuturo nang buong linaw at katapatan, pinalalakas ng Panginoon kapwa ang mag-aaral at ang guro. Kapag lalong nagmumungkahi ang mga miyembro ng klase tungkol sa pagtulong sa kanilang mga kapatid na di-gaanong aktibo, lalong napapalapit ang bawat isa sa Tagapagligtas, na palaging tumutulong noong magministeryo Siya sa lupa. Doktrina ang susi

sa epektibong pagkatuto at pagtuturo ng ebanghelyo. Binubuksan nito ang mga puso. Binubuksan nito ang mga isipan. Binibigyang-daan nito ang Espiritu ng Diyos na bigyang-inspirasyon at palakas ang lahat ng naroon.

### Ang Espiritu ang Guro

Kinikilala ng magagaling na guro ng ebanghelyo na hindi sila ang tala-gang guro. Ang ebanghelyo ay itinuturo at natututuhan sa pamamagitan ng Espiritu. Kung wala ang Espiritu, ang pagtuturo ng mga katotohanan ng ebanghelyo ay hindi hahantong sa pagkatuto (tingnan sa D at T 42:14). Kapag lalong nagbibigay ang guro ng nakapanghihikayat na paanyayang kumilos, lalong nadarama ang presensya ng Espiritu sa aralin. Nagbigay ng nakapanghihikayat na paanyaya ang gurong Peruvian. At habang tumutugon ang mga miyembro ng klase sa mga mungkahi, lalo pang nadama ang Espiritu at napalakas nito ang lahat.

Hindi sinusubukan ng guro noon na *talakayin* ang buong aralin. Sa halip, sinisikap niyang *ihayag* ang aral na nasa kalooban na ng mag-aaral. Sa pag-anyaya sa mga miyembro ng klase sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu, natulungan ng guro ang mga miyembro na matuklasan ang sarili nilang hangaring kumilos—na tulungan ang kanilang mga kapatid nang may pagmamahal. Nang ibahagi ng mga miyembro ng klase ang kanilang mga ideya, nabigyang-inspirasyon nila ang bawat isa dahil sama-sama silang nag-anyaya sa Espiritu.

Kapag sinisikap nating ipamuhay ang ebanghelyo sa pamamagitan ng pagtulong sa mga nakapaligid sa atin, bibigyan tayo ng Panginoon ng inspirasyon kung ano ang dapat nating gawin. Kaya nga kung bilang mga guro ay nais nating mas madama ang Espiritu sa ating klase, kailangan lang nating anyayahan ang mga miyembro ng klase na ipamuhay nang mas lubusan ang isang alituntunin ng





ebanghelyo. Kapag nangako tayong mas ipamuhay ang isang alituntunin ng ebanghelyo, napapalapit tayo sa Diyos at lumalapit ang Diyos sa atin (tingnan sa D at T 88:63).

### **Ang Potensyal ng Bawat Mag-aaral**

Hindi tayo natututo at nagtuturo tungkol sa ebanghelyo para lang magkaroon ng kaalaman. Natututo at nagtuturo tayo tungkol sa ebanghelyo para magtamo ng kadakilaan. Ang pagkatuto at pagtuturo tungkol sa ebanghelyo ay hindi tungkol sa pagpapakadalubhasa sa mga katothanan; ang mga ito ay tungkol sa pagpapakadalubhasa sa pagkadisipulo. Nagtuturo man tayo sa sarili nating mga anak sa tahanan o nagtuturo sa mga miyembro ng ward o branch sa silid-aralan, kailangan nating tandaan na ang aral na itinuturo natin ay nasa kalooban na ng mag-aaral. Ang ating papel bilang mga magulang o

guro ay tulungan ang mga mag-aaral na matuklasan ang aral sa sarili nilang puso't isipan.

Kapag kinilala natin ang kahangahangang potensyal ng bawat mag-aaral, nakikita natin ang mga bagay-bagay ayon sa tingin ng Diyos. Sa gayon ay masasabi natin ang nais Niyang sabihin natin at magagawa ang nais Niyang gawin natin. Habang tinatahak natin ang landas na ito ng pagkatuto at pagtuturo, pagbabalik-loob ang ating pakay, pag-ibig ang ating motibo, doktrina ang susi, at ang Espiritu ang guro. Kapag natuto at nagturo tayo sa ganitong paraan, pagpapalain ng Panginoon kapwa ang mag-aaral at ang guro “upang ang lahat ay mapasigla ng lahat” (D at T 88:122). ■

#### **MGA TALA**

1. Thomas S. Monson, sa Conference Report, Okt. 1970, 107.
2. Tingnan sa Dallin H. Oaks, “Ang Paghamon na Magkaroon ng Kahihinatnan,” *Liahona*, Ene. 2001, 40–43.
3. *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* (2000), 40.

**K**aya nga kung nais nating mas madama ang Espiritu sa ating klase, kailangan lang nating anyayahan ang mga miyembro ng klase na ipamuhay nang mas lubusan ang isang alituntunin ng ebanghelyo.









HANDICART PIONEERS, NI MINERVA TEICHERT © IRI, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM



Ni Elder  
L. Tom Perry  
Ng Korum ng  
Labindalawang Apostol

# ANG LAKAS NG Ating Pamamana

*Ang pananampalatayang tulad ng sa mga pioneer ay kailangan din sa mundo ngayon tulad sa anumang panahon.*

Noon pa man ay sabik na akong makinig sa mga kuwento tungkol sa mga pioneer. Kapitbahay lang namin ang lola ko noong bata pa ako. Sa edad na walo halos buong kapatagan ay nilakad niya patawid. Marami siyang naaalalang mga karanasan ng mga pioneer para manatili akong nama-mangha nang ilang oras habang nakaupo ako at nakikinig sa kanya.

Noon pa man ay isa na si Pangulong Brigham Young (1801–77) sa mga hinahangaan ko. Ang mga sagot niya sa mga problema ay simple at mahalaga at napakinabangan ng mga tao. Hangang-hanga ako sa kanyang kasigasigan at sigla nang pamunuan niya ang mga Banal pakanluran.

Nang makita na napakalaking gastos nang ilipat sa Utah ang mga bagong binyag sa Simbahan mula sa Europa, inilahad ang ideya kay Pangulong Young na gumamit

sila ng mga kariton para tawirin ang kaparangan. Agad nakita ni Pangulong Young ang buting idudulot nito, hindi lamang sa halagang matitipid kundi maging sa pisikal na pakinabang nito sa mga tao na lalakad nang ganoon kalayo at darating sa Salt Lake Valley na malakas at masigla pagkatapos ng gayong karanasan. Sabi niya:

“Kami’y umaasa [tiwala] na ang gayong paglalakbay ay magiging mas mabilis kaysa ibang paraan. Dapat ay mayroon silang ilang magagandang bakang gagatasan, at ilang bakang madadala at makakatay kapag kailangan. Sa ganitong paraan ang gastos, panganiib, pagkawala at pagkalito ng mga grupo ay mahahadlangan [maiwasan], at ang mga banal ay mas hindi mababagabag, magdadalamhati at mangamamatay na siyang sanhi ng pagkakalibing ng napakarami sa ating mga kapatid sa alabok.

*Ang pananampalatayang tulad ng sa mga pioneer ay kailangan din sa mundo ngayon tulad sa anumang panahon. Kailangan nating malaman ang pamanang iyon.*

“Iminumungkahi namin na magpadala ng kalalakihang may pananampalataya at karanasan, na naturuan nang wasto, sa isang lugar kung saan mabibigyan sila ng mga gamit upang maipatupad ang mga mungkahi sa itaas; kung gayon, ipaunawa sa mga banal, na nagbabalak mandayuhan sa susunod na taon, na inaasahan silang maglakad at hilahin ang kanilang mga bagahe patawid sa kapatagan, at na sa ganitong paraan lamang sila tutulungan ng [Perpetual Emigrating] fund.”<sup>1</sup>

Sa pagitan ng 1856 at 1860 matagumpay na nalakbay ng ilang libong Banal ang

ang ilang grupong binubuo ng apat na kabayo nang sumunod na Lunes upang magpunta at bigyang-ginhawa ang nagdurusang mga Banal na inabutan ng pag-ulan ng niyebe. At iyon mismo ang nangyari.

Ang unang grupong may dalang pagkain at kagamitan ay lumisan pagsapit ng Lunes. Halos mag-umapaw sa kagalakan ang Willie company nang matanggap ang unang grupong nagdala ng tulong. Iniwan ni Captain Willie ang maliit niyang grupo at nagsama siya ng isang tao sa paghahanap sa grupo ng mga sasagip na bagon.

Nakatala sa kasaysayan: “Sa gabi ng ikatlong araw matapos lumisan si Captain Willie, habang papalubog ang magandang araw sa likod ng malayong kaburulan, sa isang maliit na burol, sa kanluran lang ng aming kampo, ilang bagon na may trapal, na bawat isa ay hila ng apat na kabayo ang nakitang papalapit sa amin. Kumalat ang balita sa kampo na parang malaking sunog, at lahat ng nakabangon mula sa kanilang higaan ay *sabay-sabay* na naglabasan para makita sila. Ilang minuto pa ay nakita na nila ang kanilang matapat na kapitan na nauuna nang kaunti sa grupo ng mga bagon. Narinig sa ere ang mga sigaw ng kagalakan; umiyak ang matitipunong kalalakihan hanggang sa dumaloy ang mga luha sa kanilang mga pisngi na nasunog sa sikat ng araw, at nakibahagi ang maliliit na bata sa kagalakan na halos hindi pa nauunawaan ng ilan sa kanila, at masa-

yang nagsayawan. Nalimutan ang pagtitimpi sa kagalakan ng lahat, at habang papasok sa kampo ang kalalakihan niyakap sila ng kababaihan at pinaghahagkan. Hindi makapaniwala ang kalalakihan kaya’t halos hindi sila makapagsalita, at sa tahimik na pagluha ay pinigilang magpakita ng . . . damdamin. . . . Gayunman, hindi nagtagal at naibsan na ang gayong damdamin, at sila ay nagkamayan, nagbatian, at nagsumamo ng pagpapala sa Diyos sa paraang bihirang masaksihan!”<sup>2</sup>

### **Pagbubuo ng Matatag na mga Pamilya**

Mula sa matatag na mga pioneer na iyon ay lumitaw ang mga tradisyon at isang pamana



*Kailangan natin itong ituro, kailangan natin itong ipagmalaki, at kailangan natin itong pangalagaan.*

1,300-milya (2,090 km) sa pamamagitan ng kariton. Ang tagumpay ng kanilang paglalakbay ay pinalungkot lamang ng dalawang nakamamatay na mga paglalakbay ng Willie at Martin handcart companies, na lubhang natagalan sa pag-alis kaya inabutan ng magang pag-ulan ng niyebe sa taglamig. Muli, pansinin ang kahusayan ni Pangulong Young. Sa pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 1856, inilaan niya ang buong kumperensya sa pag-organisa ng mga bagay na magdudulot ng ginhawa sa naghihirap na mga Banal. At inutusan niya ang mga kapatid na huwag nang maghintay pa ng isang linggo o isang buwan bago sila umalis. Nais niyang nakahanda na

na bumuo ng matatag na mga pamilya na nakapag-ambag nang malaki sa kanlurang Estados Unidos at sa iba pang panig ng mundo.

Inanyayahan ako sa isang pananghalian ilang taon na ang nakalilipas na inisponsor ng isang retail firm na nagbalita noon na magbubukas sila ng apat na tindahan sa Salt Lake City area. Dahil may karanasan ako sa retail, tinanong ko ang pangulo habang nakaupo akong kasama niya sa mesa kung bakit gayon kalakas ang kanyang loob na sabay-sabay na buksan ang apat na tindahan sa isang bagong bukas na lugar. Ang sagot niya ay tulad ng inasahan ko. Sinabi niya na nagsagawa ang kanyang kumpanya ng demographic study ng lahat ng pangunahing lungsod sa Estados Unidos. Interesado ang kumpanya na malaman kung alin sa mga lugar na ito ang may pinakamalaking potensyal para sa isang department store na magiging kaakit-akit sa mga bata pang pamilya. Ang Salt Lake area, na destinasyon ng mga pioneer noong una, ang nanguna sa bansa.

Napag-alaman din ng kumpanya batay sa isinagawang pag-aaral nito na ang puwersa ng mga manggagawa sa Salt Lake ay bantog sa kanilang katapatan at kasipagan. Alam ninyo, bakas pa rin ang pamana ng mga pioneer hanggang sa ikatlo at ikaapat na henerasyon sa lugar na iyon.

Gayunman, nagulat ako sa isang estadistikang inilagay sa mesa ko kamakailan. Nakasaad doon na 7 porsiyento lamang ng mga batang lumalaki sa Estados Unidos ngayon ang nagmumula sa tradisyonal na mga tahanan kung saan ang ama ang nagtatrabaho, nasa bahay lang ang ina, at may isa o higit pang mga anak.<sup>3</sup> Bawat araw ay nakikita natin ang mga epekto ng pagkakawatak ng tradisyonal na tahanan. Nakatatakot ang pagdami ng mga babaeng sinasaktan, mga batang pisikal at seksuwal na inaabuso, bandalismo sa mga paaralan, mga krimeng kinasasangkutan ng mga tinedyer, pagbubuntis ng mga tinedyer na walang asawa, at matatandang hindi kinakalinga ng kamag-anak.

Binalaan tayo ng mga propeta na ang tahanan ang lugar para maligtas ang lipunan.<sup>4</sup> Ang angkop na tahanan, mangyari pa, ay hindi basta nalilikha o nabubuo kapag nagkaibigan at nagpakasal ang isang babae at isang lalaki.

Kailangan ang mga kabutihang itinuro noon sa tahanan ng mga pioneer—pananampalataya, lakas ng loob, disiplina, at dedikasyon—upang maging matagumpay ang pagsasama ng mag-asawa. Kung paano pinamulaklak ng mga pioneer ang disyerto na tulad sa isang rosas, gaganda rin ang ating buhay at pamilya kung susundan natin ang kanilang halimbawa at yayakapin ang kanilang mga tradisyon. Oo, ang pananampalatayang tulad ng sa mga pioneer ay kailangan din sa mundo ngayon tulad sa anumang panahon. Minsan pa, kailangan nating malaman ang pamanang iyon. Kailangan natin itong ituro, kailangan natin itong ipagmalaki, at kailangan natin itong pangalagaan.

Napakapalad natin. Kaybigat ng responsibilidad natin dahil sa ating kaalaman at pagkaunawa. Sinabi raw ni Arnold Palmer, isang mahusay na Amerikanong manlalaro ng golf na, “Hindi ang manalo ang pinakamahalaga, kundi ang paghahangad na manalo.” Napakagandang pahayag: “Ang paghahangad na manalo [ang pinakamahalaga].”


Ipagkaloob nawa sa atin ng Diyos ang hangaring mapanalunan ang lahat ng kaloob na ibinigay Niya sa Kanyang mga anak—ang kaloob na buhay na walang hanggan. Nawa’y pagpalain tayo ng Diyos na maunawaan natin ang ating potensyal, na matuto tayo at umunlad at maunawaan natin ang ating pamana at magpasiya tayong pangalagaan ang mga dakilang kaloob na iyon na ibinigay sa atin bilang Kanyang mga anak. Taos kong pinatotohanan na ang Diyos ay buhay, na si Jesus ang Cristo, at na ang Kanyang landasin ay aakayin tayo tungo sa buhay na walang hanggan. ■

*Mula sa mensahe sa isang fireside na ibinigay noong Agosto 3, 1980, sa Brigham Young University. Para sa buong teksto sa Ingles, bisitahin ang speeches.byu.edu.*

#### MGA TALA

1. Brigham Young, sa B. H. Roberts, *A Comprehensive History of the Church*, 4:85.
2. John Chislett, sa *A Comprehensive History of the Church*, 4:93–94.
3. Tingnan sa Population Reference Bureau, [www.prb.org/Articles/2003/TraditionalFamiliesAccountforOnly7PercentofUSHouseholds.aspx](http://www.prb.org/Articles/2003/TraditionalFamiliesAccountforOnly7PercentofUSHouseholds.aspx). Noong 1980, nang ipahayag ang mensaheng ito, ang bilang ay 13 porsiyento.
4. Tingnan halimbawa sa Thomas S. Monson, “Mga Tahananang Banal, mga Walang Hanggang Pamilya,” *Liahona*, Hunyo 2006, 66–71; Spencer W. Kimball, “Home: The Place to Save Society,” *Ensign*, Ene. 1975, 3–10.

*Kailangan ang mga kabutihang itinuro noon sa tahanan ng mga pioneer—pananampalataya, lakas ng loob, disiplina, at dedikasyon—upang maging matagumpay ang pagsasama ng mag-asawa.*



*Kung paano pinamulaklak ng mga pioneer ang disyerto na tulad sa isang rosas, gaganda rin ang ating buhay at mga pamilya kung susundan natin ang kanilang halimbawa.*



PAG-UNAWA  
SA ATING  
**mga Tipan**  
SA  
**Diyos**

BUOD NG ATING  
PINAKAMAHAHALAGANG  
PANGAKO



“**B**ilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw,” pagpapaliwanag ni Pangulong Thomas S. Monson, “ang mga banal na tipan ay dapat nating igalang, at ang katapatan sa mga ito ay kailangan para sa ating kaligayahan. Oo, ang tinutukoy ko ay ang tipan ng binyag, ang tipan ng priesthood, at ang tipan ng kasal bilang mga halimbawa.”<sup>1</sup>

Sa Simbahan, ang ordenansa ay isang sagrado at pormal na gawaing isinasagawa sa pamamagitan ng awtoridad ng priesthood. Ang ilang ordenansa ay mahalaga sa ating kaligtasan. Bilang bahagi nitong “nakapagliligtas na mga ordenansa,” pumapasok tayo sa mga sagragong pakikipag-tipan sa Diyos.<sup>2</sup>

Ang isang tipan ay pangako ng dalawang panig, na ang mga kundisyon ay Diyos ang nagtatakda.<sup>3</sup> Kapag nakikipagtipan tayo sa Diyos, nangangako tayong susunod sa mga kundisyong iyon. Nangangako naman Siya ng ilang pagpapala bilang kapalit nito.

Kapag tinanggap natin ang mga nakapagliligtas na

ordenansang ito at tinupad ang mga tipan na kalakip nito, nagkakaroon ng bisa sa buhay natin ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo, at matatanggap natin ang pinakamalaking pagpapala na maibibigaysa atin ng Diyos ang—buhay na walang hanggan (tingnan sa D at T 14:7).

Dahil ang pagtupad sa ating mga tipan ay mahalaga sa ating kaligayahan ngayon at kalaunan sa pagtanggap natin ng buhay na walang hanggan, mahalagang maunawaan kung ano ang ipinangako natin sa ating Ama sa Langit. Ang sumusunod ay buod ng mga tipan na ginagawa natin kalakip ng nakapagliligtas na mga ordenansa at mga mungkahi kung saan marami pa kayong matututuhan.

#### **Binyag at Kumpirmasyon**

Ang pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig, na isinagawa ng isang taong may awtoridad, ang unang nakapagliligtas na ordenansa ng ebanghelyo at kailangan ng isang tao para maging miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Hindi maihihiwalay sa binyag ang kasama nitong

ordenansa ng kumpirmasyon—ang pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo.

Kapag nabinyagan tayo, nakikipagtipan tayong tataglayin sa ating sarili ang pangalan ni Jesucristo, na lagi Siyang aalalahanin, at susundin ang Kanyang mga kautusan. Nangangako rin tayong “paglilingkuran siya hanggang wakas” (D at T 20:37; tingnan din sa Mosias 18:8–10).

Bilang kapalit, nangangako ang Ama sa Langit na kapag pinagsisihan natin ang ating mga kasalanan, maaari tayong mapatawad (tingnan sa Alma 7:14) at “sa tuwina ay mapa[pasaatin] ang Kanyang Espiritu” (D at T 20:77), isang pangakong naging posible, kahit paano, sa pamamagitan ng pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo.

Ang mga ordenansa ng binyag at kumpirmasyon ang pintuang kailangang pasukan ng lahat ng naghahangad ng buhay na walang hanggan (tingnan sa Juan 3:3–5). Ang paggalang sa ating mga tipan sa binyag ay humahantong sa at isang mahalagang bahagi ng paggawa ng mga tipang may kaugnayan sa lahat ng iba pang nakapagliligtas na mga ordenansa sa landas tungo sa buhay na walang hanggan (tingnan sa 2 Nephi 31:17–21).

#### ALAMIN ANG IBA PA TUNGKOL SA BINYAG

*Tingnan sa Robert D. Hales, “Ang Tipan ng Pagbibinyag: Ang Maging Nasa Kaharian at para sa Kaharian,” Liahona, Ene. 2001, 6.*

### Ang Sakramento

Ang mga nakatanggap sa nakapagliligtas na mga ordenansa ng binyag at kumpirmasyon ay nakikibahagi sa sakramento bawat linggo upang panibaguin ang mga tipang iyon. Habang nakikibahagi ng tinapay at tubig, naaalala natin ang sakripisyong ginawa ng Tagapagligtas para sa atin. Bukod dito, iniisip nating mabuti ang mga tipan na ginawa natin na tataglayin sa ating sarili ang pangalan ni Jesucristo, na lagi Siyang aalalahanin, at susundin ang Kanyang mga kautusan.



*Ang isang tipan ay pangako ng dalawang panig. Nangangako ang Diyos sa atin ng mga pagpapala bilang kapalit ng pagtupad natin sa tinanggap nating kasunduan sa pakikipagtipan.*

Bilang kapalit, nangangako ang Diyos na maaaring mapasaatin ang Kanyang Espiritu sa tuwina (tingnan sa D at T 20:77, 79).

Ang ordenansa ng sakramento ay isang pagkakataon bawat linggo para panibaguin ang mga sagradong tipang nagpapahintulot sa atin na makibahagi sa nagbabayad-salang biyaya ng Tagapagligtas na espirituwal na nakalilinis na tulad ng binyag at kumpirmasyon.

Itinuro din ng mga lider ng Simbahan na kapag nakikibahagi tayo ng sakramento, hindi lamang tayo nagpapanibago ng ating mga tipan sa binyag kundi ng “lahat ng ating mga pakikipagtipan sa Panginoon.”<sup>4</sup>

#### DAGDAGAN ANG NALALAMAN TUNGKOL SA SAKRAMENT

*Tingnan sa Dallin H. Oaks, “Ang Sakrament Miting at ang Sakrament,” Liahona, Nob. 2008, 17.*

### Ang Sumpa at Tipan ng Priesthood

Sumusumpa (nagbibigay-garantiya) ang Ama sa Langit na magkakaloob Siya ng mga pagpapala sa mga tumutupad sa mga tipang nauugnay sa pagtanggap ng priesthood.

Kapag ang mga lalaki ay namumuhay nang marapat upang makamtan ang Aaronic at Melchizedek Priesthood at “[ginagampanang mabuti] ang kanilang tungkulin,” nangangako ang Diyos na sila ay “pababalanin sa pamamagitan ng Espiritu para sa pagpapanibago ng kanilang mga katawan.” Sila ay nagiging mga tagapagmana ng mga pangakong ginawa kina Moises, Aaron, at Abraham. (Tingnan sa D at T 84:33–34.)

Ang pagkakaroon ng Melchizedek Priesthood ay kailangan ng kalalakihan upang makapasok sa templo. Doon ay maaaring magkasamang matanggap ng kalalakihan at kababaihan ang kabuuan ng mga pagpapala ng priesthood sa kasal.

Sa pagtanggap ng lahat ng nakapagliligtas na ordenansa ng priesthood,

## PAGSAGOT SA MGA TANONG

**M**aaaring magtaka kayo o ang isang taong nakakausap ninyo, “Bakit hindi bukas sa publiko ang mga templo?” Ang mga templo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay hindi ginagamit sa pagsamba tuwing Linggo, kung saan lahat ng tao ay maaaring dumalo.

Sagradong mga ordenansa ang isinasagawa sa loob ng mga templo, kaya’t ang mga templo ay bukas lamang sa mga nabinyagang miyembro na karapat-dapat tumanggap sa mga ordenansang iyon.

Pagkatapos maitayo ang isang bagong templo, maaari itong libutin ng publiko sa isang open house. Pagkatapos ilaan ang templo sa Panginoon, maaaring bumisita ang mga tao sa bakuran, ngunit ang templo ay bukas para lamang sa mga mayroong balidong temple recommend.

Para sa iba pang impormasyon, tingnan sa “Temples” sa ilalim ng Frequently Asked Questions sa Mormon.org.

matatanggap ng lahat ng tao ang pangako tungkol sa “lahat ng mayroon [ang] Ama” (tingnan sa D at T 84:35–38).

“Pambihirang mga pagpapala ang dumadaloy mula sa sumpa at tipang ito sa karapat-dapat na kalalakihan, kababaihan, at mga bata sa buong mundo,” pagtuturo ni Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol.<sup>5</sup>

### DAGDAGAN ANG NALALAMAN TUNGKOL SA SUMPA AT TIPAN NG PRIESTHOOD

*Tingnan sa Henry B. Eyring, “Pananampalataya at ang Sumpa at Tipan ng Priesthood,” Liahona, Mayo 2008, 61.*

### Ang Endowment

Ang endowment sa templo ay isang kaloob na nagbibigay ng pananaw at kapangyarihan.

Sa endowment sa templo tumatanggap tayo ng mga tagubilin at gumagawa ng mga tipan na may kaugnayan sa ating walang hanggang kadakilaan. Kaugnay ng endowment ang mga ordenansa ng paghuhugas at pagpapahid ng langis at pagsusuot ng mga temple garment bilang paalaala sa mga sagradong tipan.<sup>6</sup> Ang mga ordenansa at tipan sa templo ay napakasagrado kaya hindi ito pinag-uusapan nang detalyado sa labas ng templo. Dahil diyan, ipinayo ni Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Mahalaga na makinig kayong mabuti habang isinasagawa ang mga ordenansang ito at subukan ninyong tandaan ang mga pagpapalang ipinangako at ang mga kundisyon kung paano matutupad ang mga ito.”<sup>7</sup>

Itinuro sa atin ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol na ang susi sa pagtanggap ng banal na kapangyarihan upang malampasan ang oposisyon at maisulong ang Simbahan “ay ang tipan na ginagawa natin sa loob ng templo—ang pangako nating sumunod at magsakripisyo, na ibigay ang lahat sa Ama, at ang Kanyang pangako na bibigyan tayo ng ‘dakilang kaloob.’”<sup>8</sup>

Marami pa kayong matututuhan tungkol sa mga alituntunin sa likod ng mga tipang

ginagawa natin sa endowment sa pamamagitan ng pag-aaral sa mga sumusunod:

- “Pagsunod,” *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (2009), 237–244.
- M. Russell Ballard, “Ang Batas ng Pagsasakripisyo,” *Liahona*, Mar. 2002, 10.
- Tungkol sa “batas [ng] ebanghelyo” (D at T 104:18), tingnan sa Doktrina at mga Tipan 42.
- “Ang Batas ng Kalinisang-Puri,” *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (2009), 267–76.
- D. Todd Christofferson, “Larawan ng Isang Buhay na Inilaan,” *Liahona*, Nob. 2010, 16.

### DAGDAGAN ANG NALALAMAN TUNGKOL SA ENDOWMENT

*Tingnan sa Paghahanda sa Pagpasok sa Banal na Templo* (2002), 28–35; David A. Bednar, “Marangal na Humawak ng Pangalan at Katayuan,” *Liahona*, Mayo 2009, 97.

### Ang Pagbubuklod

Ang ordenansa sa templo na tinutukoy na “kasal sa templo” o “pagkakabuklod” ay lumilikha ng walang hanggang pagsasama ng mag-asawa na maaaring magtagal hanggang sa kabilang-buhay kung tapat ang mag-asawa sa isa’t isa. Ang ugnayan ng magulang at anak ay maaari ding magpatuloy hanggang sa kabilang-buhay, na nag-uugnay sa mga henerasyon sa walang-hanggang pagsasama ng mga pamilya.

Kapag pumasok ang isang tao sa tipan ng kasal sa loob ng templo, siya ay nakikipagtipan kapwa sa Diyos at sa kanyang asawa. Nangangako ang mag-asawa na magiging tapat sila sa isa’t isa at sa Diyos. Sila ay pinapangakuan ng kadakilaan at maaaring magpatuloy ang kanilang ugnayan sa pamilya hanggang sa kawalang-hanggan (tingnan sa D at T 132:19–20). Ang mga anak na isinilang sa isang mag-asawa na nabuklod sa templo o ang mga anak na kalaunan ay ibinuklod sa kanilang mga magulang ay may karapatang maging bahagi ng isang walang hanggang pamilya.

Tulad sa iba pang mga ordenansa, ang indibiduwal na katapatan sa ating mga tipan ay kailangan upang ang ordenansang ginawa sa lupa ay mabuklod, o magkaroon ng bisa, sa





langit sa pamamagitan ng Banal na Espiritu ng Pangako.<sup>9</sup> Ang mga indibiduwal na tumutupad sa kanilang mga tipan—kahit hindi tumutupad sa tipan ang kanilang asawa—ay hindi pagkakaitan ng ipinangakong mga pagpapala sa pagbubuklod.

#### DAGDAGAN ANG NALALAMAN TUNGKOL SA PAGBUBUKLOD

*Tingnan sa Russell M. Nelson, “Mga Henerasyong Nabigkis ng Pagmamahal,” Liahona, Mayo 2010, 91.*

#### Paggawa at Pagtupad ng Sagradong mga Tipan

Sa pagpasok natin sa mahahalagang tipan na ito, tayo ay nagiging kabahagi ng bago at walang hanggang tipan, “maging ang kabuuan ng [ebanghelyo ni Jesucristo]” (D at T 66:2). Ang bago at walang hanggang tipan ay “ang kabuuan ng lahat ng tipan at obligasyon sa ebanghelyo” na ating ginawa,<sup>10</sup> at ang buong mga pagpapala ay ang lahat ng mayroon ang Ama, kabilang na ang buhay na walang hanggan.

Sa pagsisikap nating unawain at tuparin ang ating mga tipan, dapat nating tandaan na ang pagtupad ng ating mga tipan ay hindi lamang listahan ng mga bagay na gagawin kundi isang taimtim na pangako na *maging katulad ng Tagapagligtas*.

“Ang Huling Paghuhukom ay hindi lamang pagsusuri ng lahat-lahat ng mabubuti at masasamang gawa—na ating *ginawa*,” pagtuturo ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng



*Ang pagtupad sa ating mga tipan ay taimtim na pangakong maging katulad ng Tagapagligtas.*

Labindalawang Apostol. “Ito ay pagkilala sa huling epekto ng mga pag-iisip at gawa natin—kung ano ang ating *kinahinatnan*. Hindi sapat para sa sinuman na basta gumawa lang. Ang mga kautusan, ordenansa, at tipan ng ebanghelyo ay hindi parang listahan ng mga depositong kailangang ilagak sa bangko upang magkamit ng gantimpala sa huli. Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay isang plano na nagpapakita kung paano tayo magiging tulad ng ninanais ng ating Ama sa Langit na kahinatnan natin.”<sup>11</sup> ■

#### MGA TALA

1. Thomas S. Monson, “Happiness—the Universal Quest,” *Liahona*, Mar. 1996, 5.
2. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 20.1.
3. Tingnan sa Russell M. Nelson, “Mga Tipan,” *Liahona*, Nob. 2011, 86.
4. Delbert L. Stapley, sa Conference Report, Okt. 1965, 14; tingnan din sa *Teachings of Gordon B. Hinckley* (1997), 561; *The Teachings of Spencer W. Kimball*, ed. Edward L. Kimball (1982), 220.
5. Russell M. Nelson, “Mga Tipan,” *Liahona*, Nob. 2011, 88.
6. Tingnan sa Russell M. Nelson, “Paghahanda para sa mga Pagpapala ng Templo,” *Liahona*, Okt. 2010, 46.
7. Boyd K. Packer, “Pumunta sa Templo,” *Liahona*, Okt. 2007, 16.
8. Jeffrey R. Holland, “Pagtupad ng mga Tipan: Isang Mensahe para sa mga Magmimisyon,” *Liahona*, Ene. 2012, 50; *New Era*, Ene. 2012, 4.
9. Tingnan sa “Espiritu Santo,” *Tapat sa Pananam-palataya* (2004), 26; tingnan din sa D at T 132:7, 18–19, 26.
10. Joseph Fielding Smith, *Doctrines of Salvation*, inedit ni Bruce R. McConkie, 3 aklat. (1954–56), 1:156.
11. Dallin H. Oaks, “Ang Paghamon na Magkaroon ng Kahihinatan,” *Liahona*, Ene. 2001, 40.

PUBLIC AFFAIRS:

# Pinag-uugnay ang Simbahan at Komunidad

*Sa pakikipagtulungan ng mga lider ng priesthood sa mga stake at district public affairs council, makatutulong silang lahat na patatagin ang kanilang mga komunidad—at itayo ang kahirian ng Diyos sa lupa.*







PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER

## Ni Philip M. Volmar

Mga Magasin ng Simbahan

**N**ang tawaging maglingkod si Carol Witt Christensen bilang public affairs director para sa Topeka Kansas Stake, nakaramdam siya ng “takot at kakulangan” sa pakikipag-ugnayan sa mga news reporter at editor sa ngalan ng mga lider ng stake.

“Medyo kabado ako kapag naiisip ko ang unang pakiki-harap ko sa mga mamamahayag,” paggunita niya. At kahit Ingles ang major niya sa kolehiyo, sinasabi niya na “wala siyang anumang alam tungkol sa pagsulat ng mga pahayag at artikulong ilalabas sa media.”

Sa kabila ng pagdududa sa kanyang sarili, nagpasiya si Sister Christensen na umasa sa kanyang patotoo, sa nalalaman niya sa kanyang komunidad, at sa paniniwala na ang kanyang tungkulin ay nagmula sa inspiradong mga lider ng priesthood. Ayon sa kanya, nagsimula siya sa pagbibigay ng training sa Public Affairs Department at nagsimulang “matuto ng kanyang tungkulin, at kumilos sa katungkulang itinalaga sa kanya, nang buong sigasig” (D at T 107:99).

Sinimulan niyang basahing mabuti ang lingguhang ulat ukol sa relihiyon sa pahayagan sa kanilang lugar upang malaman kung ano ang nararapat ipahayag. Tinawagan niya ang manunulat ukol sa relihiyon para malaman ang takdang petsa ng pagsusumite bago isumite ang unang artikulong ilalabas niya sa media.

“Napansin ko ang nakalimbag na mga mumunting balita at nagsimula akong pag-ukulan ng pansin sa simbahan ang mga aktibidad, kawili-wiling mga tao, at mga nagawa na tila angkop ibalita sa aming pahayagan,” paggunita niya.

Sa paglipas ng panahon, nalaman ni Sister Christensen na ang pakikitungo sa media ay hindi lamang pagbabahagi ng mga kuwento. Ito ay pag-alam din tungkol sa media at pagtulong sa mga reporter na gawin ang kanilang trabaho habang tinutulungan din silang maunawaan ang Simbahan.

Makaraan ang ilang tagumpay, kabilang na ang isang artikulo tungkol sa seminary program ng kanyang stake na lumitaw sa lokal na pahayagan, sinabi niya na nagkaroon siya ng tiwala at “matinding hangarin na ilabas ang Simbahan ‘mula sa pagkakatago’” (tingnan sa D at T 1:30). Ngayon, makalipas ang maraming taon, naglilingkod pa rin si Sister Christensen bilang public affairs director ng kanyang stake at sinasabing “nagniningas pa rin ang matinding hangaring iyon.”



“Karamihan sa nais naming gawin sa public affairs,” paliwanag niya, “ay nagpapakita na minamahal, pinaniniwalaan, at sinasamba natin si Jesucristo; kinakaibigan, tinutulungan, at pinaglilingkuran natin ang ating mga kapatid sa komunidad; at tinutulungan natin ang mga tao na magkaroon ng mas magandang opinyon tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo at sa Simbahan.”

Ginagabayan at hinihikayat ng mga lider ng priesthood sa iba’t ibang panig ng mundo ang mga public affairs specialist at mga council habang kasa-kasama nila sa gawain ang mga ito sa kani-kanilang lugar upang maging kapaki-pakinabang sa kanilang mga komunidad, maitama ang mga maling pagkaunawa, at ipakita na ang mga miyembro ng Simbahan ay sumusunod kay Jesucristo.

Bagaman ang mga unang pagsisikap ni Sister Christensen ay nakatuon sa pakikipag-ugnayan sa media, maraming paraan ang pagsunod ng mga public affairs council ng Simbahan sa inspiradong pamamahala ng priesthood habang tumutulong din sa pagtatayo ng kanilang mga komunidad at ng kahirian ng Diyos.

### **Pakikipag-ugnayan sa Komunidad at Pamahalaan**

Mga 65 milya (105 km) lamang mula sa Topeka, sa Lenexa Kansas Stake, sina President Bruce F. Priday, stake president, at Sister Carol Deshler, stake public affairs director, ay nagtutulungan sa pagbuo ng magandang pakikipag-ugnayan sa maimpluwensyang mga miyembro ng kanilang komunidad. Nais nilang tulungan sila na makilala ang mga Banal sa mga Huling Araw bilang “mababait na kapitbahay, mabuting impluwensya sa komunidad, at mga alagad ni Jesucristo,” sabi ni President Priday.

Si Sister Deshler, na nakikipagtulungan sa stake presidency at sa iba pang mga miyembro ng public affairs council ng stake, ay naghahanap ng mga pagkakataong makatutuwang ang mga grupo ng ibang relihiyon at mga organisasyon sa komunidad upang higit pang mapaglingkuran ang mga mamamayan sa kanilang lugar.

“Halos lahat ng aming tagumpay sa

pakikipagtulungan sa mga grupo sa komunidad ay bunga ng personal na pakikipag-ugnayan namin sa isa’t isa,” sabi ni Sister Deshler. Halimbawa, magkasamang nananghali ang isang miyembro ng ibang simbahan at isang miyembro ng kanyang stake at pinag-usapan nila kung paano magkakatulungan ang dalawang grupo sa paggawa ng mabuti para sa komunidad. Ang pag-uusap ay nauwi sa anim na tao—tatlo mula sa bawat simbahan—na bumuo sa “Better Together” committee upang magpalitan ng mga ideya para sa pagtutuwang.

Ang pagtutuwang na iyon ay nauwi sa isang benefit concert noong 2010 kung saan lumahok ang mga koro mula sa ilang simbahan. Ang kailangan para makapasok ay magbigay ng isang bag ng mga groseri, na napunta sa isang paminggalan ng pagkain sa lugar para sa mahihirap. Mga 700 katao mula sa komunidad ang dumalo sa pagtatanghal, na ginanap sa bagong gawang stake center. Nagkaroon ng salu-salo para magkasama-sama ang mga lider ng relihiyon bago idinaos ang concert.

Pagkatapos ng concert, hiniling ng apat pang simbahan, dalawang miyembro ng city council, at ng hepe ng pulisya na makasama sila sa Better Together committee, na ngayon ay buwanang nagpupulong. Inulit ang concert noong 2011, sa pagkakataong iyon ay ibang simbahan naman ang naging punong-abala, pitong simbahan sa kabuuan ang nakilahok, at tinatayang 1,000 miyembro ng komunidad ang dumalo.

“Ang kapatiran at pagkakaisa bilang mga alagad ni Jesucristo ay damang-dama sa mga simbahan,” sabi ni Sister Deshler. Dama pa rin iyon kalaunan nang si President Priday ay nasa isang paliparang mahigit 1,000 milya (1,600 km) ang layo mula sa kanyang tahanan. Isang babaeng hindi niya kilala ang lumapit sa kanya at nakilala siya ng babae mula sa mga Better Together benefit concert, na sinalihan nito at talagang humanga siya rito.

Sinabi sa kanya ng babae, “Noon ko lang nadama ang pagmamahalan sa ating komunidad dahil sa mga pagtitipong ito. Salamat po at isa kayo sa mga tagapagtaguyod ng mga concert na ito. Ako po ay miyembro ng ibang kongregasyon, ngunit napakalaki ng aming paggalang at paghanga sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.”



*Sa loob ng dalawang taon nakipagtuwang ang Lenexa Kansas Stake sa Estados Unidos sa iba pang mga simbahan sa lugar para magdaos ng isang benefit concert. Ang kailangan para makapasok—isang bag ng mga groseri—ay ibinigay sa isang paminggalan ng pagkain sa lugar para sa mahihirap. Noong 2011, tinatayang 1,000 mamamayan ng komunidad ang dumalo, kabilang na ang ilang pinuno ng simbahan at pamahalaan.*



“Iyan,” sabi ni President Priday, “ang layunin ng public affairs. Sa pagsisikap nating humanap ng mga paraan upang makamit ang ating mga mithiin, nagkaroon tayo ng maraming espesyal na mga kaibigan sa iba’t ibang komunidad. May respeto tayo sa mga paniniwala ng bawat isa at tunay ang pagmamahal natin sa isa’t isa.”

Ang pagkakaroon ng gayong kooperasyon at paggalang mula sa mga lider ng komunidad ay naging epektibo rin sa Eastern Europe. Si Katia Serdyuk, director ng media relations para sa public affairs council sa Ukraine, ay tumutulong sa mga public affairs missionary at lokal na lider ng priesthood upang pagandahin pa ang ugna-yan sa pagitan ng Simbahan at ng komunidad. “Maraming taong mali ang palagay at impormasyon tungkol sa Simbahan,” sabi ni Sister Serdyuk. “Bilang mga public affairs specialist na tumutulong sa mga lider ng priesthood, sinisikap naming baguhin ang mga pananaw na iyon sa pakikipagtulungan sa maimpluwensyang mga lider, sa media, at sa lahat ng tao. Ang matagumpay na pagsisikap sa public affairs ay nakalilikha ng kapaligiran kung saan matutulungan ng maimpluwensyang mga tao ang Simbahan na makamit ang mga layunin nito habang tinutulungan din natin silang makamit ang kanilang mga mithiin.”

Sa Zhytomyr, Ukraine, nakilahok ang mga miyembro ng Simbahan sa isang salu-salong pinangunahan ng meyor ng lungsod na si Olexander Mikolayovich Bochkovskiy, upang kilalanin ang mga humanitarian project ng Simbahan na naglaan ng mga kagamitang kailangang-kailangan ng pitong paaralan sa iba’t ibang panig ng lungsod. Kinilala rin ang paglilingkod ng mga miyembro ng Simbahan sa Gagarin Park ng lungsod, na isinagawa noong Abril at Oktubre 2011. Ang pangulo ng Zhytomyr Branch na si Alexander Davydov ang kumatawan sa Simbahan at tumanggap sa pasasalamat ng lungsod.

### **Pagpapalano ng Pagtitipon**

Bukod sa pakikipag-ugnayan sa media at komunidad, isa pang oportunidad sa public affairs ang nagmumula sa pagpapalano at pagiging punong-abala sa mga pagtitipon, sabi nina Daniel at Rebecca Mehr, na katatapos lang maglingkod sa public affairs mission sa Caribbean Area.

“Ang pag-anyaya sa mga miyembro na turuan ang kanilang mga kaibigan sa pamamagitan ng mga karaniwang aktibidad, gaya ng isang cultural event, salu-salo, isang proyektong pang-serbisyo, o iba pang mga aktibidad, ay talagang epektibo sa pagbubuo ng pagsasamahan,” sabi ni Sister Mehr.

Gayunman, nagbabala si Brother Mehr na ang isa sa



### **ISANG MENSAHE SA MGA LIDER NG PRIESTHOOD**

“Hinihikayat namin ang mga stake at district president at mga Area Seventy sa lahat ng dako na tiyakin na ang mga stake at multistake public affairs council ay tinatawag at binibigyan ng training.

Sa ilang district at umuunlad na mga lugar ng Simbahan, ang mga gawain ng public affairs ay maaaring maliit sa simula at ipinatutupad nang walang ganap na organisadong council. Maaaring asikasuhin ng inyong area director of public affairs ang pagbibigay ng training at ituro sa inyo ang mahahalagang mapagkukunan.

“Matutuklasan ninyo kung paano maaaring maging magandang kasangkapan ang gawain ng public affairs para makamit ang mga mithiin ng priesthood habang nagbubuo kayo ng pakikipag-ugnayan at nakikipagtuwang sa mga lider ng komunidad, sa news media, at sa iba pang maimpluwensyang mga lider. Ang pagtuon ninyo sa gawaing ito ay lalong magpapabuti sa reputasyon ng Simbahan sa pamamagitan ng pagpapaunawa sa mga tao na sumusunod tayo kay Jesucristo.”

**Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol, Chairman ng Public Affairs Committee**

mga pinakamalaking pagkakamaling magagawa ng mga public affairs specialist ay ang “simulang magplano ng mga aktibidad nang hindi iniisip ang mga pangangailangan ng komunidad at hindi sumasangguni sa mga lider ng priesthood.”

Naniniwala sina Elder at Sister Mehr na ang isang taunang plano na nagpapakita ng mga mithiin at tagubilin ng mga lider ng priesthood sa stake at ward ay isang paraan upang makatulong sa pagpapalano ng pagtitipon sa simula pa lang. Upang makabuo ng gayong taunang plano, inirekomenda ni Sister Mehr na makipag-ugnayan gamit ang apat na hakbang sa pagpapalano na nakatuon sa layong makamtan at nakatuon sa mga pangangailangan ng komunidad at mga mithiin ng lokal na priesthood:

- Ano ang pinakamalalaking pangangailangan ng ating komunidad?
- Anong mga usapin sa ating lugar ang nakakaapekto sa pag-unlad ng Simbahan, sa mabuti o sa masamang paraan?
- Sino ang mga lider sa komunidad na maaari nating makatuwang sa pagtugon sa mga pangangailangan at paglutas sa mga usapin?
- Paano natin mapapasimulan o maitutuloy ang pakikipag-ugnayan sa mga lider na ito?

Kapag nasagot ang mga tanong na ito, maiiwasan ng mga lider ng priesthood at public affairs council ang paglikha ng “mga aktibidad para lang may magawa,” sabi ni Sister Mehr. Sa halip ay makapagpapalano ang mga council at maisasagawa ang mga pagtitipon na maaaring pagmulan ng tiwala sa pagitan ng mga lider ng komunidad at ng priesthood. Ang mga kaganapang ito ay nagbibigay rin ng pagkakataon sa mga miyembro ng Simbahan at mga miyembro ng komunidad na magkasama-sama at maging magkakaibigan.

Halimbawa sa Dominican Republic noong 2010, ang mga lider ng priesthood, public affairs council, at mga miyembro ng komunidad ay nagtulong-tulong sa pagtitipong nagtamtamok sa mga ginagawa ng Mormon Helping Hands. Inanyayahan nina Brother at Sister Mehr ang ilang lider ng bansa na nakasama nila sa pagtatrabaho.

“Maraming dumalong kilalang mga tao na kumatawan sa maraming institusyon at organisasyon,” paggunita ni Brother Mehr, na sinabing dumating din ang Area Presidency ng Simbahan.

“Talagang tagumpay ang pagtitipon,” pag-uulat niya. “Lalo pang dumarami ang mga meyor at organisasyon sa lungsod na nagpapatulong sa amin sa paglilinis. Bukod dito, nagkaroon ng mas magandang opinyon ang maraming organisasyon tungkol sa Simbahan.”

Bagaman mahalaga ang pamamahala ng priesthood para maging matagumpay ang pagpapalano ng kaganapan, hindi lamang ito ang dapat isaalang-alang. Si Kathy Marler ay naglilingkod sa isang multistake public affairs council sa San Diego, California, USA. Sinabi ng isa sa mga kaibigan niyang miyembro ng ibang relihiyon na mahusay ang mga Banal sa mga Huling Araw sa pag-aanyaya sa iba sa mga aktibidad na inisponsor ng Simbahan ngunit kadasalan ay hindi sila nakikipag-ugnayan sa iba sa mga pagtitipon ng ibang mga simbahan.

Naalala ni Sister Marler na sinabi ng kanyang kaibigan na, “Niyayaya lang ninyong sumama ang iba. Mas maganda kung tanungin ninyo kami kung kailangan namin ng tulong. Matunog na oo ang magiging sagot.”

Sa pag-alam sa mga pangangailangan ng iba, sabi ni Sister Marler, kung minsan daw ay mas nakatutulong ang mga public affairs council kaysa kung sila mismo ang magpapasimuno sa mga pagtitipon.

### **Komunikasyon at Pamamahala Kapag may Krisis**

Bagaman ang trabaho ng public affairs ay nangyayari sa araw-araw na mga sitwasyon sa buhay sa komunidad, maaari din nitong tulungang maghanda ang isang lugar sa stake, bansa, o Simbahan sa pagtugon sa oras ng emergency, tulad ng nangyari noong isang taon sa Japan.

Noong si Bishop Gary E. Stenvenson, Presiding Bishop, ang Pangulo ng Asia North Area, nakita niya mismo kung paano dagliang binago ng lindol noong 2011 ang pananaw ng media. “Dahil sa lindol at tsunami natuon ang pansin ng daigdig at ng buong Japan sa nasalantang hilagang-silangang baybayin ng bansa,” paggunita niya.

Sinabi ni Bishop Stevenson na ang matinding pinsala ay lumikha ng “matinding interes” sa humanitarian aid at mga boluntaryong serbisyo na inalok sa Japan, kabilang na ang mga ibinigay ng Simbahan.

Nang magkaroon ng tsunami, nagsimulang magbigay ang Simbahan ng mga pangunahing kailangan sa nasalantang mga miyembro at di-miyembro ng Simbahan. “Sinimulang subaybayan ng lokal at internasyonal na media ang bawat kuwento,” sabi ni Bishop Stevenson.

Sa pagbibigay ng Simbahan ng mahigit 250 toneladang tulong na suplay at sa pagtulong ng mahigit 24,000 boluntaryo na nakapagbigay ng mahigit 180,000 oras ng paglilingkod, ang pagbibigay ng tulong ay madalas mapansin ng mga lokal na lider ng pamahalaan, pagsasalaysay na muli ni Bishop Stevenson. Sa isang bansa kung saan wala pang dalawang porsiyento ng populasyon ang mga Kristiyano, nais malaman ng ilan sa mga lider na iyon ang papel ng Simbahan sa mga pagtulong na ginawa. Ang pag-uusisa, sabi niya, ay nagbigay ng pagkakataon sa mga public affairs specialist hindi lamang para tulungan ang mga lubhang



***Kasunod ng lindol noong 2011 sa Japan, tumulong ang mga lider ng priesthood sa mga public affairs specialist upang pakilusin ang pagbibigay ng tulong sa pamamagitan ng programang Mormon Helping Hands. Tungkol sa mga humanitarian effort na ito, isinulat ng isang reporter: “Ang tanging pumapanatay sa kakayahan ng simbhang Mormon na ipalaganap ang salita ay ang kakayahan nitong tumulong sa mga oras ng emergency.”***





nangangailangan kundi para magkaroon din ng unawaan. Halimbawa, isang linggo matapos salantain ng tsunami ang Japan, isinulat ng isang reporter: “Ang tanging pumapantay sa kakayahan ng simbahang Mormon na ipalaganap ang salita ay ang kakayahan nitong tumulong sa mga oras ng emergency. . . . Ang simbahan ay hindi lamang nakatuon sa sarili nitong kawan.”<sup>1</sup>

Nangyari ang positibong artikulong ito dahil sa maraming taon ng pagbubuo ng mabubuting pakikipag-ugnayan. Sinabi nina Conan at Cindy Grames, na nagsimulang maglingkod bilang mga kinatawan ng public affairs sa Asia North Area noong Agosto 2010, na “matagal nang nakikipagtulungan ang public affairs council sa Japan sa matataas na lider ng pamahalaan sa iba’t ibang panig ng bansa. Ang mga pagkakaibigang ito ang nagbukas ng pintuan sa mga lokal na ahensya, na handang tumanggap noon ng ating tulong.” Binigyang-diin ni Elder Yasuo Niiyama, na naglilingkod kasama ang kanyang asawa bilang director ng public affairs council ng Simbahan sa Japan, na “maging ang mga lider ng pambansang pamahalaan ng Japan ay nabatid kung gaano kaepektibo ang Simbahan at gaano tayo kabilis sa pagpapadala ng tulong.”

Ang isang pagkakataon na pinasalamatan ng mga lider ng Japan ang napapanahong tulong ng Simbahan ay nang matunton ng mga lokal na lider ng priesthood ang isang kanlungang puno ng mga taong nasalanta na nasa isang paaralan sa isang liblib na lugar. Katuwang ang public affairs council at ang welfare manager ng Simbahan sa lugar, inasikaso ng mga lider ng priesthood ang pagkain at iba pang mga relief supply upang maihatid sa kanlungang iyon, na kumanlong sa tinatayang 270 biktima ng tsunami na nawalan ng tahanan.

Kahit nagulat sa simula ang mga nasa kanlungang iyon na makatanggap ng tulong mula sa isang simbahang Kristiyano, pagdating ng mga Mormon Helping Hands volunteer sa ikalawang pagkakataon, suot ang kanilang dilaw na tsaleko, isang bata ang sumigaw ng, “Heto na sila! Ano naman kaya ang dala nila ngayon!”

Pagkatapos matanggap ang mga donasyon,

sinabi ng shelter coordinator kina Elder at Sister Grames, “Ang simbahan ninyo ang nagdala sa amin ng unang pagkain at mga sariwang gulay pagkatapos ng lindol.”

“Ang sarap sa pakiramdam,” sabi ni Sister Grames, “na talagang makatulong hindi lamang sa kanlungan kundi maging sa mga lider ng priesthood na nagsisikap na mabuti na matulungan ang mga nangangailangan.”

Ipinaliwanag ni Elder Niiyama ang isa pang magandang resulta ng mga ginagawa ng council: “Natuklasan namin na ang pagbabahagi ng impormasyon tungkol sa pagkawanggawa ng Simbahan sa mga miyembro gayundin sa maimpluwensyang mga lider ay napakahalaga sa mga mithiin ng ating public affairs. Dama ko na mas maganda na ngayon ang tingin ng mga taong di-miyembro sa Simbahan at mas tiwala na ang mga miyembro sa katatagan ng Simbahan sa Japan.”

### Public Affairs Bilang Kasangkapan ng Pamunuan ng Lokal na Priesthood

Bilang mahalagang bahagi ng pandaigdigang samahan, ang mga lider ng priesthood ay makikinabang sa mga public affairs council na nakaalam sa lokal na kapaligiran at nakatutulong sa pagtugon sa mga pangangailangan ng komunidad. Si Sister Serdyuk, sa Ukraine, ay nagsabing, “Nakatutuwang makita ang malugod na pagtanggap ng mga lider ng priesthood sa public affairs bilang kasangkapan sa pagkakamit ng kanilang mga mithiin sa priesthood. Isang halimbawa nito ang mga paglilingkod sa komunidad sa pamamagitan ng mga gawain ng ating Mormon Helping Hands, na nakipagkaisa sa mga miyembro ng mga branch at ward at nakatulong din na magkaroon ng mas malapit na ugnayan ang Simbahan sa mga lokal na komunidad.” ■

**Ang public affairs website ng Simbahan—na nasa wikang Ingles sa [publicaffairs.lds.org](http://publicaffairs.lds.org)—ay nag-aalok ng karagdagang impormasyon na makatutulong.**


#### TALA

1. Kari Huus, “In Japan, the Mormon Network Gathers the Flock,” World Blog mula sa NBC News, Mar. 18, 2011, [http://worldblog.msnbc.msn.com/\\_news/2011/03/18/6292170-in-japan-the-mormon-network-gathers-the-flock](http://worldblog.msnbc.msn.com/_news/2011/03/18/6292170-in-japan-the-mormon-network-gathers-the-flock).

## DIREKSYON NG PROPETA HINGGIL SA PUBLIC AFFAIRS

Matutulungan ng kasunod na mga mensahe ang mga lider ng priesthood, public affairs council, at iba pang mga miyembro na mas maunawaan kung paano tumutulong ang public affairs sa pagpapalakas ng mga komunidad at pagsasakatuparan ng mga mithiin ng priesthood.

- L. Tom Perry, “Ang Sakdal na Pag-ibig ay Nagpapalayas ng Takot,” *Liahona*, Nob. 2011, 41–44.
- M. Russell Ballard, “Ang Kahalagahan ng Pangalan,” *Liahona*, Nob. 2011, 79–82.
- M. Russell Ballard, “Pananampalataya, Pamilya, mga Katotohanan, at mga Bunga,” *Liahona*, Nob. 2007, 25–27.
- Gordon B. Hinckley, “What Are People Asking About Us?” *Ensign*, Nob. 1998, 70–72.
- Ezra Taft Benson, “May the Kingdom of God Go Forth,” *Ensign*, Mayo 1978, 32–35.



MGA PAGJALARAWAN NI CRAIG DIMOND

# Huwag Kang Susuko

*Ikinuwento ng isang mag-asawa ang kanilang pagbabalik-loob sa ebanghelyo ni Jesucristo—na 35 taon ang pagitan.*

Nina Al at Eva Fry

## Ang Kuwento ng Babae

**S**a loob ng 35 taon umasa ako at naghintay na maging miyembro ng Simbahan ang aking asawa. Ang matagal na panahong iyon ay puno ng mga taimtim na panalangin, ngunit may tatlong hindi malilimutang panalanging nagpabago sa aking karanasan.

Ikinasal kami ni Al noong 1959. Pagkaraan ng sampung taon may tatlong anak na kami at nakatira sa isang munting bayan sa Canada. May construction business si Al noon, at ako naman ay nasa bahay lang at tumutulong sa negosyo paminsan-minsan. Tuwing Sabado't Linggo, nagpa-party kami ni Al kasama ang aming mga kaibigan, at laging may inuman. Lasenggo ang tatay ko noon, kaya nainis ako na naging malaking bahagi ng buhay namin ang pag-inom ng alak, pero iyon na ang naging paraan namin sa pakikihalubilo.

Noong taong iyon, 1969, natanto kong walang patutunguhan ang aking buhay at na higit pa sa naibibigay namin ang dapat na matanggap ng aming mga anak. Isang gabi pagkatapos ng isa pang pag-iinuman, lumuhod ako at nagdasal, “Mahal na Diyos, kung nariyan po Kayo, pakitulungan po Ninyo akong baguhin ang aking buhay.” Nangako ako sa Kanya na hindi na ako muling iinom ng alak, isang tapat na pangakong iginalang ko na mula noon.

Iyon ang unang hindi malilimutang panalangin, at mabilis iyong nasagot. Ang anak na babae ng hipag ko, na pamangkin ko, ay inanyayahang dumalo sa Primary kasama ang isang kaibigang Banal sa mga Huling Araw. Habang nadaragdagan ang kaalaman ng hipag ko tungkol

sa Simbahan, nadama niya na dapat niya akong padalhan ng suskrisyon sa mga magasin ng Simbahan, na dumating sa loob ng isang buwan matapos kong bigkasin ang unang panalanging iyon. Hindi ko alam noon kung ano ang isang Mormon, ngunit nagustuhan ko ang mga mensaheng nilalaman ng mga magasin at binasa ko nang buo ang mga ito. Nagpasiya akong siyasatin ang Simbahan at doon ko natagpuan ang kasagutan. *Talagang* nagbagong-buhay ako, at nabinyagan ako noong Hunyo 19, 1970.

Hindi magkatulad ang mga hangarin namin ni Al. Gusto niya ang dati naming pamumuhay at ipinagpatuloy niya ito. Patuloy siyang naging mabuting asawa, ama, at tagatustos ng aming mga pangangailangan, ngunit nang sumunod na 35 taon, kapag ebanghelyo ang pag-uusapan, mag-isa lang ako.

Pinalalaki ko noon ang aming mga anak sa Simbahan, ngunit sa loob ng ilang taon, nagpasiya ang aming mga anak na gugulin ang kanilang mga Linggo sa pamamangka kasama ng kanilang ama sa halip na sumama sa aking magsimba. Nanlumo ako. Isang araw noong 1975 kinausap ko ang aking stake president at sinabi sa kanya na kailangan kong iwan ang Simbahan dahil winawasak nito ang aming pamilya. Matiyaga siyang nakinig at sinabi niya, “Gawin mo ang kailangan mong gawin, ngunit tiyakin mong papayag ang inyong Ama sa Langit sa gagawin mo.” Kaya’t umuwi ako at nag-ayuno at nanalangin. Iyon ang ikalawang hindi malilimutang panalangin. Ang naging sagot ay ako ang kawing na nag-uugnay sa ebanghelyo sa aking pamilya; kung sisirain ko ang kawing na iyon, lahat





## MABUHAY PARA DITO, IPAGDASAL ITO

“Sa buong buhay ninyo sa lupa, pagsumikapang hangarin ang mga pangunahing layunin ng buhay na ito sa pamamagitan ng huwarang pamilya.

Bagaman maaaring hindi pa ninyo naaabot ang mithiing iyon, gawin ang lahat ng makakaya ninyo sa pamamagitan ng pagsunod at pananalig sa Panginoon upang patuloy na mapalapit nang husto roon hangga’t kaya ninyo. Huwag ninyong hayaang hadlangan kayo ng anumang . . . Kung sa kasalukuyan, hindi kabilang dito ang pagkakabuklod [sa templo] sa isang matwid na [ka]pareha, pagsumikapang ito. Ipanalangin ito. Manalig na makakamit ninyo ito. Huwag kayong gagawa ng anumang bagay na gagawin kayong di marapat para dito. Kung naglaho sa inyo ang pagtatamo ng walang hanggang pag-aasawa, buhayin itong muli. Kung nangangailangan ng tiyaga ang inyong pangarap, ibigay ito. Bilang magkakapatid, nanalangin kami at nagsikap nang 30 taon bago naibuklod sa templo ang aking ina at amang di-miyembro. Huwag kayong masyadong mabagabag. Gawin ang inyong makakaya. Hindi natin masasabi kung makakamtan ang pagpapalang iyon sa buhay na ito o sa kabilang buhay, ngunit tutuparin ng Panginoon ang Kanyang mga pangako.”

Elder Richard G. Scott n Korum ng Labindalawang Apostol, “Unahin ang Mas Mahahalagang Bagay,” *Liahona*, Hulyo 2001, 7.

kami ay maliligaw. Alam kong galing sa Diyos ang sagot na iyon, kaya’t nangako ako na hindi ko iiwan kailanman ang Simbahan. At hindi ko nga ito iniwan.

Hindi madali ang manatiling tapat, ngunit may ilang bagay na nakatulong sa akin upang mapanatili ang aking pananampalataya at matiyagang umasa sa araw na muling isasaalang-alang ni Al ang ebanghelyo:

- Noon pa man ay mahal na mahal ko na si Al at ginawa ko ang lahat para alagaan siya at maging isa akong mapagtaguyod at tapat na asawa.
- Nagdasal ako palagi. Ang Ama sa Langit at si Jesucristo ang naging mga kasama ko sa ebanghelyo. Nang mahirapan akong pakisamahan si Al dahil hindi niya ipinamumuhay ang mga pamantayan ng ebanghelyo, nakipag-usap ako sa Ama sa Langit at nakilala ko ang aking Tagapagligtas.
- Regular kong binasa ang aking mga banal na kasulatan at bawat lathalain ng Simbahan na mahawakan ko, kabilang na ang *Ensign*. Dalawang talata sa banal na kasulatan, ang 3 Nephi 13:33 at Doktrina at mga

Tipan 75:11, ang lalong naging makahulugan at umantig sa akin. Binigyan ako nito ng lakas at tiyaga habang naghihintay sa pagbabago ng puso ng aking asawa at mga anak.

- Tapat akong nagsimbang mag-isa hanggang sa mag-balik ang bawat isa sa aming mga anak. Aktibo silang lahat ngayon. Noong malaki na sila at umalis na sa aming tahanan, patuloy akong nagsimbang mag-isa.
- Nagdaos kami ng mga family home evening nang hindi nalalaman ni Al na iyon na ang ginagawa namin. Nagbabanggit ako ng isang paksa habang kumakain kami, at iyon na ang pag-uusapan ng aming pamilya.
- Sinikap kong maging masunurin at gawin ang tama sa tuwina.
- Nagkaroon ako ng dagdag na kapangyarihan sa paghiling ng mga basbas ng priesthood.
- Humingi ako ng payo sa mga lider ng priesthood.
- Itinuring kong pamilya ang mga kaibigan ko sa Simbahan.
- Pumasok ako sa templo at tumanggap ng aking endowment. Maraming taon ang lumipas bago ko nagawa ang desisyong iyon; natakot ako na baka lalo akong mahirapang pakisamahan si Al. Sa huli, nalaman kong iyon ang pinakamainam na desisyon para sa akin. Sinuportahan iyon ni Al, naging maligaya ako dahil dito, at matapos matanggap ito, hindi ko na maidahilan si Al para hindi ako magpunta sa templo. Kapag nakikibahagi ako sa pagsamba sa templo, madalas kong ilagay ang pangalan ni Al sa prayer roll.

Sa kabuuan, patuloy akong namuhay bilang tapat na miyembro ng Simbahan. Naghanap ako ng maliliit na paraan upang maibahagi sa kanya ang ebanghelyo, kahit na karaniwan ay ayaw niyang marinig ito. Ngunit nalaman ko na bibigyang-inspirasyon ako ng Espiritu Santo na sabihin ang nararapat sabihin at ang tamang paraan at pagkakataong ibahagi ang mga ito. Nalaman ko kalaunan na dahil sa aking katapatan at pangako sa kanya, paulit-ulit na inantig ng Espiritu si Al.

Pumayag pa siyang makinig sa mga ituturo ng misyoneero sa ilang pagkakataon. Ngunit sa bawat pagkakataon, nasasaktan ako dahil lagi siyang bumabalik sa dati niyang pamumuhay. Gayunman, kahit sa nakapanghihinang mga sandaling tulad nito, binantayan ako ng Ama sa Langit at ibinigay ang hindi napasaakin sa iba pang mga pagpapala. Alam ko noon pa man na may isang bagay sa kalooban ni Al na sulit hintayin.

Unti-unting nagbago si Al. Tumigil na siya sa pagsasalita ng masama. Tumigil na siya sa pag-inom ng alak. Mas maganda na siyang makitungo sa akin kaysa rati. Nagsimula na siyang magsimba.

At patuloy akong nagdasal.

Ang pambihirang sagot sa ikatlo kong panalangin na hindi malilimutan ay dumating noong Abril 2005. Inisip ko noon kung tatanggapin nga ni Al ang ebanghelyo ni Jesucristo—medyo nawawalan na ako ng pag-asa. Nagsumamo ako sa Ama sa Langit at humingi ng tulong sa Kanya. Iyon na nga siguro ang tamang sandali dahil pag-sapit ng Hulyo 9, nabinyagan si Al.

Bagaman hindi madali ang umabot sa puntong ito, nagpapasalamat akong masaksihan ang kagila-gilalas na kapangyarihan ng Diyos na turuan ang pusong hindi naniniwala na matutong maniwala. Alam ko na dininig Niya at sinagot ang maraming panalangin ko sa loob ng mahigit 35 taon. Dahil sa Kanyang mga sagot, kapiling ko ngayon ang isang taong nagbago, isang taong nagmamahal sa ating Ama sa Langit na katulad ko. At mas mahal namin ang isa't isa ngayon kaysa noon.

Alam kong may iba pang mga miyembro ng Simbahan na naghihintay, umaasa, at nagdarasal na sumapi sa Simbahan ang isang mahal sa buhay. Nais kong hikayatin ang mga kapatid na ito na tanggapin ang paanyaya ng Tagapagligtas na “lumapit sa akin” (Alma 5:34) para sa kanilang sarili at hindi lamang para sa kanilang mga mahal sa buhay. Alam ko batay sa karanasan na ang paggawa nito ay magbibigay ng lakas na hindi maibibigay ng iba. Ang pananatiling malapit sa Ama sa Langit, pagsunod sa Kanyang mga kautusan, at pagtatamasa ng mga pagpapala sa kasalukuyan ay naghahatid ng kaligayahan at tinutulutan Siyang kumilos sa pamamagitan natin.

Pinatototohanan ko na dinirinig ng Diyos ang ating mga panalangin. Ang paghihintay sa Panginoon at pagtanggap sa Kanyang takdang panahon nang may pananampalataya ay hindi madali, ngunit alam ko na laging tama ang Kanyang takdang panahon.

## Ang Kuwento ng Lalaki

**S**a loob ng 35 taon maraming tao ang nagtalakay ng Ebanghelyo sa akin. Hindi pinalampas ng aking asawa ang mga pagkakataong pag-usapan ito, at buong talino niyang iniwan ang Aklat ni Mormon at magasing *Ensign* sa lugar na madali ko itong makita. Siyempre, hindi ko dinampot ang mga ito kahit kailan. Maraming beses niyang inanyayahan ang mga misyonero; mga dalawa o tatlong magkompanyon pa nga ang nagturo sa akin ng mga missionary lesson.

Kung gayon, ano ang humahadlang sa akin noon na magpabinyag?

Lagi akong may dahilan noon. Ginagabi ako sa trabaho. Hindi ko nakita na magkakaroon pa ako ng panahon para sa ebanghelyo. Masyado akong abala sa paghahanapbuhay. Kaya't sinabi ko kay Eva, “Kapag hindi na ako


masyadong abala at marami na akong oras, babasahin ko ang Aklat ni Mormon.”

Pero hindi ko ginawa iyon kahit kailan. Bukod pa rito, hindi naman ako palabasa, at nang subukan kong basahin ang Biblia, wala akong maintindihan. Kaya't doon nagtapos iyon.

May isa pang humadlang sa akin sa pagsapi sa Simbahan, na mas mabigat: ang makasalanang kong pamumuhay. Itinuro sa atin ni Haring Benjamin na “ang likas na tao ay kaaway ng Diyos . . . maliban kung kanyang bigyang-daan ang panghihikayat ng Banal na Espiritu” (Mosias 3:19). Hindi ko iyon binigyan ng daan—hindi ako makapagdesisyon. Sinabi ng Tagapagligtas, “Ang hindi sumasa akin ay laban sa akin” (Mateo 12:30). Natanto ko ngayon na dahil sa uri ng aking pamumuhay, kinakalaban ko Siya. Kinailangan kong magbago.

Iniiikutan ko lang ang ebanghelyo pero hindi ko talaga ipinamumuhay ito, at sa paglipas ng panahon, nadarama ko na ang Espiritu. Tumigil ako sa pagdalo sa mga party at pag-inom ng alak. Nang gawin ko ang pagbabagong iyon,

***Habang binabasa ko ang liham ng aking anak, natanto kong wala na akong maidahilan pa.***



mas madalas ko nang nadarama ang Espiritu. Wala pa rin ako sa dapat kong kalagyan—hindi maganda ang pananalita ko at may ilan akong pag-uugali na kailangan kong alisin—pero nagbabago na ako.

At isang araw nakatanggap ako ng isang pakete. Galing iyon sa isa sa mga anak ko, si Linda. Naglalaman iyon ng Aklat ni Mormon at Biblia na maraming minarkahang mga talata. Sinulatan din niya ako kung saan sinabi niya sa akin kung gaano niya ako kamahal at gusto niyang malaman ko ang nalalaman niya.

Isinulat niya, “Ang tanging paraan para malaman kung totoo ang ebanghelyo ni Jesucristo ay magtanong nang may tapat na puso at tunay na layunin.”

At nagbahagi si Linda ng mga talata ng banal na kasulatan na umakay sa akin tungo sa panalangin at pag-aaral ng mga banal na kasulatan.

“Ang tanging paraan na nakilala ko ang aking Taga-pagligtas at Ama sa Langit,” pagsulat niya, “ay sa panalangin at pagbabasa tungkol sa Kanila sa mga banal na kasulatan.”

At inilarawan niya kung gaano kahalaga ang magpakumbaba, at kung paanong hindi siya mapapayapa kung wala ang Diyos sa kanyang buhay. Sa huli, isinulat niya, “Huwag na po kayong magpaliban pa. Marami na pong naibigay sa inyo. Panahon na para kayo naman ay magbigay sa Ama sa Langit. Ito lang po ang paraan para tunay na lumigaya.”

Wala na akong maidahilan pa. Kakaunti na ang trabaho, at may libre na akong oras. Kaya’t sinimulan kong basahin at pag-aralan ang mga banal na kasulatang ibinigay niya sa akin, na nagbigay sa akin ng hangaring basahin ang buong Aklat ni Mormon. Ngunit napakaraming bagay pa ring hindi ko naunawaan.

Sa panahong ito ay dumadalo na ako sa sacrament meeting dahil sinabi ng asawa ko na maganda kung sasama ako at uupo sa kanyang tabi. Iminungkahi rin niyang basahin ko ang Doktrina at mga Tipan. Ginawa ko, at mas naunawaan ko ito. Pagkatapos, sa tulong ng aking asawa, binasa ko ang Aklat ni Mormon at nadama kong parang buhay ang mga tauhan sa mga banal na kasulatan. Sa pamamagitan ng maraming panalangin, nadama ko na ang impluwensya ng Espiritu.

Ano ang nagpabago sa akin? Ang Banal na Espiritu at ang kaalaman tungkol sa mga banal na kasulatan. Kapwa ito nagbigay sa akin ng lakas ng loob na baguhin ang aking buhay at hilingin sa Diyos na patawarin ang aking mga kasalanan, na siyang pumigil sa akin talaga sa pag-sapi sa Simbahan sa nagdaang mga taon.

Nahirapan akong mabuti na ipagtapat ang aking mga kasalanan. Nagdulot ito ng matinding sakit sa akin kaya’t tatlong araw akong nakahiga sa kama na puno ng dalamhati. Ngunit sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala



***Malaking kaligayahan ang dumating sa aming buhay dahil nagkakaisa kami sa ebanghelyo.***

ni Jesucristo, ako ay napatawad. Pagkatapos ay binigyan ako ng Ama sa Langit ng lakas na bumangon at magbagong-buhay.

Bininyagan ako ng anak kong si Kevin noong Hulyo 9, 2005. Dumalo ang isa sa mga misyonerong nagturo noon sa asawa ko. Pagkaraan ng dalawang taon dinala ko ang pamilya ko sa San Diego California Temple upang mabuklod para sa panahong ito at sa kawalang-hanggan.

Ang huling pitong taon ang pinakamaliligayang taon ng aking buhay. Sa wakas ay mapamumunuan ko ang aming pamilya bilang patriarch at espirituwal na lider at maibabahagi ko ang ebanghelyo sa aking asawa, sa aming mga anak, at sa aming siyam na apo. Ang pagkakaisa ng pamilya ay nagbigay ng espirituwal na lakas sa bawat isa. Isang manugang na lalaki ang sumapi sa Simbahan, at apat sa aming mga apo ang nakapagmisyon na o kasalukuyang nasa misyon. Ang bagong buhay ko sa Simbahan ay isang himala. Wala akong kaalamalam na malaking kaligayahan at pag-unlad ang idudulot nito sa akin.

Lubos ang pasasalamat ko sa ikalawang pagkakataong ito. Nagpapasalamat akong makabawi sa mga taon na nawala sa pamamagitan ng paggawa ng gawain ng Diyos. ■



PAGHARAP SA KINABUKASAN NANG MAY

# PAG-ASA

Ni Elder  
José A. Teixeira  
Ng Pitumpu



*Ang pag-uuna sa Panginoon, sa Kanyang kaharian, at sa ating mga pamilya ay magbibigay sa atin ng pag-asang kailangan natin sa pagharap sa mga hamon sa kasalukuyan at sa hinaharap.*

**S**i Brother Arnaldo Teles Grilo ay naging isa sa pinakamatalik kong mga kaibigan noong mga 25 anyos ako. Sa edad na 62, si Brother Grilo, na isang retiradong inhinyero, ay tinawag na maging isa sa mga tagapayo ko sa panguluhan ng noon ay Oeiras Portugal District, kung saan magkasama kaming naglingkod sa loob ng ilang taon.

Ang kanyang karunungan at karanasan ay nagbigay sa akin, na isang batang lider ng priesthood, ng mahahalagang payo at pananaw. Positibo ang kanyang pananaw sa buhay; palagi niyang nakikita ang mabuti sa bawat sitwasyon at siya ay masayahing tao. Ang kanyang ugali ay malaking inspirasyon sa maraming nakapaligid sa kanya at lalo na sa akin dahil alam ko ang mabibigat na hamong kinakaharap niya noon.

Nang makapagtapos siya bilang inhinyero, si Brother Grilo ay sumapi sa National Agromomic Agency bilang researcher sa Portugal at kalaunan ay naglakbay sa isa sa mga kolonya ng mga Portuges sa Africa upang pamunuan ang isang cotton research project. Ang proyekto ang naghatid sa kanya sa isang mata-gumpay na trabaho bilang senior executive sa isang malaking pang-internasyonal na bangko sa bansang iyon. Sa loob ng halos 30 taon sa



*Si Brother Arnaldo Teles Grilo—na nasa retrato sa kanan na kuha noong 1956 at sa itaas noong 1960 na kasama ang sasakyang ibinigay niya sa isang kaibigan upang tulungan itong matakasan ang digmaan—ay kinailangang iwan ang lahat ng pinaghirapan at naipundar niya, ngunit mahigpit siyang kumapit sa matitibay na alituntunin, pagmamahal sa kanyang pamilya, at pananampalataya kay Jesucristo.*



Africa, nagkaroon siya ng magandang pamilya at maganda ang naging buhay niya hanggang sa biglaan at sapilitang pabalikin ang kanyang pamilya sa Portugal dahil sa trahedyang kaguluhan at digmaan.

Iniwani ni Brother Grilo at ng kanyang pamilya ang lahat ng pinaghirapan at naipundar nila—lahat ng kanilang ari-arian at personal na pag-aari—matapos masaksihan mismo ang pinsalang dulot ng digmaan sa isang bansang minahal nila.

Sa kabila ng kawalang-katiyakan at kaguluhang dulot ng digmaan na unti-unting pumawi sa kapayapaan at katatagan noong mga huling buwan niya sa Africa, sinagip ni Brother Grilo ang isa sa kanyang mga kaibigan sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanya ng mamahaling sasakyan na binili niya sa Germany. Dahil sa kotse ay natakasan ng kanyang kaibigan at ina nito ang digmaan.

Ang saganang mga materyal na ari-ariang natamo ni Brother Grilo dahil sa kanyang kasipagan ay hindi nagpabago sa kanyang mga prayoridad. Mahigpit siyang kumapit sa matitibay na alituntunin at pagmamahal sa kanyang pamilya.

Pagbalik sa Portugal sa edad na 52, hinarap niya ang hamon na magsimulang muli. Sa gitna ng lahat ng kahirapan at trahedyang ito, ano ang nakagawa ng kaibhan sa kanyang

buhay? Bakit masyado siyang positibo tungkol sa kasalukuyan at sa hinaharap? Bakit masyado siyang tiwala?

Si Brother Grilo ay nabinyagan noong bago pa lamang ang Simbahan sa Portugal at naging matatag na haligi at pioneer sa bansang iyon. Ilang beses niyang dinala ang kanyang pamilya sa templo sa Switzerland, at nilakbay niya ang 2,800 milya (4,500 km) nang balikan bilang pagpapakita ng pananampalataya at katapatan. Sa mga taon ng kanyang paglilingkod, si Brother Grilo at ang kanyang asawa ay nagdulot ng kagalakan sa kanilang mga anak at sa marami pang iba.

Ang pananampalataya ni Brother Grilo ay nakasentro kay Jesucristo at sa kaalaman na sa huli, si Jesucristo ang maghahari. Binigyan siya nito ng pag-asa sa kasalukuyan at sa hinaharap.

Ang Bagong Tipan ay nagtapos sa isang mensahe ng malaking pag-asa.<sup>1</sup> Nakita ng mga propetang gaya ni Juan na Tagapaghatag ang mga bagay na paparating at sinabi sa atin ang mga pagpapalang matatanggap natin kung mananatili tayong matwid at magtitiis hanggang wakas.

Nakita ni Juan ang isang aklat na may pitong tatak, o mga kapanahunan, at inilarawan niya kung paano laging kinakalaban ni Satanas ang mabuti (tingnan sa Apocalipsis 5:1–5; 6). Ngunit nakita rin ni Juan na igagapos si Satanas at matagumpay na maghahari si Cristo (tingnan sa Apocalipsis 19:1–9; 20:1–11). Sa huli ay nakita niya na ang mabubuti ay makapiling ang Diyos pagkatapos ng Huling Paghuhukom (tingnan sa Apocalipsis 20:12–15).

Isa sa mga pinakamalaking hamon ngayon ay ang pagkatutong labanan ang takot at pagkasiphayo upang mapagtagumpayan ang mga pagsubok at tukso. Ilang minuto lamang ang kailangan upang buksan natin ang pahayagan, galugarin ang internet, o marinig ang balita sa radyo o telebisyon at maharap sa nakababagabag na mga salaysay ng krimen at mga kalamidad na dulot ng kalikasan na nangyayari sa araw-araw.

Ang pag-unawa sa mga pangako sa banal na kasulatan kung paano dadaigin ng

Panginoon ang kasamaan at paano tatalunin ng katotohanan ang kamalian ay makatutulong sa atin na harapin ang kinabukasan nang may pag-asa at magandang pananaw. Sa mundo ngayon ay nakikita natin ang digmaan, mga kalamidad na dulot ng kalikasan, at krisis sa ekonomiya. Kung minsan ang mga pangyayaring ito ay hindi lamang mga bagay na namamasdan natin mula sa di kalayuan kundi mga bagay na nakaaapekto sa atin mismo.

Hindi tayo kailangang magdalamhati sa pagkawala ng mga ari-arian o magtuon sa temporal, sapagkat maaagaw ng mga bagay na iyon ang kagalakang dulot ng mga simpleng bagay sa buhay.

Nagpapasalamat ako sa halimbawa ni Brother Arnaldo Teles Grilo. Inuna niya ang mga espirituwal na bagay, mga bagay na “labis na mahalaga sa [atin] sa mga huling araw” (2 Nephi 25:8), kabilang na ang mga ugnayan ng pamilya at paglilingkod sa iba.

Dapat nating harapin lahat ang

kinabukasan nang may pag-asa dahil alam nating madaraig ang mga puwersa ng masama. Dapat manatiling positibo ang ating pananaw habang nahaharap tayo sa mga hamon dahil nasa atin ngayon ang mga banal na kasulatan, mga turo ng mga buhay na propeta, awtoridad ng priesthood, mga templo, at suporta ng bawat isa bilang mga miyembro ng Simbahan. Lahat tayo ay dapat “magtagumpay” dahil sa panalangin (D at T 10:5). At higit sa lahat, dapat tayong umasa sa buhay na walang hanggan dahil sa sakdal na nagbabayad-salang sakripisyo ng Panginoon (tingnan sa Moroni 7:41).

Kapag tama ang ating mga prayoridad, mas yayaman at sasagana ang ating buhay. Ang pag-uuna natin sa Panginoon, sa Kanyang kaharian, at sa ating mga pamilya ay magbibigay sa atin ng pag-asang kailangan natin sa pagharap sa mga hamon sa kasalukuyan at sa hinaharap. ■

#### TALA

1. Tingnan sa Apocalipsis 19–22; tingnan din sa aralin 46, *Bagong Tipan Manwal ng Guro sa Doktrina ng Ebanghelyo* (1997).

*Dapat manatiling positibo ang ating pananaw habang nahaharap tayo sa mga hamon dahil nasa atin ngayon ang mga banal na kasulatan, mga turo ng mga buhay na propeta, awtoridad ng priesthood, mga templo, at suporta ng bawat isa bilang mga miyembro ng Simbahan.*





## ANG TEKSTONG ITO AY HEBREO

**P**agkatapos mabasa ang Lumang Tipan ilang taon na ang nakaraan, naging interesado ako sa mga turo nito, lalo na sa mga isinulat ni Isaias, at patuloy kong pinag-aralan ito. Noong 2010, nakatabi ko sa upuan sa eroplano ang isang Jewish rabbi. Kinausap ko siya sa pamamagitan ng pagtatanong tungkol sa ilang talata sa Aklat ni Isaias. Habang patuloy kaming nag-uusap, natalakay namin ang kahalagahan ng awtoridad ng priesthood ayon sa Lumang Tupan.

Itinanong sa akin ng rabbi kung saan nakuha ng mga miyembro ng aking simbahan ang kanilang

awtoridad ng priesthood. Sinaman-tala ko ang pagkakataong sabihin sa kanya ang tungkol sa Unang Pangitain ni Joseph Smith at ang panunumbalik ng Aaronic at Melchizedek Priesthood. Tinalakay namin ang pagsasalin ng Aklat ni Mormon at ang layunin nito bilang “Isa Pang Tipan ni Jesucristo.”

Naging interesado ang rabbi. Itinanong niya kung ilang taon si Joseph nang matanggap nito ang Unang Pangitain. Nang sabihin ko sa kanya na 14 na taong gulang si Joseph, halos kaedad ni Samuel sa Lumang Tipan, tumugon siya na maraming propeta ang tinawag sa kanilang kabataan.

*Itinanong sa akin ng rabbi kung saan nakuha ng mga miyembro ng aking simbahan ang kanilang awtoridad ng priesthood. Ikinuwento ko sa kanya ang Unang Pangitain ni Joseph Smith at ang panunumbalik ng Aaronic at Melchizedek Priesthood.*

Sinabi niya na naaayon lamang na tawagin ng Diyos si Joseph Smith sa kanyang kabataan.

Binuklat ko ang aking mga banal na kasulatan, at sabay naming binasa ang mga patotoo ng Tatlo at Walong Saksi. Sinabi ko sa kanya na ilan sa mga saksi ay umalis sa Simbahan ngunit wala ni isa man sa kanila ang nagkaila na nakita nila ang mga lamina ng ginto.


“Paano nila nagawang umalis sa Simbahan matapos makita ang isang anghel at ang mga lamina?” tanong niya.

“Naalala kong gumawa ang mga anak ni Israel ng isang ginintuang guya di-kalaunan matapos nilang masaksihan ang paghati sa Red Sea,” sagot ko.

Binuklat niya ang 1 Nephi at binasa ito. Tumigil siya at sinabing, “Ang tekstong ito ay Hebreo.”

Iपालिwanag niya kung bakit ang teksto ay parang Hebreo na isinalin sa wikang Ingles. Sinabi ko sa kanya na ang aklat ay isinulat ng isang lipi ng Israel. Tinukoy ko ang Ezekiel 37:15–20, na bumabanggit sa tungkod ng Juda at sa tungkod ng Jose. Sumang-ayon kami na ang tungkod ng Juda ay kumakatawan sa Biblia, at ipinaliwanag ko na ang tungkod ng Jose ay ang Aklat ni Mormon.

Matapos ang tatlong oras naming pag-uusap, gusto ng rabbi na magkaroon ng kopya ng Aklat ni Mormon. Nang makauwi ako, pinadalhan ko siya ng kopya na sinulatan ko ng aking patotoo. Nagpapasalamat ako na dahil sa pagsisikap kong pag-aralan ang Lumang Tipan ay naging handa akong talakayin ang mga banal na kasulatan at ibahagi ang aking patotoo sa bago kong kaibigan, na isang rabbi. ■  
Derk Palfreyman, Utah, USA



# MABUTI PANG MAGDASAL KA MUNA

**H**alos talikuran ko ang Simbahan dahil sa pagtatalo namin ng aking stake president. Pakiramdam ko ay may nagawa siyang hindi tama. Hindi nakita sa kanyang mga kilos ang inaasahan kong dapat mangyari, kaya hindi na ako nagsimba.

Sabi ng asawa ko sa akin, “Hindi ka maaaring magpasiya nang ganyan nang walang taimtim na pagdarasal at pag-aayuno.”


Tama siya. Matapos akong magdasal nang ilang sandali, dumating sa akin nang malinaw at tuwiran ang sumusunod na mga salita: “Ang lingkod ng Diyos ay tinawag ng Diyos.”

Nang gabing iyon nanaginip ako. Sa aking panaginip, pinagalitan ako ng lolo ko sa pakikipagtalo sa aking lider. Nagising ako sa panaginip na iyon at magdamag akong hindi nakatulog. Matapos ang mahabang gabing pagninilay, alam ko na ang dapat kong gawin. Nagpunta ako sa aking stake president at humingi ng tawad. Masaya niyang tinanggap ang paghingi ko ng tawad, at magkasama kaming nagdasal.

Agad akong bumalik sa Simbahan. Makaraan ang dalawang linggo inilipat ako ng kompanya namin sa Abuja, ang kabisera ng Nigeria. Nagugulumihanan, inisip ko kung bakit ako kailangang mawala sa stake matapos akong makabalik sa Simbahan.

Hindi nagtagal nalaman ko na inihahanda ako ng Panginoon. Noong pangalawang buwan ko sa Abuja, tinawag ako bilang branch president.

Tiyak ko na gustong ituro sa akin ng Ama sa Langit ang kahalagahan ng pagsang-ayon sa mga lider ng Simbahan bago Niya ako tinawag na maging lider. Napalakas ng karanasang ito ang aking patotoo. Ngayon lubos kong pinagsisikapang makinig sa payo ng



*Matapos akong magdasal nang ilang sandali, dumating sa akin nang malinaw at tuwiran ang sumusunod na mga salita: “Ang lingkod ng Diyos ay tinawag ng Diyos.”*

aking mga lider dahil alam kong tinawag sila ng Diyos. At sinumang Kanyang tawagin, ay binibigyan Niya ng kakayahang maisagawa ang tungkulin.<sup>1</sup>

Tao lang ang ating mga lider. Bagama’t binigyang-inspirasyon sila, hindi sila perpekto. Natutuhan ko na kung hindi tayo sang-ayon sa kanila, kailangan natin silang suportahan,

palakasin ang kanilang loob, at ipagdasal sila at ang ating sarili nang sa gayon ay mapagkatiwalaan natin ang Diyos at ang mga lingkod na Kanyang pinili. ■

Martins Enyiche, Nigeria

#### TALA

1. Tingnan sa Thomas S. Monson, “Duty Calls,” *Ensign*, Mayo 1996, 44.





*Itinanong ko sa kanya kung balak ba niyang magpatotoo kapag nagsimula na. Sumagot siya ng oo at nagtanong, “Ikaw?”*

## MAGPAPATOTOO KA BA?

**K**amakailan ay nagkaroon ako ng pagkakataong dumalo sa sacrament meeting sa ibang estado kung saan hindi ko kilala ang mga miyembro ng Simbahan. Para makausap ang isang miyembrong lalaking katabi ko, itinanong ko sa kanya kung balak ba niyang magpatotoo kapag nagsimula na. Sumagot siya ng oo at nagtanong, “Ikaw?”

“Hindi, hindi siguro,” sagot ko. At sinabi ko pa, “Pero totoo ang Simbahan, at ang ebanghelyo.”

Agad nang limutan ang maikli naming pag-uusap. Nang magsimula na ang pagkakataong magpatotoo,

hinikayat kami na maikling oras lang ang gugulin namin para marami ang makapagpatotoo. Nang tumayo at nagpatotoo ang miyembrong kausap ko, inamin niya na kulang ang oras para maibahagi ang lahat ng nais niyang ibahagi tungkol sa ebanghelyo at sa kaligayahang dulot nito. Sa halip, ibinahagi niya ang kanyang pakikipag-usap sa akin, isang tao na noon lang niya nakilala, at kung paano naibuod ng simple kong sinabi ang lahat ng bagay: totoo ang Simbahan, at totoo ang ebanghelyo. Iyan ang mahalaga.

Habang iniisip ko ang karanasang

iyon, naunawaan ko na makapagpatotoo tayo sa maraming paraan, at maaari tayong magkaroon ng positibong impluwensya sa iba sa maikling oras lang. Gaano man kaikli ang pakikipag-usap natin sa isang tao, makakapag-iwan tayo ng magandang impresyon tungkol sa ebanghelyo at sa ating sarili.

Hindi ako nagpatotoo sa pulpito sa araw na iyon, ngunit naibahagi ko ang aking maikling patotoo at nadama ang aking impluwensya kapwa ng miyembrong iyon na nakausap ko at ng mga taong nakarinig sa kanyang patotoo. ■  
LaReina Hingson, Indiana, USA



## GUSTO KONG MAUPO SA KANDUNGAN NI JESUS

**A**pat na taong gulang pa lamang ang aming apong lalaki nang mapulot siya ng isang pulis sa gilid ng kalsada. Sinabi niya na papunta siya sa bahay ni Lola, mga limang milya (8 km) ang layo.

Ito ang pangalawang pagkakataon na tinakasan niya ang kalungkutan sa kanilang tahanan, at sinubukang makapunta sa akin. Sa sumunod na ilang buwan, natanto ko na malamang na magiging responsibilidad kong palakihin ang aking apong lalaki at ang kanyang dalawang nakababatang kapatid na babae—isang ideyang hindi ko madaling natanggap.

Ginawa naming mag-asawa ang lahat ng makakaya namin para mapalaki ang aming mga anak sa mga alituntunin ng ebanghelyo, ngunit sa huli ay tinanggihan nila ang mga alituntuning iyon. Mahigit 50 anyos na ako at nadama ko na karapatan ko namang gawin ang nais ko. Itinangi ko ang mithiin naming mag-asawa na maglingkod sa misyon nang magkasama kapag nagretiro na siya. Naiyak ako nang maisip ko na mamimili ako kasama ang maliliit na bata, maghahanda ng pagkain, maglalaba ng maraming damit, at balang-araw ay mag-aalagang muli ng mga tinedyer.

Gayunman, isang hapon ay may nagpabago sa puso ko. Isang maliit na bagay ang nagpaiyak sa aking apo, kaya kinandong ko siya at pinahiran ang kanyang luha. Habang yakap-yakap ko siya, pinag-usapan namin kung gaano siya kamahal ni Jesus. Sa kalapit ay may kalendar-yong nakasabit sa dingding na may mga larawan ng Tagapagligtas, kaya isa-isa naming tiningnan ang magandang larawang iyon.

Nagustuhan ng apo ko, lalo na,

ang larawan ng Tagapagligtas na nakaupo sa isang pintuan na yari sa bato na kalung-kalong ang isang batang babaeng brown ang buhok. Sa larawan, mababanaag ang kapayapaan sa Tagapagligtas at sa bata. Tiningnan itong mabuti ng apo ko, itinuro ang batang babae, at tinawang ito sa pangalan ng kanyang kapatid.

“Paano pong nakaupo si Katie sa kandungan ni Jesus, Lola?” tanong niya. “Gusto ko ring maupo sa Kanyang kandungan!”

“Hindi ka makakaupo sa kandungan ni Jesus ngayon, apo ko, pero makakaupo ka sa kandungan ko,” sabi ko. “Binigyan ni Jesus ng mga


lola ang maliliit na bata para mahalín at yakapin sila at alagaan sila kapag kailangan nila ito.”

Agad tinanggap ng puso ko na mahalín—tulad ng mamahalin ng Tagapagligtas—ang tatlong batang nangangailangan sa akin. Hindi na sila pabigat kundi isang magandang biyaya at pagkakataong mapaglingkuran ang ating Panginoon.

Walang hanggan ang pasasalamat ko sa magiliw na awa ng Panginoon sa akin noong hapon iyon. Binago nito ang buhay ko at patuloy nitong pinatatatag at pinagpapala ang aming tahanan. ■

Hindi ibinigay ang pangalan

***Habang yakap ko ang umiiyak kong apo, pinag-usapan namin kung gaano siya kamahal ni Jesus.***



# KAPAG Hindi NAGTAGUMPAY ANG MABUBUTING PLANO

Ni Stephanie J. Burns

*Ang pagpapalano para sa kinabukasan ay mahalaga, lalo na sa mga young adult. Ngunit ano ang nangyayari kapag hindi natupad ang napakaayos na mga plano?*

Si Jung Sung Eun ng Korea ay hindi nakapasa sa eksamen sa pagiging guro. Si Tina Roper ng Utah, USA, ay nawalan ng trabaho na inakala niyang magiging hanapbuhay na niya. Si Todd Schlensker ng Ohio, USA, ay nakatanggap ng espirituwal na patibay na mag-asawa na siya ngunit hindi natuloy ang kanyang kasal. Si Alessia Mazzolari (binago ang pangalan) ng Italy ay winakasan ang mukha namang perpektong relasyon.

Walang may gustong magsagawa ng “plan B.” Ngunit kahit bigo ang mga plano natin, hindi pinababayaang ng Ama sa Langit ang Kanyang mga anak. Napakaraming mabubuting bagay na magpapaganda sa buhay. Sa malao’t madali, baka malaman pa natin na ang mga balakid na nagpabago ng ating mga plano ang nagbigay sa atin ng kailangang ideya at karanasan (tingnan sa D at T 122:7) at human-tong sa mas mabuti.

## **Pagpapabuti ng Pagkatao, Hindi ng mga Résumé**

Nagsikap nang husto si Sung Eun na makamtan ang kanyang pangarap na maging guro. Paliwanag niya,

“Dahil lagi kong sinisikap gawin ang lahat ng makakaya ko, halos lagi kong nakakamtan ang inaasam at ipinagdarasal ko.” Ngunit hindi nangyari iyon nang kumuha siya ng eksamen sa pagiging guro. “Nang hindi ako pumasa,” sabi niya, “parang naglaho sa isang iglap ang lahat ng pangarap ko.”

Hindi nag-alala si Tina sa simula nang bilhin ng ibang kompanya ang pinagtatrabahuhan niya. Pinangkuan siya ng bagong organisasyon na magtatagal siya sa isang posisyon, kaya lumipat pa siya ng bahay para mapalapit sa kanyang pinapasukan na umaasa sa maganda at bagong trabaho. Nang tanggalin siya ng kompanya makalipas ang ilang buwan, nakadama siya ng “kabiguan, kalituhan, kalungkutan, at kaunting pangamba.”

Sa halip na lubos na magtuon sa pagpapaganda ng kanilang résumé, natanto nina Sung Eun at Tina na makapagtutuon din sila sa pagpapabuti ng kanilang pagkatao. Kapwa sila napanatag sa pag-aaral ng ebanghelyo at pagdarasal.

“Si Apostol Pablo ay isang

mabuting kaibigan na tumulong sa akin na maging matiyaga at patuloy na harapin ang mga hamon,” sabi ni Sung Eun. “Lagi siyang may mabuting saloobin at handang maghintay sa ipagkakaloob sa kanya ng Diyos, sa halip na umasa sa itinakda niyang panahon para sa sarili.

“May natutuhan ako sa kanyang halimbawa: ang paghihintay ay hindi lamang prosesong kailangan nating pagdaanan para makuha ang gusto natin. Bagkus, ito ay isang proseso na pinagiging uri tayo ng tao na nais ng ating Ama sa Langit na kahinatnan natin sa pamamagitan ng mga pagbabagong ginagawa natin.”

Natuklasan ni Tina na ang pagbabagong kailangang-kailangan niya ay ang pagbabago ng pananaw. “Nagulat akong matuklasan na sinukat ko ang aking kahalagahan ayon sa mga pinahalalagahan ng mundo,” paggunita niya. “Nadama kong mahalaga ako dahil sa aking trabaho at posisyon, na kinuha sa akin. Ngayon ay natutuklasan ko ang aking kahalagahan sa mga walang-hanggang katotohanan na ako ay anak ng aking Ama sa Langit at ako ay may banal na potensyal.





Hindi makukuha ang mga katotohanang ito kailanman.”

Inamin nina Tina at Sung Eun na bagama’t hindi palaging nakatutuwa ang pagpapabuti ng pagkatao, ang mga bunga ng sariling pag-unlad ay kasiya-siya. Sabi ni Sung Eun, “Ang taon na bumagsak ako sa eksamen sa pagiging guro ay hindi lamang ang pinakamasakit at pinakamalungkot na panahon, kundi ito rin ang pinakamahalaga. Mas naunawaan ko na talaga ang mga paghihirap ng ibang tao at nagkaroon ako ng hangaring tulu ngan sila nang may tapat na layunin at pagmamalasakit.”

Ang mga halimbawa ni Ammon at ng kanyang mga kapatid sa Aklat ni Mormon ay nagpakita kay Tina kung paano pinatatag ng Panginoon ang kanyang pananampalataya upang matulungan siyang maabot ang kanyang buong potensyal. “Ang plano ng Panginoon ay mailigtas ng mga Nephita ang kanilang mga kapatid na Lamanita sa halip na gumamit ng sandata upang malutas ang problema,” paliwanag niya. “Ang mga anak ni Mosias ay binigyan ng gawain na nangangailangan ng mas malaking pananampalataya, at pinangakuan din sila na kung babatahin nila ang kanilang mga paghihirap nang may buong pagtitiyaga, magtatagumpay sila (tingnan sa Alma 26:27). Ang pagiging matiyaga ay isa sa pinakamahirap na pagsubok sa akin dahil gusto kong maunawaan nang buo ang plano ko—ngunit natanto ko na ang plano at takdang panahon ng Ama sa Langit para sa atin ang siyang laging pinakamaganda.”

### **Pagsunod sa mga Kautusan Anuman ang Mangyari**

Nagkaroon ng magandang kinabukasan si Todd pagbalik niya mula sa kanyang misyon. Habang nag-aaral,



nakilala niya ang isang mabait na dalaga. Pagkaraan ng ilang buwang panliligaw at espirituwal na patibay, nag-alok nang pakasal si Todd at tinanggap ito ng dalaga. Ipinlano nila ang kanilang kasal sa katapusan ng tag-init, at pareho silang umuwi mula sa paaralan para maghanda.

“Tatlong linggo matapos kaming magpaalaman sa paaralan, nakipagkalas siya,” paggunita ni Todd. “Ang salitang *pusong sawi* ay hindi sapat para ipaliwanag ang nadama ko. Napakaraming tanong sa isipan ko na walang kasagutan; at naguluhan ako sa sitwasyon. Nakatanggap ako ng patibay sa bahay ng Panginoon, at ngayon ay tapos na ang relasyon namin. Hindi pa nasubukan nang ganito katindi ang aking patotoo.

“Sa kasamaang palad, ilang taon matapos kaming maghiwalay, hindi ko pa rin ito makalimutan. Hindi ko alam kung paano ko pa pagtitiwalaang muli ang patibay na madarama ko. Lagi akong tiwala sa Panginoon at sinikap kong sundin ang mga kautusan sa abot ng aking makakaya,” sabi pa niya. “Parang balewala ang lahat.”

Inakala rin ni Alessia na magkakatuluyan sila ng isang binata. “Napakaganda ng kuwento namin kaya, kahit may mga karaniwang problema kami na tulad ng lahat ng magkasintahan, akala namin hindi na kami magkaka-hiwalay,” paggunita niya.

Nang magmisyon ang kasintahan ni Alessia, mahirap ang paghihiwalay pero iba ang dahilan kaysa inasahan ni Alessia. “Habang wala ito, mas nakilala kong mabuti ang sarili ko. Natanto ko na maraming bagay sa buhay ko ang hindi pa tama at na maraming pagkakataon akong nagkubli sa ilang kalokohang ideya sa halip na magpakumbaba at harapin ang katotohanan,” pagkukuwento niya. “Parang nabuhay ako sa isang fairy tale, na



para bang sapat na ang umibig para maitama ang lahat ng bagay, at dahil dito ay madalas kong balewalain ang pinakamahahalagang bagay.”

Magkagayunman, umasa si Alessia ng masayang pagkikita at patuloy na relasyon pag-uwi ng kanyang kasintahan mula sa misyon. Subalit, pag-uwi nito, maikling panahon lang nagdeyt ang magkasintahan bago sila naghiwalay. “Isa iyon sa pinakamasakit na sandali sa aking alaala,” sabi ni Alessia.

Sa kani-kanyang karanasan, kalaunan ay natanto nina Todd at Alessia na kahit nagbago ang isang mahalagang bahagi ng kanilang buhay, hindi nila matatalikuran ang kanilang pagsunod at katapatan sa Panginoon. Siya ang naging sandigan nila nang magbago at nawalan ng katiyakan ang iba pang bagay.

“Hindi ko alam ang lahat ng sagot kung bakit tumanggap ako ng patibay na pakasalan ang isang tao, at hindi ito nangyari,” paggunita ni

Todd. “Pero natanto ko na hindi iyon mahalaga. Ang *talagang* mahalaga ay na may pananampalataya pa rin ako kay Cristo, at gagamitin ko ang pananampalatayang iyan para magtiwala sa anumang ilaan ng Panginoon para sa akin.”

Alam ni Alessia na ang lubos na paglalaan ng sarili sa Panginoon ay magbibigay sa kanya ng lakas na kailangan niya. “Naunawaan ko na dumating na ang sandali para magpasiya ako kung anong uri ng tao ang gusto kong kahinatnan,” sabi niya. “Magpapatuloy ba akong mamuhay nang hindi lubos na ginagamit ang aking potensyal, o magsisimula ba ako sa landas patungo sa pagiging tunay na disipulo ni Cristo? Gusto ko Siyang makilala nang lubusan, tunay Siyang mahalina, at sikaping maging mas mabuting tao sa pamamagitan ng pagsunod sa lahat ng Kanyang kautusan—hindi lamang sa gawa kundi sa aking puso nang buong katapatan.”

### Pagkakaroon ng Pag-asa sa Hinaharap at Pananampalataya kay Cristo

Matapos maharap sa di-inaasahang mga problema, sinikap ng lahat ng apat na young adult na ito na magkaroon ng tapang na mabuhay sa kasalukuyan at magplanong muli para sa hinaharap. Natuklasan nila na lumakas ang kanilang pananampalataya sa Panginoon.

Naalala ni Sung Eun na matapos siyang bumagsak sa eksamen, naging mahirap sumubok ng mga bagong bagay. Ngunit may mahalaga siyang natuklasan: “Natanto ko na ang tunay na kabiguan ay ang mabuhay sa nakaraan at di-gaanong magsikap na ayusin ang mga bagay-bagay. Nagpasiya ako na sa halip na patuloy na malungkot, dapat kong gawing oportunidad ang mahirap na panahong ito para matuto. Ang kakayahan kong maunawaan ang buhay sa pangkalahatan ay lumawak at lumalim, at natutuhan ko na ang wakas ng isang bagay ay simula ng isa pang bagay.” Muli siyang kumuha ng eksamen at nakapasa siya at ngayon ay “isa nang masayang guro na natutuwa sa oras na ginugugol niya sa mga estudyante bawat araw.”

Pinili ni Tina na magtiwala na may naghahintay sa kanya, kahit mahirap harapin ang walang katiyakang kinabukasan. “Nagpasiya akong mag-aral na muli, at nag-aral ako ng art at technology, isang kursong gusto kong gawing hanapbuhay pero wala ako ng mga kasanayang kailangan,” paliwanag niya. “Handa akong makipag-sapalarang muli, sa isang bagay na mas mainam, salamat sa karunungan ng aking Ama sa Langit.”

Patuloy na sinubukan ni Todd na makipagdeyt sa loob ng anim na taon at nagsikap na magkaroon ng tiwala sa Panginoon. Kahit may

nakilala siyang mga babaeng lubos niyang hinangaan, kinailangan niyang paglabanan ang kanyang mga pag-aalinlangan sa nakaraan para hindi masira ang kanyang mga inaasam sa hinaharap. “Hindi madaling maging determinado na huwag padaig sa anim na taon kong pag-aalinlangan,” wika niya. “Ngunit determinado akong patunayan sa aking sarili na talagang may tiwala ako sa Panginoon at sa Kanyang mga paramdam, kahit naghinanakit ako sa Kanya noon.” Isang bagong relasyon ang nabuo na humantong sa kasal sa templo.

“Madalas kong isipin kung bakit ako biniyayaan ng Panginoon ng napakabuting asawa gayong matagal kong pinagsikapang lubos na magtiwala sa mga pahiwatig ng Espiritu,” paggunita ni Todd. “Ito ay isang patotoo sa akin na naghahintay ang Panginoon na pagpalain tayo, ngunit iyon ay palaging ayon sa Kanyang takdang panahon.”

Si Alessia, sa muling paglalaan ng kanyang sarili sa Panginoon, ay nagkaroon ng malalim at sariling patotoo. “Naging makatotohanan sa akin ang plano ng kaligtasan, at ang aking mga tipan ay naging mas matibay at malalim. Ang Pagbabayad-sala ni Cristo ay hindi na teoriya o isang bagay na nabasa ko na, marahil nang paimbabaw. Nagkaroon ng pagbabago sa puso ko, at nagkaroon ako ng matibay na patotoo.” Ngayon, sabi niya, para daw siyang isang bagong tao.

Anumang pagbabago ang mangyari sa buhay, ang huling patutunguhan na buhay na walang hanggan ang ipinlano ng Ama sa Langit para sa Kanyang mga anak (tingnan sa Moises 1:39). Matutuklasan ng ilan na ang “plan B” ay paraan lamang para magkatotoo ang Kanyang “plan A.” ■



### ANG PINAKAMAGANDA AY DARATING PA

“Lumilingon tayo upang matuto mula sa magagandang karanasan at huwag nang buhayin pa ang mga nakaraan. At kapag natutuhan na natin kung ano ang dapat nating matutuhan at napulot na natin ang pinakamaganda sa ating naranasan, magpatuloy tayo at tandaan na *ang pananampalataya ay laging nakaturo tungo sa hinaharap.*”

Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Ang Pinakamaganda ay Darating Pa,” *Liahona*, Ene. 2010, 18.

Para sa iba pang impormasyon tungkol sa paksang ito, tingnan sa Boyd K. Packer, “Sa Pinakamaliit na Ito,” *Liahona*, Nob. 2004, 86–88; Robert D. Hales, “Paghahintay sa Panginoon: Mangyari Nawa ang Iyong Kalooban,” *Liahona*, Nob. 2011, 71–74; Ann M. Dibb, “Ikaw ay Magpakatayang na Mabuti,” *Liahona*, Mayo 2010, 114–16.



**Ni Elder  
Dallin H. Oaks**  
Ng Korum ng  
Labindalawang Apostol

# Ang Kahalagahan ng MGA BASBAS NG PRIESTHOOD

*Ang basbas ng priesthood ay pagkakaloob ng kapangyarihan sa mga bagay na espirituwal.*

**S**a isang basbas ng priesthood ginagamit ng isang lingkod ng Panginoon ang priesthood, ayon sa panghihikayat ng Espiritu Santo, upang tawagin ang mga kapangyarihan ng langit para sa kapakanan ng taong binabasbasan. Ang gayong mga pagbabasbas ay iginagawad ng mga maytaglay ng Melchizedek Priesthood, na humahawak ng mga susi ng lahat ng pagpapalang espirituwal ng Simbahan (tingnan sa D at T 107:18, 67).

## **Mga Halimbawa ng mga Basbas ng Priesthood**

Maraming uri ng basbas ng priesthood. Kapag ibinigay ko ang iba't ibang halimbawa, alalahanin lamang na ang mga basbas ng priesthood ay makakamtan ng lahat ng nangangailangan nito, ngunit ibinigay lamang ito kapag hiniling.

Ang mga basbas para sa pagpapagaling ng maysakit ay kasunod ng pagpapahid ng langis, tulad ng nakasaad sa mga banal na kasulatan (tingnan sa Santiago 5:14–15; Marcos 6:13; D at T 24:13–14; 42:43–48; 66:9). Ang mga patriarchal blessing ay iginagawad ng isang inorden na patriarch.

Ang mga taong naghahangad na magabayan sa isang mahalagang desisyon ay maaaring tumanggap

ng basbas ng priesthood. Ang mga taong nangangailangan ng dagdag na espirituwal na lakas para makayanan ang mga personal na pagsubok ay maaaring tumanggap ng basbas. Madalas hilingin ang basbas ng priesthood mula sa mga ama bago lumisan ng tahanan ang mga anak para sa iba't ibang layunin, tulad ng pag-aaral, paglilingkod sa militar, o mahabang biyahe.

Ang mga basbas na ibinigay sa mga pagkakataong kalalarawan ko ay tinatawag kung minsan na mga basbas ng kapanatagan o payo. Ang mga ito ay karaniwang ibinigay ng mga ama o asawa o iba pang mga elder sa pamilya. Maaaring isulat at itago ang mga ito sa mga talaan ng pamilya para sa pansariling espirituwal na patnubay ng mga taong binasbasan.

Ang mga basbas ng priesthood ay ibinigay rin kaugnay ng ordinasyon sa priesthood o pagtatalaga sa isang lalaki o babae para sa isang katungkulan sa Simbahan. Ito na marahil ang pinakamadalas na mga pagkakataon para magbigay ng basbas ng priesthood.

Marami sa atin ang humihiling ng basbas ng priesthood bago tayong gumanap sa isang bagong responsibilidad sa trabaho. Nakatanggap ako ng

gayong basbas maraming taon na ang nakararaan at agad akong napanatag at matagal akong pinatnubayan.

## **Ang Kahalagahan ng mga Basbas ng Priesthood**

Ano ang kahalagahan ng isang basbas ng priesthood? Isipin ang isang binatang naghahandang lisanin ang tahanan upang hanapin ang kanyang kapalaran sa mundo. Kung bibigyan siya ng kanyang ama ng kompas, maaari niyang gamitin ang makamundong kasangkapang ito para mahanap ang daraanan niya. Kung bibigyan siya ng kanyang ama ng pera, maaari niyang gamitin ito para magkaroon siya ng kapangyarihan sa mga makamundong bagay. Ang basbas ng priesthood ay pagkakaloob ng kapangyarihan sa mga bagay na espirituwal. Bagama't hindi ito nahahawakan o natitimbang, malaki ang maitutulong nito upang madaig natin ang mga hadlang sa landas patungo sa buhay na walang hanggan.

Napakasagradong responsibilidad para sa isang maytaglay ng Melchizedek Priesthood na mangusap para sa Panginoon sa pagbibigay ng basbas ng priesthood. Tulad ng sinabi ng Panginoon sa atin sa makabagong





paghahayag, “Ang aking salita ay . . . matutupad na lahat, maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa” (D at T 1:38). Kung ang lingkod ng Panginoon ay nangusap kapag siya ay pinakikilos ng Espiritu Santo, ang mga salita niya ay “magiging kalooban ng Panginoon, . . . magiging kaisipan ng Panginoon, . . . magiging salita ng Panginoon, . . . [at] ang magiging tinig ng Panginoon” (D at T 68:4).

Ngunit kung ang mga salita sa isang basbas ay kumakatawan lamang sa sariling mga hangarin at opinyon ng maytaglay ng priesthood, at hindi binigyang-inspirasyon ng Espiritu Santo, kung gayon ay nakadepende ang basbas sa kung kinakatawan ba nito ang kalooban ng Panginoon.


Ang mga karapat-dapat na maytaglay ng Melchizedek Priesthood ay makapagbibigay ng basbas sa kanilang mga inapo. Nakatala sa mga banal na kasulatan ang maraming gayong pagbabasbas, kabilang na ang kay Adan (tingnan sa D at T 107:53–57), kay Isaac (tingnan sa Genesis 27:28–29, 39–40; 28:3–4; Sa Mga Hebreo 11:20), kay Jacob (tingnan sa Genesis 48:9–22; 49; Sa Mga Hebreo 11:21), at kay Lehi (tingnan sa 2 Nephi 1:28–32; 4).



Sa makabagong paghahayag, iniutos sa mga magulang na miyembro ng Simbahan na dalhin ang kanilang mga anak “sa harapan ng simbahan,” kung saan ang mga elder ay “magpapatong ng kanilang mga kamay sa kanila sa pangalan ni Jesucristo, at babasbasan sila sa kanyang pangalan” (D at T 20:70). Ito ang dahilan kaya dinadala ng mga magulang ang mga sanggol sa sacrament meeting, kung saan binibigyan sila ng isang elder—na karaniwan ay ang ama—ng pangalan at basbas.

Ang mga basbas ng priesthood ay hindi limitado sa mga basbas na sinasambit kapag ipinatong ang mga kamay sa ulo ng isang tao. Ang mga basbas kung minsan ay hayagang ibinibigay sa mga grupo ng mga tao. Binasbasan ng propetang si Moises ang lahat ng anak ni Israel bago siya pumanaw (tingnan sa Deuteronomio 33:1). Si Propetang Joseph Smith ay “nagpahayag ng isang basbas sa kababaihan” na nagtatrabaho sa Kirtland Temple. Binasbasan din niya “ang kongregasyon.”<sup>1</sup>

Binasbasan din ng priesthood ang mga lugar. Ang mga bansa ay binasbasan at inilalaan para sa pangangaral ng ebanghelyo. Ang mga templo at bahay-sambahan ay inilalaan sa Panginoon sa pamamagitan ng isang basbas ng priesthood. Ang iba pang mga gusali ay inilalaan kapag ginagamit ang mga ito sa paglilingkod sa Panginoon. “Maaaring ilaan ng mga miyembro ng Simbahan ang kanilang tahanan bilang sagra-dong gusali kung saan makakatahan ang Banal na Espiritu.”<sup>2</sup> Maaaring mag-iwan ng basbas ng priesthood ang mga misyonero at iba pang maytaglay ng priesthood sa mga tahananang tumanggap sa kanila (tingnan sa Alma 10:7–11; D at T 75:19). Mga kabataang lalaki, hindi magtatagal at mahihilingan kayong magbigay ng gayong basbas. Umaasa ako na espirituwal ninyong inihahanda ang inyong sarili.



***Malaki ang naitutulong ng basbas ng priesthood sa pagdaig natin sa mga hadlang sa landas patungo sa buhay na walang hanggan.***

### **Mga Karanasan sa mga Basbas ng Priesthood**

Magbabanggit ako ng ilang iba pang halimbawa ng mga basbas ng priesthood.

Mga isandaang taon na ang lumipas, si Sarah Young Vance ay nakapasa sa pagiging komadrona. Bago siya nagsimulang maglingkod sa kababaihan ng Arizona, binasbasan siya ng isang lider ng priesthood na “lagi niyang gagawin ang tama at pinakamabuti para sa kapakanan ng kanyang mga pasyente.” Sa loob ng 45 taon, nakapagpasilang si Sarah ng mga 1,500 sanggol na wala ni isang ina o anak ang nasawi. “Tuwing may mahirap akong problema,” paggunita niya, “may isang bagay na tila laging nagbibigay ng inspirasyon sa akin at kahit paano nalalaman ko ang dapat kong gawin.”<sup>3</sup>

Noong 1864, tinawag si Joseph A. Young sa isang espesyal na misyon para pangasiwaan ang gawain ng Simbahan sa Silangan. Binasbasan siya ng kanyang ama, si Pangu-ulong Brigham Young, na humayo at

bumalik nang ligtas. Sa kanyang pagbalik, nadamay siya sa isang malagim na aksidente sa tren. “Nawasak ang buong tren,” pag-ulat niya, “pati na ang bagon na kinaroroonan ko hanggang sa isang upuan lang na layo sa kinauupuan ko, [ngunit] nakaligtas ako nang walang anumang galos.”<sup>4</sup>

Kapag binabanggit ko ang mga basbas ng priesthood, napupuno ng alaala ang aking isipan: naaalala ko ang mga anak kong lalaki at babae na humihiling ng mga basbas upang matulungan sila sa pinakamahihirap nilang karanasan sa buhay. Nagagalak ako kapag naaalala ko ang mga pangakong binigyang-inspirasyon at ang lumakas na pananampalataya nang matupad ang mga ito. Nakadarama ako ng pagmamalaki sa pananampalataya ng isang bagong henerasyon kapag naiisip ko ang isang anak, na nag-aalala sa professional examination niya at hindi makapunta sa kanyang ama na nasa malayo, na humiling ng basbas sa pinakamalapit na maytaglay ng priesthood sa kanyang pamilya, ang asawa ng kanyang kapatid. Naaalala ko ang isang nagugulumihanang bata na bagong binyag sa Simbahan na humihingi ng basbas na tulungan siyang baguhin ang masamang takbo ng kanyang buhay. Tumanggap siya ng di-pangkaraniwang basbas na ikina-manangha ko nang marinig ko ang mga salitang sinambit ko.

Huwag mag-atubiling humiling ng basbas ng priesthood kapag kailangan ninyo ng espirituwal na lakas. ■

*Mula sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 1987.*

#### **MGA TALA**

1. Joseph Smith, sa *History of the Church*, 2:399.
2. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 20.11.
3. Tingnan sa Leonard J. Arrington and Susan A. Madsen, *Sunbonnet Sisters: True Stories of Mormon Women and Frontier Life* (1984), 105.
4. Joseph A. Young, sa *Letters of Brigham Young to His Sons*, inedit ni Dean C. Jessee (1974), 4.

# PATOTOO

## *IBAHAGI ITO*

“Samakatwid, itaas ninyo ang inyong ilawan  
upang ito ay magliwanag sa sanlibutan”

(3 Nephi 18:24).







# KAPANGYARIHAN SA PANALANGIN

Ni Paul VanDenBerghe

Mga Magasin ng Simbahan

***Mula kaliwa: Nagtipun-tipon sina  
Joselito, Joahna, Rosa, at Ken sa  
harapan ng Cebu City Philippines  
Temple.***

*Nagkuwento ang mga kabataan sa  
pulo ng Cebu sa Pilipinas tungkol sa  
pagtanggap ng mga sagot sa kani-  
lang mga dalangin.*

Sa libu-libong pulo sa mundo, magkakasamang 7,107 isla ang bumubuo sa bansang Pilipinas sa Timog-Silangang Asya. Isang biro ang karaniwang maririnig sa Pilipinas na bagama't ito ay may 7,107 isla, iyon ay kapag low tide. Ang bilang ng mga isla ay bumababa sa 7,100 kapag high tide, kapag nakalubog ang ilang isla sa karagatan. Kaya ano ang ginagawa ng mga kabataang babae at lalaki sa Pilipinas para maipamuhay ang ebanghelyo kapag nahihirapan sila? Bumabaling sila sa Ama sa Langit sa panalangin.

May mga panahon sa ating buhay na maaari nating madama na nag-iisa tayo, ngunit kung aalalahanin natin na laging nariyan ang Ama sa Langit para sa atin—laging handang pakinggan at sagutin ang ating mga dalangin—makasasandig tayo sa katotohanang iyan at magkakaroon tayo ng pag-asa at tiwala dahil sa kaalamang iyan.

### Ang Panalangin ay Nagbibigay ng Tiwala

Ikinuwento ni Joselito B. na pinasali siya sa isang paligsahan sa pagkukuwento noong siya ay 12 taong gulang. Ipinasaulo sa kanya ng kanyang guro ang 10-pahinang iskrip na itatanghal niya sa harapan ng daan-daang iba pang mga estudyante at guro. Maaaring nakakatakot ito kaninuman, lalo na kay Joselito, na karaniwan ay kinakabahan kapag nasa entablado.

“Kaya ang una kong ginawa ay manalangin at humiling ng patnubay,” sabi ni Joselito. “Hiniling ko sa panalangin na kung may malimutan man ako sa iskrip ay makapagpatuloy pa rin ako at makaisip ng ibang sasabihin na aakma sa aking kuwento. Pagkatapos kong magdasal, naalala ko ang paborito kong talata mula sa Biblia sa Lumang Tipan. Ito ay nasa Mga Kawikaan 3:6, na nagsasabing, ‘Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga lakad, at kanyang ituturo ang iyong mga landas.’”

Kinabahan si Joselito. Ngunit buong linggo niyang sinikap na isaulo ang iskrip. At panay ang dasal niya araw-araw. Sa wakas dumating ang araw ng paligsahan.

Sa mga pagbati na nagbukas sa paligsahan, kabadungkabado pa rin si Joselito. “Pero habang nagkukuwento ako ay nawala ang kaba ko,” wika niya. “Ginawa ko ang makakaya ko, at alam kong tutulungan ako ng Diyos. Nanghina



ang loob ko at kinabahan dahil napakaraming estudyante, ngunit sinagot ng Diyos ang aking mga dalangin.”

Hindi lamang naalala ni Joselito ang iskrip sa kanyang kuwento, kundi maganda rin ang pagkasalaysay niya kaya siya ang nanguna sa paligsahan. Sabi ni Joselito, “Panalangin ang sagot kapag walang sinumang magpapanatag sa iyo. Laging nariyan ang Diyos para tulungan ka.”

### Ang Panalangin ay Nagbibigay ng Lakas

Noong bata pa si Ken G. na lumalaki sa isang aktibong pamilyang Banal sa mga Huling Araw, hindi siya nahirapan kailanman na panatilihing mataas ang kanyang mga pamantayan. Ngunit nang mag-hayskul na siya, naging mas mahirap ang mga bagay-bagay at kung minsan ay nadarama ni Ken na malayo siya mula sa mabuting impluwensya ng kanyang pamilya—lalo na sa paaralan.

“Talagang napakalapit sa akin ng mga kaibigan ko sa hayskul kahit hindi sila miyembro ng Simbahan,” sabi ni Ken. “Matibay pa rin ang pagsasamahan namin. Ang problema ay nagsimula silang gumawa ng mga bagay na hindi ayon sa mga pamantayan ng ating Simbahan.”

Sa bahay madali lang para kay Ken na piliin ang tama, pero sinabi niya na pagdating niya sa paaralan at hindi na niya kasama ang kanyang pamilya para gabayan siya, nagsimula na siyang gumawa ng mga maling paksiya. “Inaamin ko na nakagawa ako ng mga bagay na hindi ayon sa mga pamantayan ng Simbahan, kaya sa seminary pakiramdam ko ay laging ako ang paksa sa aralin.”

Noon natanto ni Ken na gusto niyang magbago, ngunit hindi sapat ang lakas niya para magawa itong mag-isa. “Kaya nagpasiya akong manalangin sa Diyos na bigyan ako ng lakas at tapang na magsabi ng hindi sa mga kaibigan ko kapag gumawa sila ng masama,” paliwanag niya. “At nadarama ko na sinagot ng Diyos ang aking mga dalangin. Naging mas madali sa akin ang magsabi ng hindi tuwing may ipagagawang mali sa akin o inuudyukan ako ng mga kaibigan ko. May kaalaman na ako at alam ko ang tama at mali. Ngunit, sa pamamagitan ng panalangin, nadama ko na parang may lakas at



### ISANG UGNA- YANG AKING ITINATANGI

“Walang araw na lumipas na hindi ako nakikipag-ugnayan sa aking Ama sa Langit sa pamamagitan ng panalangin. Isang ugnayan ito na aking itinatangi—talagang hindi ko alam ang gagawin kung wala ito. Kung sa ngayon ay hindi gayon ang inyong kaugnayan sa inyong Ama sa Langit, hinihimok ko kayo na mithiin ninyong makipag-ugnayan sa Kanya. Kapag ginawa ninyo ito, matatanggap ninyo ang Kanyang inspirasyon at patnubay sa buhay.”

**Pangulong Thomas S. Monson, “Tumayo sa mga Banal na Lugar,” *Liahona*, Nob. 2011, 84.**



### Manood ng Video

Para mapanood ang video tungkol sa kuwento ni Tania (sa Ingles, Portuges at Espanyol), bumisita sa [youth.lds.org](http://youth.lds.org) at hanapin ang video na “Pure and Simple Faith” sa Youth Theme, 2012.

sabi ni Tania, “pero nadama kong bumulong ang Espiritu Santo na bilhin ko na iyon, kaya binili ko nga. Ngayon 20 piso na lang ang natira sa akin, pero marami pa rin akong bibilhin, pati na diapers para sa kapatid ko at malinis na tubig na maiinom. Kaya pumunta ako sa kabilang tindahan para bumili ng pagkain, at napakamahal nito. Dumukot ako sa bulsang pinaglagyan ko ng 20 piso, at may limang 20 pisong papel na nakabilot doon. Napaiyak ako sa harap mismo ng may-ari ng tindahan.

“Sa huli ay nabili ko rin ang lahat ng kailangan namin,” sabi ni Tania, “at may sapat na kaming pamasaha para makasimba kinabukasan. Pag-uwi ko, pumasok ako sa aking silid at nagdasal para pasalamatang ang Diyos sa pagpapalang ibinigay Niya sa amin. Alam ko na totoong buhay ang Diyos at sinasagot ang ating mga dalangin, lalo na sa mga oras na kailangang-kailangan natin siya at nagdarasal tayo nang taimtim. Talagang sasagutin niya ang panalangin iyon.”

### Ang Panalangin ay Pinananatili Tayong Malapit sa Ating Ama sa Langit

Bagama’t matitiyak natin na pinakikinggan at sinasagot ng ating Ama sa Langit ang ating mga dalangin, kailangan nating alalahanin na ang ating mga panalangin ay hindi laging sinasagot kaagad at hindi laging ayon sa paraang gusto natin. Ang ating mga dalangin ay sinasagot ayon sa kalooban at takdang panahon ng Diyos.

Natutuhan ng bawat kabataang ito mula sa isla ng Cebu sa Pilipinas na sa magaganda at mahihirap na panahon, kapag may mga kasama tayo o nag-iisa, high tide man o low tide, laging nariyan ang ating Ama sa Langit para sa atin. At kung babaling tayo sa Kanya sa taimtim na panalangin, lagi Siyang handang pagpalain tayo. ■

kaloob akong magsabi ng hindi at gawin ang tama.”

Sinabi ni Ken na ang pinakamahalagang bagay na natutuhan niya mula sa karana-sang ito ay na “ang panalangin ay tanda ng iyong pagpapakumbaba, dahil inaamin mo sa iyong sarili na ikaw ay mahina at tanging Diyos lamang ang makatutulong sa iyo na maging malakas” (tingnan sa D at T 112:10).

### Ang Panalangin ay Naghahatid ng mga Pagpapala

Kung minsan hindi lang kapanatagan o lakas ang kailangan natin; kung minsan ang mga pagpapalang kailangan natin ay temporal. Naalala ni Tania D. ang gayong pangyayari. Ang kanyang pamilya ay dumaranas noon ng malaking problema sa pera. “Sabado ng gabi noon, at 40 piso lang [mga US\$1] ang natira sa amin para sa linggong iyon, at wala kaming pagkain o kahit uling na panluto sa bahay,” sabi ni Tania. “Ibinigay ng nanay ko ang listahan ng mga kailangan namin, at kailangan namin ng 250 piso para mabiling lahat iyon. Ang unang kailangan naming bilhin ay uling para makaluto kami ng pagkain.” Nakita ni Tania na kulang ang pera para mabiling lahat iyon. Pagkatapos natanto niya na wala silang pamasaha sa bus para makasimba kinabukasan. “Sinabi ko kay Inay na wala kaming sapat na pamasaha para makasimba. Pero talagang tapat si Inay, at sinabi lang niya sa akin na ‘Bahala na ang Diyos.’

“Habang papunta ako sa tindahan umi-iyak ako dahil hindi sapat ang pera namin para mabili ang lahat ng kailangan namin, at hindi ko na alam ang gagawin ko,” sabi ni Tania. At binilot niya ang isa sa mga 20-pisong papel at ibinulsa iyon, ginawa niya ang tanging bagay na naisip niyang gawin na makatutulong—nagdasal siya. “Nagdasal ako sa Ama sa Langit na kahit paano ay matugunan namin ang aming mga pangangailangan.”

Nang makarating siya sa unang tindahan, nalaman niya na ang presyo ng uling ay hindi na 5 piso kundi tumaas na sa 20 piso. “Nag-alangan akong bilhin iyon,”



# ISANG PANGAKO AT ISANG PANALANGIN

Ni Pablo Mireles Betts

Ang nakamamangha sa akin sa Aklat ni Mormon ay ang malaki at walang-hanggang pagbabagong dulot nito sa mga tao bago pa man sila naging miyembro ng Simbahan. Bilang misyonero sa Mexico Cuernavaca Mission, nakita ko mismo ang malaking pagbabagong ito.


Noong anim na buwan na ako sa misyon, pinaturuan ng isang miyembro ng branch sa aming magkompanyon ang isang 20-taong-gulang na babae at kanyang pamilya. Hindi naunawaan ng dalaga kung ano ang paniniwala ng mga Banal sa mga Huling Araw at marami siyang tanong. Batid na sinasagot ng Aklat ni Mormon ang mga tanong ng kaluluwa, ibinigay namin sa kanya ang aklat at ibinahagi ang pangakong nakasaad dito tungkol sa taimtim na panalangin upang malaman kung ito ay totoo.

Tatlong Linggo siyang nagsimba, at patuloy namin siyang tinuruan. Hindi namin alam na nagawa na niya ang isang mahalagang hakbang: nanalangin na siya tungkol sa Aklat ni Mormon. Sa isang partikular na aralin, ikinuwento niya sa amin ang kanyang karanasan. Pinag-isipan niyang maibuti ang mga araling itinuturo namin, at hinangad niyang manalangin

mag-isa. Lumuhod siya at itinanong niya sa Diyos kung totoo ang Aklat ni Mormon. Ang kapayapaang nadama niya matapos manalangin ay humimok sa kanya na basahin pa ang aklat. Habang nagbabasa, nadama niya ang Espiritu.

Nang gunitain niya ang kanyang naranasan, sinabi niya sa amin, “Nadama ko na ako ay espesyal at hindi ko pa ito nadama kailanman. May nagsimulang pumuno sa buong kahungkagan ng buhay ko na walang ibang makapupuno. Napakasaya ko kaya napaiyak ako. Hindi ako makapaniwala sa nadama ko, ngunit alam kong sinagot ako ng aking Ama sa Langit, na kilala Niya ako, at mahal Niya ako nang sapat para pakinggan ako at sagutin ang aking dalangin.”

Tuwang-tuwa ako nang ikuwento niya ang kanyang karanasan. Alam ko na ako ay nasa sagradong lugar sa pagkakataong iyon. Pinagtibay sa akin ng Espiritu Santo na totoo ang kanyang mga sinabi. Mula sa kanyang patotoo napaalalahanan ako ng dakilang pagmamahal sa atin ng ating Ama sa Langit; mahal na mahal Niya tayo kaya ibinigay Niya sa atin ang Aklat ni Mormon bilang kasangkapan upang makilala Siya at ang Kanyang katotohanan. Kapag sinunod natin



*Ang Aklat ni Mormon ay may kapangyarihang tulongan ang sinumang gustong malaman kung ito ay totoo.*

ang mga alituntuning nasa Aklat ni Mormon, magbabago ang ating buhay.

Naaalala ko pa kung paano nagtapos ang araling iyon. Itinanong sa amin ng dalaga, “Ano ang mangyayari ngayong alam ko nang totoo ang Aklat ni Mormon?”

“Magpabinyag ka,” tugon namin.

Simple lang ang sagot niya pero ipinakita nito ang katatagan at kasimplehan ng kanyang patotoo: “Kung gayon magpapabinyag ako.”

Ang Aklat ni Mormon ay may kapangyarihang tulongan tayo na makatagpo ng kaligayahan at kapayapaan. Kapag binasa natin ito, magkakaroon tayo ng matatag na determinasyong ipamuhay ang ebanghelyo ni Jesucristo, tulad ng dalagang ito na determinadong tularan ang halimbawa ng Tagapagligtas sa pagpapabinyag. ■

# Ano ang DALISAY NA PATOTOO?

Ni Elyse Alexandria Holmes

*Mas malakas pa marahil ang iyong patotoo kaysa inaakala mo.*

**N**akaupo ka sa testimony meeting. Habang minamasdan mo ang pagtayo at pagbabahagi ng patotoo ng mga miyembro ng kongregasyon, nadarama mo na parang dapat ay ikaw rin. Pero ano ang sasabihin mo? At paano kung mapaiyak ka habang naroon ka sa itaas? O paano kung *hindi* ka mapaiyak? Maaari kang magalinlangan kung mayroon ka ngang patotoo. O hindi mo siguro tiyak kung ano ang patotoo mo. Narito ang ilang tuntuning makatutulong sa iyo na malaman kung ano ang patotoo at ano ang hindi.

**Ang Patotoo ay Isang Pananalig, Kaalaman, o Paniniwala sa Katotohanan**

Ang “dalisyay na patotoo” (Alma 4:19) ay nagsisimula sa dalisyay na paniniwala. Ang iyong patotoo ay espirituwal na saksi ng pinaniniwalaan mo o alam mong totoo (tingnan sa D at T 80:4). Kapag ibinahagi mo ang iyong patotoo, ang mga bahaging pinakadalisyay at pinakamalakas ay magmumula sa mga salitang tulad ng *alam*, *naniniwala*, at *pinatotohanan*. Kung taos mong masasabi na, “Alam ko na ang Aklat ni Mormon ay totoo,” magkakaroon ka ng



Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, “Paghihintay sa Daan patungong Damasco,” *Liahona*, Mayo 2011, 70.

**PAGKAKITA SA MALAKING LARAWAN**

“Ang mga masigasig na naghahangad na matuto tungkol kay Cristo ay makikilala Siya kalaunan. Personal nilang matatanggap ang banal na larawan ng Panginoon, bagama’t ito kadalasan ay darating na parang isang puzzle—paisa-isa. Bawat piraso ay hindi madaling makilala kapag nag-iisa; maaaring hindi malinaw kung paano ito nauugnay sa buong larawan. Bawat piraso ay tumutulong sa atin na mas malinaw na makita ang malaking larawan. Kalaunan, kapag sapat na ang mga pirasong napagdugtong-dugtong, makikita natin ang buong kagandahan nito. Pagkatapos, kapag ginunita natin ang ating karanasan, makikita natin na talagang nakapiling natin ang Tagapagligtas—hindi biglaan kundi marahan, banayad, halos hindi mapansin.”

kapangyarihang baguhin ang mga buhay at anyayahan ang Espiritu na antigin ang iba.

Ilarawan sa isipan na may malaki kang kahon na puno ng mga piraso ng puzzle na ginawa para lang sa iyo. Gamit ang larawan sa harapan ng kahon, sinikap mong buuin ang puzzle. Kapag nag-akma ang dalawang piraso ng puzzle mo, alam mong magkasama ang mga ito. Gayon din ang mga patotoo. Kapag nagkaroon ka ng mga espirituwal na karanasan, iba't ibang piraso ng iyong patotoo ang mag-aakma, at maniniwala ka o malalaman mo ang ilang katotohanan tungkol sa ebanghelyo.

Kahit hindi mo pa alam ngayon kung lahat ng bagay tungkol sa Simbahan ay totoo, pagpapalain ka ng Ama sa Langit at tutulungan kang matuto hangga't may mabuti kang hangaring makaalam at talagang sinikap mong matuto.

### Ang Patotoo ay Personal

Habang binubuo mo ang puzzle, paminsan-minsan ay maaari kang tulungan ng iyong pamilya at mga kaibigan na buuin ito. Ngunit sa huli, iyo lang ang puzzle na ito para buuin



at protektahan. Maaari kang umasa kung minsan sa pananam-palataya ng iyong mga magulang o kaibigan, ngunit kapag naragdagan ang iyong espirituwal na karanasan, mapapanatili mo ang sarili mong patotoo.

Habang umuunlad ka sa ebanghelyo, mahalagang magkaroon ng sarili mong patotoo. Tulad ng dalawang tao na magkaiba ng paraan sa pagbuo ng puzzle—marahil ay uunahing pagdugtungin ng isang tao ang mga piraso sa gilid samantalang uunahin namang pagdugtungin ng iba ang magkakatumang kulay—bawat isa

### NARITO ANG SINABI NG MGA KABATAAN TUNGKOL SA DALISAY NA PATOTOO

“Kung minsan ang pinakadakilang mga patotoo ay yaong mga patotoo na katulad ng sa mga bata. Ang pinakamagandang patotoo ay kapag nagpatotoo ka na buhay si Jesucristo, na buhay ang ating Ama sa Langit, at mahal Niya tayo.”

—Matias C., Argentina

“Naniniwala ako na mahalagang magkaroon ng dalisay na patotoo dahil magagamit mo ang patotoong iyan upang madala ang iba sa ebanghelyo.”—Quaid H., Australia

“Isang patotoo ang pinakamalaking angkla ninyo. Anuman ang mangyari sa paligid mo, kung malakas ang iyong patotoo, mas maayos mong mahaharap ang mga problema.”

—Zane V., California, USA

“Sa tingin ko ang dalisay na patotoo ay isang bagay na kailangang matuklasan mo sa sarili mo at talagang pinaniniwalaan mo, kapag nagbahagi ka ng patotoo, maaantig mo ang iba at palalaksin din niyong ang kanilang patotoo.”—Zamagomane M., South Africa



PATOTOO





sa atin ay nagkakaroon ng patotoo sa pamamagitan ng mga pani-niwala at karanasang natatangi sa atin.

Kung hindi ka nakatitiyak tungkol sa anumang bagay, taimtim na manalangin para sa patnubay at katotohanan. Kadalasan ang mga dalangin ay hindi nasasagot sa paraang inaasahan natin, kaya buksan mo ang iyong mga mata at puso para sa mga sagot.

### Ang Patotoo ay Patuloy na Lumalakas

Tulad ng hindi mo mailalabas ng kahon ang isang nabuong puzzle nang wala kang ginagawa, hindi mo maaasahang magkaron ka ng patotoo nang biglaan. Natututuhan mo, nang paisa-isa, ang katotohanan ng ebanghelyo.

Ang pagpapanatiling malakas ng patotoo ay nangangailangan ng palagiang pagsisikap. Habang patuloy mong dinaragdagan ang iyong kaalaman sa ebanghelyo, pagpapalain ka ng Espiritu Santo sa iyong pagsisikap at patuloy na lalakas ang iyong patotoo. ■

# Kailangan ko bang . . . ?

## Kailangan ko bang magbahagi ng isang kuwento o karanasan kapag nagpapatotoo ako?

Madalas magbahagi ng mga kuwento o personal na karanasan ang mga tao kapag nagpapatotoo sila, at magandang paraan ito para mailarawan kung paano lumakas ang isang patotoo. Ngunit ang isang kuwento ay hindi isang patotoo. Isang maikli, may kaugnayang kuwento ang maaaring makatulong sa iyo upang mailarawan mo ang isang punto, ngunit tiyaking isama *kung paano* pinalakas ng kuwentong iyon ang patotoo mo at *kung ano* ang mga katotohanan ng ebanghelyo na natutuhan mo



mula sa karanasang iyon. Ang isang patotoo ay kung ano ang *alam* mo tungkol sa ebanghelyo, hindi tungkol sa pinanggalingan mo o sa nagawa mo.

Itinuro ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol: “Ang patotoo ay ang bagay na alam nating totoo sa ating puso’t isipan ayon sa pagsaksi ng Espiritu Santo (tingnan sa D at T 8:2). Kapag nagpahayag tayo ng katotohanan sa halip na manghikayat, manghimok, o basta magbahagi ng nakatutuwang mga karanasan, inaanyayahan natin ang Espiritu Santo na pagtibayin ang katotohanan ng ating sinabi.”<sup>1</sup>

Maging maingat din sa mga karanasang ibinabahagi ninyo. Ang ilan ay napaka-personal sa inyong sarili o sa iba, kabilang na ang mga kuwento tungkol sa kasalanan, pagsisisi, at mga sagradong espirituwal na karanasan. Ang mga kuwentong tulad nito ay hindi natin dapat ibahagi sa mga tao maliban kung nainspirasyunan kayong gawin ito. Kapag nainspirasyunan kayo, gawin itong pangkalahatan, na nakatuon sa natutuhan ninyo mula sa karanasan sa halip na sa mga detalye ng nangyari.

### Kailangan ko bang magpahayag ng pasasalamat o pagmamahal sa aking patotoo?

Bagama’t hindi naman mali na magpahayag ng pagmamahal o pasasalamat kapag nagpapatotoo ka, ang ganitong pagpapahayag ay hindi itinuturing na patotoo. Ang mga patotoo ay nakatuon sa espirituwal na natutuhan mo tungkol sa ebanghelyo. Ang pagpapahayag ng pagmamahal o pasasalamat ay hindi dapat humalili sa patotoo.

Sinabi ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Nag-aalala [ako] na napakarami sa mga patotoo ng mga miyembro natin ay nakapagkit sa ‘Nagpapasalamat ako’ at Mahal ko,’ at kakaunti ang nakapagsasabi nang mapakumbaba at malinaw na, ‘Alam ko.’”<sup>2</sup>

### Kailangan ba akong umiyak o magpakita ng matinding damdamin para magkaroon ng *tunay* na patotoo?

Maraming taong umiyak o nagpapakita ng matinding damdamin kapag nagpapatotoo sila o naaantig ng Espiritu, ngunit hindi lahat ay ganoon ang reaksyon kapag nadama niya ang Espiritu. Hindi

mo kailangang magpakita ng matinding damdamin na tulad ng iba kapag nagpatotoo ka.

Sinabi ni Pangulong Howard W. Hunter (1907–95): “Nag-aalala ako kapag parang itinuturing na pagtataglay ng Espiritu ang matinding damdamin o malayang pagdaloy ng luha. Totoong ang Espiritu ng Panginoon ay makapagdudulot ng matinding damdamin, kasama na ang mga pagluha, ngunit hindi dapat ipagkamali ang panlabas na manipestasyong iyon sa presensya mismo ng Espiritu.”<sup>3</sup>

### Kung hindi ko tiyak na mayroon akong patotoo, susubukan ko pa rin bang ibahagi ito?

Madaling madama na ang patotoo mo ay hindi malakas o hindi makabuluhang ibahagi, ngunit kapag ibinahagi mo ang iyong patotoo, matutuklasan mo kung gaano kalakas ang iyong patotoo! Huwag matakot na ibahagi ang iyong patotoo. Matutuklasan mo na kapag higit mo pang ibinahagi ang iyong patotoo, lalo itong lumalakas.

Sinabi ni Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol:

“Karaniwan nang sinasabi ng isang misyonero, ‘Paano ako magbabahagi ng patotoo [kung wala pa] ako nito? Paano ko mapatotohanang buhay ang Diyos, na si Jesus ang Cristo, at ang ebanghelyo ay totoo? Kung wala ako ng gayong patotoo, hindi ba kasinungalingan iyon?’

“Ah, kung maituturo ko lang sa inyo ang isang alituntuning ito: *ang isang patotoo ay matatagpuan sa pagbabahagi nito!* Sa paghahanap ninyo ng espirituwal na kaalaman, may isang ‘lukso ng pananampalataya,’ sabi nga ng mga philosopher. Ito ang sandaling narating na ninyo ang dulo ng liwanag at napunta kayo sa kadiliman para matuklasan na sa isa o dalawang hakbang lamang ay may liwanag na sa daan.”<sup>4</sup>

#### MGA TALA

1. David A. Bednar, “Mas Masigasig at Mapagmalasakit sa Tahanan,” *Liahona*, Nob. 2009, 19.
2. M. Russell Ballard, “Dalisyang Patotoo,” *Liahona*, Nob. 2004, 41.
3. Howard W. Hunter, sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 110.
4. Boyd K. Packer, “Ang Paghahangad sa Espirituwal na Kaalaman,” *Liahona*, Ene. 2007, 18.



Kung naitanong mo na sa sarili mo ang mga ito, narito ang ilang sagot.

# PAGKUKUNWARI sa Harap ng Ibang Tao

*Ang buhay ko ay puro pagkukunwari hanggang sa magpasiya akong magbago.*

**Ni Brittany Thompson**

**P**ara sa akin bilang tinedyer, ang paaralan ay puno ng pagkukunwari. Alam n'yo na, 'yun bang kontrabida sa pelikula na perpekto at magandang bumigkas ng mga linya at dahil dito ay nagiging kahanga-hanga siya? Gustung-gusto kong magawa iyon. Sinubukan kong maging sikat tulad ng pinakamahusay na mga kontrabida. Nagkunwari akong mababa ang mga pamantayan ko dahil gusto kong pahangain ang mga kaibigan ko sa paaralan. Gusto ko ang tunog ng halakhakan kapag may sinabi akong hindi maganda o nagbiro ako tungkol sa ibang tao.

Gusto kong hangaan ako ng tao. Kaya inisip ko kung paano matutuwa sa akin ang mga tao. Naging komedyante ako sa aming klase sa biology, nakumbinsi ko ang koponan ko sa volleyball na mahilig akong dumalo sa mga party, at sinira ko ang reputasyon ko na isa akong dalagitang inosente at walang-muwang. Naisip ko, "Ayaw kong isipin ng mga kaibigan ko na napakabanal ko!"

Bagama't hindi naman ako gumagawa ng mabibigat na kasalanan tulad ng akala ng mga tao, desperado kong kinumbinsi ang sarili ko na OK lang

na magaspang ang ugali ko. Maling-mali ako! Ang pagkukunwari ko ay humantong sa punto na hindi ko na ito kayang tanggapin. Habang lalo akong nagiging popular, lalo kong hindi nagustuhan ang ginagawa ko.

Isang araw, pinag-uusapan ng dalawa sa mga kaibigan ko ang isang mahinhin at mabait na atletang nangangalang Jennifer na hindi nahihiyang manindigan sa kanyang mga paniniwala. Sabi ng isa sa mga kaibigan ko, na pinakamaganda, pinakapopular, at pinakamatalinong babae sa ikapitong baitang, "Kakaiba si Jennifer. Sana sapat ang tapang ko para manalig sa aking simbahan tulad niya. Siya lang ang taong nakilala ko na namumuhay nang ganoon." Natigilan ako.

"Paano niya nasabi ang gayong bagay nang hindi man lang ako binabanggit?" Naisip ko. "Tutal, mataas naman ang mga pamantayan ng simbahan ko!" Nagalit ako na hindi man lang niya ako itinuring na isang mabuting halimbawa. Pagkatapos, bigla kong naramdaman na parang nakaupo ako sa unahan ng isang sinehan na nagpapalabas ng sarili kong buhay.

Inisip ko ang masamang halimbawang ipinakita ko sa aking mga kaibigan. Anong klaseng bata ang manonood sa akin at iisiping, "Sana naging matapang ako at kakaiba tulad niya"? Hindi ko nagustuhan ang kinahinatnan ko.

Ang baguhin ang aking pagkatao at reputasyon ay mahabang proseso, at sinisikap ko pa ring itikom ang aking bibig sa halip na mang-insulto para matuwa ang mga tao. Gayunman natanto ko na mapapatawa ko ang aking mga kaibigan nang hindi sinasaktan ang damdamin ng iba, at maaari akong umalis ng silid kapag may nagsalita ng masama nang hindi ako pinagtatawanan. Hindi kailangang maging "kontrabida" ang sinuman para magkaroon ng maraming kaibigan. Binago ko ang aking ugali at kilos dahil mas mabuting sundin ang pinaniniwalaan ko kaysa itago ang tunay kong pagkatao. ■





# Isang Bulong ng Kabaitan

*“Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, gawan ninyo ng mabuti ang nangapopoot sa inyo” (Lucas 6:27).*

**Ni Deborah Moore**

Batay sa tunay na buhay

**“N**arito ngayon si Carson,” sabi ng nanay ni James habang itinuturo ang isang batang lalaking nasa pasilyo sa tabi ng silid ng Primary.

Napaangil si James. Naka-maong na pantalon at lumang kamiseta si Carson. Alam ni James na hindi siya papayagan ng kanyang nanay at tatay na magsuot ng ganoong damit sa simbahan, at hindi rin nila siya hahayaang gawin ang iba pang bagay na ginagawa ni Carson.

Noong isang linggo sa paaralan, pinalabas ng klase si Carson dahil sumagot siya nang pabalang sa guro. Lagi niyang pinagtatawanan ang pananamit ni James at tinutukso pa dahil siya ang pinakamaliit na bata sa paaralan.

“Paano po kung sigawan niya si Sister Win o mag-umpisa siya ng away?” tanong ni James.

“Sigurado kong magiging maayos ang lahat,” sabi ni Inay. “Hindi pa nakasimba si Carson kahit kailan, at siguro ay kinakabahan siya.”

Nang nagsimula na ang klase, itinanong ni Sister Win kung sino ang nagdala ng kanilang mga banal na kasulatan. Nagtaas ng kamay si James at ang buong klase, pero umiling si Carson. Mukhang nahihya siya, na ikinagulat ni James.

Karaniwan nang magbiro si Carson kapag hindi niya nagawa ang homework niya. Pero habang lalo itong iniisip ni James, lalo niyang naiisip kung ano ang pakiramdam ng dumalo sa ibang simbahan sa unang pagkakataon.

Iniabot ni Sister Win kay Carson ang kanyang mga banal na kasulatan para ipagamit. Nang si Carson na ang magbabasa, nag-alala si James. Paano kung ihagis ni Carson ang mga banal na kasulatan sa sahig o ayaw nitong magbasa?

Pero hindi ginawa ni Carson ang anumang salita sa pahina at sumimangot. Pagkaraan ng isang sandali, natanto ni James na hindi gaanong makabasa si Carson. Hindi ito napanasin noon ni James sa paaralan.

*Ano sa palagay ninyo ang gagawin ni James? Pagtatawanan ba ni James si Carson? Hindi ba niya ito papansinin? Ano ang gagawin ninyo kung kayo si James? Tingnan ang susunod na pahina at alamin ang nangyari.*



Nilapitan ni James si Carson at bumulong, “Katotohanan.”

Nagulat si Carson, pero sinambit niya ang salita at patuloy na binasa ang talata. Kapag hirap siyang bigkasin ang isang salita, tinutulungan siya ni James. Nang matapos na siyang magbasa, tumingin si Carson kay James at tumango.

Hindi sigurado si James kung maiiba ang mga pangyayari sa paaralan pagkatapos nito.

Ang nakakatawa ay hindi iyon mahalaga sa kanya. Masaya siya na natulungan niya ang isang batang lalaking laging nanunukso sa kanya noon, at walang sinumang makakakuha ng kasiyahang iyon sa kanya. ■



**I**sang araw naglalaro kami ng mga kaibigan ko sa palaruan nang may isa pang batang babae sumali sa amin.

Kilala siyang mahilig mang-away ng ibang bata at may kapilyahan. Sinimulan niyang baguhin ang mga dapat gawin sa larong sinabi ko, “Maglaro ka sa paraang gusto mo, basta’t maglalaro kami sa gusto naming paraan.” Nawalan siya ng gana at umalis. Maya-maya naisip ko ang nasabi ko sa batang babae. Alam kong nasaktan ko ang damdamin niya. Nang muli ko siyang makita sinabi ko, “Pasensya ka na. Hindi ko sinabing hindi ka puwedeng makipaglaro sa amin.” Ayos lang daw iyon. Hindi nga kami magkaibigan ng batang iyon, pero alam ko na ginawa ko ang gustong ipagawa sa akin ni Jesus sa pamamagitan ng pagiging mabait sa kanya.

Raegen K., edad 9, Utah, USA

## ANG DAPAT IKILOS








*Nagbahagi ng ilang ideya si Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol tungkol sa tanong na ito.*

## Nabuhay ang mga naunang pioneer noong araw. **Ano ang matututuhan ko sa kanila?**



**T**uwing ika-24 ng Hulyo, ipinagdiriwang natin ang pagdating ng mga pioneer sa Salt Lake Valley.

Iniwan nila ang lahat-lahat—kanilang tahanan, negosyo, bukirin, at maging ang kanilang pinakamahal na pamilya—para maglakbay sa ilang.

Nagsayawan at nag-awitan ang

mga pioneer habang patawid ng kapatagan. Paraan nila ito para manatili silang masaya sa kabila ng matitinding hirap.

Taglay ang matibay na pananalig sa Diyos at sa kanilang mga lider, masigasig na nagtrabaho ang mga naunang pioneer para magtayo ng magagandang komunidad sa mga lambak ng kabundukan.

Napakaringal na pamana ng pananampalataya, tapang, at pagkamalikhain ang iniwan sa atin ng mga dakilang pioneer na ito para masandigan natin. ■

*Mula sa "Ang Lumang Paraan ng Pagharap sa Kinabukasan," Liahona, Nob. 2009, 74; "A Meaningful Celebration," Ensign, Nob. 1987, 70, 72.*



# Paglikha ng **Kasaysayan**

Ni Chad E. Phares

Mga Magasin ng Simbahan

**S**ina Soma, Eszter, at Kata B. ay nakatira sa Budapest, Hungary, isang lungsod na may makasaysayang mga palasyo, kaharian, at magagandang gawang-sining at gusali. Bagama't natututo ang mga bata sa paaralan tungkol sa

kasaysayan ng kanilang lungsod, interesado rin silang matuto tungkol sa isa pang uri ng kasaysayan—kasaysayan ng Simbahan.

“Gusto kong malaman ang tungkol sa pagdarasal ni Joseph Smith at pagpapakita sa kanya ng Ama

sa Langit at ni Jesus,” sabi ni Eszter, edad 7.

Gustong magbasa ni Soma, edad 10, tungkol kay Nakababatang Alma: “Dati siyang salbahe, pero gusto ko ‘yung pagpili niya na maging mabait.”

Kaunti lang sa Budapest ang nakaalam tungkol kay Joseph Smith o kay Nakababatang Alma, pero umaasa sina Soma, Eszter, at Kata, edad 5, na habang nagpapakita sila ng mabuting halimbawa at pinipili nila ang tama, mas maraming Hungarian pa ang ma-kaalam tungkol sa Simbahan. ■







Sining ang paboritong asignatura ni Eszter sa paaralan.




Ang Aklat ni Mormon ay inilathala sa Hungary noong 1991.



Gustong-gustong magbisikleta ni Soma sa malapit sa bahay nila.

Halos isa sa bawat 2,200 tao sa Hungary ay miyembro ng Simbahan.



Ang Freiberg Germany Temple ang pinakamalapit na templo sa Budapest. Mga 350 milya (560 km) ang layo nito.



Freiberg Germany Temple

GERMANY

HUNGARY

Dagat na Itim

Dagat ng Mediterania

Magagamit ninyo ang aralin at aktibidad na ito para matutuhan pa ang iba tungkol sa tema ng Primary sa buwang ito.

# Pinipili Ko ang Tama sa Pamamagitan ng Pamumuhay ayon sa mga Alituntunin ng Ebanghelyo



**M**awawari ba ninyo na papunta kayo sa misyon at hindi ninyo alam kung kailan kayo babalik sa pamilya ninyo? Ano kaya ang mararamdaman ninyo? Ano ang gagawin ninyo para makapaghandá?

Ang apat na anak na lalaki ni Haring Mosias—sina Ammon, Aaron, Omner, at Himni—at ang kaibigan nilang si Alma ay nagmisyon nang 14 na taon. Bawat isa sa mga anak ni Mosias ay maaari sanang maging hari ng sarili nilang bansa, pero pinili nilang sundin ang kanilang nadarama. Sila at si Alma ay nagbalik-loob sa ebanghelyo ni Jesucristo, at gusto nilang ibahagi ang ebanghelyo sa mga Lamanita, na mga kaaway nila.

Alam ng mga kabataang ito na hindi nila maisasagawa ang kaniyang misyon nang walang kapangyarihan mula sa Diyos. Ipinaliwanag sa Alma 17:2–3 kung paano nila nakuha ang kapangyarihang ito: “Sinailsik nila nang masigasig ang mga banal na kasulatan upang malaman nila ang salita ng Diyos. . . . Itinuon nila ang kanilang sarili sa maraming panalangin, at pag-aayuno; kaya nga taglay nila ang diwa ng propesiya, at ang diwa ng paghahayag, at kapag sila ay nagturo, sila ay nagtuturo nang may kapangyarihan at karapatan ng Diyos.”

Ang pag-aayuno at pagdarasal ay nakatulong sa mga kabataang ito na makatanggap ng mga pagpapala

mula sa Diyos. Tulad ni Alma at ng mga anak na lalaki ni Mosias, maaari kayong mag-ayuno at manalangin para mapaghandá ang pagtanggap ng mga pagpapala ng Ama sa Langit sa inyo. ■



## Awit at Banal na Kasulatan

- “Ang Matalino at ang Hangal,” *Aklat ng mga Awit Pambata*, 132.
- 1 Nephi 3:16





### Ikaw Lang


Maglagay ng makulay na bato sa kama mo bilang paalala na magdasal at ipaalam sa Ama sa Langit ang ipinag-aayuno mo. Pagkatapos mong magdasal para simulan ang iyong pag-aayuno, ilagay ang bato sa sahi sa tabi ng kama mo. Pagkatapos mong mag-aayuno, magsisilbing paalala ang bato na dapat kang lumuhod at magdasal. Magagamit mo ang batong ito bilang paalala sa Linggo ng ayuno buwan-buwan at kapag may mga espesyal na pag-aayuno kayong gagawin ng iyong pamilya, ward, o branch.

### Kailangan mo ng:

isang makinis na bato  
acrylic paint o mga colored marker  
brotsa




1.




Hugasan ang bato at patuyuin.

2.




Maglagay ng kaunting pintura sa isang paper plate o scrap paper.

3.



Gamitin ang brotsa o marker para lagyan ng dekorasyon ang bato. Isulat ang pangalan mo sa ibabaw nito o magdrawing ng ibang disenyo o hugis.

4.



Patuyuin nang husto ang pintura at ipatong ang bato sa kama mo.

### Oras ng PAT: Pagdarasal at Pag-aayuno

Bilang pamilya, talakayin ang kahalagahan ng pagdarasal bago at pagkatapos mag-aayuno. Sa susunod na pag-aayuno ng iyong pamilya, pag-usapan ang isang layunin nito. Simulan ang iyong pag-aayuno sa pagdarasal at pakikipag-usap sa Ama sa Langit tungkol sa dahilan ng iyong pag-aayuno.

# PATOTOO ni Thomas

*“Ako, ang Panginoon, ay nagbibigay sa inyo ng isang patotoo sa katotohanan” (D at T 67:4).*



## Ni Joshua J. Perkey

Mga Magasin ng Simbahan

Batay sa tunay na buhay

**F**amily home evening iyon, at may bahaging gagawin ang bawat isa. Si Inay ang conducting. Si Itay ang magbibigay ng lesson. Ang mga bata ang bahala sa panalangin, awitin, at aktibidad—maliban kay Thomas. Sa

linggong iyon si Thomas ang nakakdang magpatotoo, at parang nahihiya siya.

Nakapagpatotoo na noon si Thomas, pero matagal na iyon, at hindi na niya gaanong maalala ang dapat niyang sabihin. Kaya nang matapos ang pambungad na awitin at nakapagdasal na, sumimangot si Thomas.

“Ikaw na,” paalala ni Inay.

Tiningnan ni Thomas sa labas ng bintana ang kanilang punong ever-green, na parang hinihiling na sabihin nito sa kanya ang dapat gawin.

Tinabihan ni Itay si Thomas at itinanong sa kanya kung ano ang problema.

“Hindi ko po alam kung ano ang patotoo,” marahang sagot ni Thomas.

“Sige, tuturuan kita,” sabi ni Itay.



“Pagsasabi ito sa amin ng ilang bagay na alam mong totoo o pinaniniwalaan. Puwede mong sabihin kung bakit gusto mong magbasa ng mga banal na kasulatan. Laging nakatutulong iyan na madama mo ang Espiritu.”

Pero hindi ramdam ni Thomas na handa na siya. Nakatingin sa kanya ang lahat, hinihintay ang anumang gagawin niya. Umiling siya. “Hindi ko po kaya. Hindi ko alam kung ano iyon.”

Tinapik-tapik ni Itay si Thomas sa braso. “Ayos lang iyan. Sa susunod na lang.”

Nang gabi ring iyon naupo si Thomas sa kama hawak ang kanyang Aklat ni Mormon. Tama si Itay—ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan ay *talagang* laging nagpapaganda ng pakiramdam niya. Sinikap niyang magbasa ng isang kabanata kada araw, pero

pahaba nang pahaba ang mga kabanata. Binuklat niya ang kanyang mga banal na kasulatan sa 1 Nephi 17.

“Ang haba nito!” bulong ni Thomas. Nagdasal siya sa Ama sa Langit na tulungan siya. At nagulat siya na napakabilis lumipas ng oras.

Bago pa man pinatay ni Thomas ang ilaw, pumasok si Itay para mag-sabi ng good night.

“Alam ninyo, Itay?”

“Ano ‘yon, anak?”

“Hindi po ako nagbasa ng mga banal na kasulatan sa buong linggo kasi ang hahaba ng mga kabanata. Pero nito pong gabi gusto ko talagang magbasa, kaya nagdasal ako, at tinulungan ako ng Ama sa Langit. Binasa ko ang buong kabanata. at parang limang minuto lang iyon. Nakatulong po ang pagdarasal.”

“Thomas, alam mo ba kung ano ang kasasabi mo lang?” nakangiting

tanong ni Itay. “Nagbahagi ka ng patotoo mo!”

“Talaga po?” tanong ni Thomas. “Ano po ang ibig ninyong sabihin?”

“Nang magsalita ka tungkol sa pagdarasal at paano ito nakatulong sa iyo—nagpapatotoo ka tungkol sa pagdarasal.”

Napanganga si Thomas sa pagkagulat. Inisip niya ang lahat ng pagkakataong naturuan siya ng mga tao tungkol sa patotoo. Natanto niya na *nagawa* niyang magpatotoo!

Napakasaya ni Thomas na parang gusto niyang tumawa. Niyakap niya si Itay.

“Wow, nagawa ko rin!” sabi ni Thomas. “Itay, puwede po ba akong magpatotoo sa family home evening sa susunod na linggo? Alam ko pong hindi ako ang nakaiskedyul, pero gusto ko pong magsalita tungkol sa panalangin.”

“Palagay ko magandang ideya iyan,” sabi ni Itay.

Pag-alis ni Itay ng silid, inisip ni Thomas ang lahat ng nangyari sa araw na iyon. Ipinagpasalamat niya ang pamilya, mga banal na kasulatan, panalangin, at marami pang iba. Noon mismo, lubos niyang ipinagpasalamat na mayroon siyang patotoo. Alam niya kung paano magbahagi nito at ano ang ibig sabihin nito. ■



“Malalaman ninyo na kapag ibinabahagi ninyo ang inyong patotoo, lumalakas ito.”



Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol, “The Importance of Receiving a Personal Testimony,” *Ensign*, Nob. 1994, 22.

# Isang Lumalagong Patotoo

**A**ng mga patotoo ay parang magagandang halaman. Unti-unting lumalago ang mga ito, at kailangang pangalagaan at protektahan. Sundin ang mga tagubilin sa ibaba para mapayabong at mapaganda ang halamang ito.

Kapag alam mong totoo ang isang bagay, mayroon kang patotoo sa katotohanang iyan. Tinutulungan ka ng Espiritu Santo na maunawaan ang katotohanan sa iyong isipan at ipadarama sa iyo ang kapayapaan, kaligayahan, liwanag, o sigla sa iyong puso. Kulayan ang bulaklak sa pahinang ito tuwing makakabasa ka ng isang bagay sa ibaba na alam mong totoo.

- Ang Diyos ang aking mapagmahal na Ama sa Langit.
- Dinidinig at sinasagot ng Ama sa Langit ang mga dalangin ko.
- Dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, makakapiling kong muli ang Ama sa Langit balang araw.
- Ipinanumbalik ni Joseph Smith ang ebanghelyo sa mundo.
- Mayroon tayong propeta ngayon sa mundo.
- Itinuturo sa akin ng mga banal na kasulatan ang gusto ng Ama sa Langit na malaman ko.

Tulad ng halaman na lumalago kapag diniligan at nasikatan ng araw, lalakas ang iyong patotoo kapag pumipili ka ng tama. Narito ang ilang paraan para mapalakas mo ang iyong patotoo. Kulayan ang dahon sa pahinang ito tuwing may gagawin ka sa buwang ito na nakatulong sa paglakas ng iyong patotoo.

- Magdasal sa Ama sa Langit.
- Ibahagi ang aking patotoo sa family home evening o kapag nagbibigay ng mensahe sa Primary.
- Magbasa ng mga banal na kasulatan.
- Makinig at matuto sa oras ng Primary at sacrament meeting.
- Magsulat sa journal ko tungkol sa aking patotoo.
- Maging mabait sa iba.
- Basahin ang itinuro ng mga propeta tungkol sa patotoo. (Maaari mo itong simulan sa “Ang Totoong Simbahan” ni Pangulong Henry B. Eyring sa Marso 2009 *Liahona*.) ■



# Ang Ating Pahina




Alina A., edad 7, Ukraine



Ang Aking Pamilya,  
ni Lucas O., edad 5, Brazil



Templo, ni  
Scherryan P.,  
edad 10,  
Samoa




Gusto ni Eugene Y., edad 12, mula sa Malaysia, na makipaglaro ng Chinese chess sa kanyang lolo. Sa kanyang libreng oras gusto rin niyang makipaglaro ng basketball at badminton sa kanyang mga kaibigan. Gusto niyang makipagkaibigan at makinig ng mga awiting Intsik.



## ALAM NAMING SIYA AY BUHAY AT MINAMAHAL NIYA KAMI

Nagbabasa kami ng mga banal na kasulatan at nag-aaral ng mga turo ni Jesucristo kasama ang aming mga magulang gabi-gabi. Kapag naririnig naming magsalita ang mga lider ng Simbahan sa kumperensya at nagkukuwento sila mula sa mga banal na kasulatan, nauunawaan namin ang mga turo dahil napag-aralan na namin ito sa aming pamilya. Alam namin ang kahalagahan ng pag-aaral ng banal na kasulatan araw-araw. Alam naming kami ay mga anak ng Ama sa Langit, at na Siya ay buhay, at Siya at si Jesucristo ay mahal kami.

Thomas A., edad 8; Aaron A., edad 6;  
at Cecilia A., edad 10, Argentina



## GUSTO KONG MAGTAKDA NG MGA MITHIIN

Gumawa ako ng unan na may larawan ni Jesucristo dahil isa iyon sa mga mithiin ko. Nagpapasalamat ako na nabinyagan ako. Gusto kong magkaroon ng kuwadernong mapagsusulatan ko ng aking mga mithiin. Gusto kong may ginagawa, at pinanonood ko ang nanay ko at lagi kong ginagawa ang ginagawa niya.


Miriam C., edad 8, Mexico




# Nagkamali Si Kelsey

Ni Jane McBride Choate  
Batay sa tunay na buhay

*“Naniniwala kami sa pagiging matapat” (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13).*









# PAGKATUTO MULA SA MGA PAGKAKAMALI

Ni Darcie Jensen

**K**ung minsan ay nagkakamali tayo, tulad ni Kelsey. Kapag nagkamali tayo, maaari nating ipakita na nagsisisi tayo. Tingnan ninyo ang mga drowing sa pahinang ito. Bilugan ang drowing sa bawat hanay na kakaiba sa iba pa.

1. Amining nagkamali kayo.



2. Magsabi ng, "Sori," at humingi ng tawad.



3. Mangakong hindi na ninyo ito uulitin.



4. Gawin ang lahat ng makakaya ninyo para itama ang inyong pagkakamali.





# MAARI AKONG MAGING MATAPAT

Ang bata sa larawang ito ay matapat. Tingnan kung makakakita kayo ng bola, kandila, cell phone, orasan, biskwit, aso, manika, pakpak, lapis, isang hiwa ng pie, mga banal na kasulatan, at kutsara.



# Mga Balita sa Simbahan

*Bisitahin ang news.lds.org para sa iba pang mga balita at kaganapan sa Simbahan.*

## Mga Bagong Mission President na Tinawag na Maglingkod

Nilahad ng Simbahan ang mga pangalan ng 110 bagong mission president nitong mga unang buwan ng taon. Karamihan sa kanila ay magsisimula sa kanilang dalawa- o tatlong-taong panunungkulan sa buwang ito, kasama ang kanilang asawa.

MISSION	BAGONG PRESIDENT
Argentina Bahía Blanca	Manuel Parreno
Argentina Neuquén	Paul R. Lovell
Australia Adelaide	Bradley D. Carter
Australia Perth	R. Bruce Lindsay
Australia Sydney	Philip F. Howes
Belgium/Netherlands	Alden C. Robinson
Brazil Belém	Jose C. Scisci
Brazil Belo Horizonte	Paschoal F. Fortunato
Brazil Campinas	Carlos E. Perrotti
Brazil Cuiabá	Keith R. Reber
Brazil Porto Alegre North	D. Layne Wright
Brazil Porto Alegre South	Palmênio C. Castro
Brazil Salvador South	Marcelo Andrezzo
Brazil São Paulo East	Ronald A. Ferrin
Brazil Teresina	Alvacir L. Siedschlag
Bulgaria Sofia	Michael S. Wilstead
California Oakland/San Francisco	David N Weidman
California San Fernando	Kenneth T. Hall
California Santa Rosa	Rene R. Alba
Cambodia Phnom Penh	David C. Moon
Canada Calgary	Howard Nicholas
Canada Halifax	Brian Leavitt
Canada Winnipeg	Kirk M. Thomas
Chile Santiago East	David L. Wright
Chile Viña del Mar	Frederico M. Kähnlein
China Hong Kong	Val D. Hawks
Colombia Bogotá North	Mark F. Andelin
Colombia Bogotá South	Letvin Lozano
Colombia Medellín	Roberto O. Pitarch
Costa Rica San José	Chad R. Wilkinson

MISSION	BAGONG PRESIDENT
Democratic Republic of the Congo Lubumbashi	Phillip W. McMullin
Denmark Copenhagen	Shawn D. Sederholm
Dominican Republic Santiago	John Douglas
England Birmingham	R. Craig Rasmussen
England London	David J. Jordan
England London South	Roger C. Millar
France Lyon	Blake M. Roney
Georgia Atlanta	John R. Harding
Germany Berlin	Henry W. Kosak
Ghana Kumasi	Leon A. Holmes
Greece Athens	Eric B. Freestone
Haiti Port-au-Prince	Hubermann Bien-Aimé
Honduras Comayagüela	Candido Fortuna
Hungary Budapest	Lowell V. Smith
Idaho Pocatello	Marvin T. Brinkerhoff
Illinois Chicago	Jerry D. Fenn
India New Delhi	Peter E. Sackley
Japan Fukuoka	C. Samuel Gustafson
Japan Tokyo	L. Todd Budge
Korea Seoul	Brent J. Christensen
Madagascar Antananarivo	David R. Adams
Maryland Baltimore	Mark L. Richards
Massachusetts Boston	Daniel W. Packard
Mexico Cuernavaca	Bruce C. Kusch
Mexico Guadalajara	G. Wesley Wagner
Mexico Guadalajara East	Luis F. Camarillo
Mexico Hermosillo	Alberto E. Hernandez
Mexico Mexico City South	Roberto Valadez
Mexico Monterrey West	Edward M. Swapp
Mexico Puebla North	Ralph N. Christensen
Mexico Tampico	Ralph B. Jordan III
Mexico Xalapa	Paulo Lopez
Mississippi Jackson	Mark J. McDonough
Montana Billings	Kris J Mecham



## Lumikha ng mga Bagong Mission

Upang mas umakma sa pabagu-bagong pangangailangan, ang Simbahan ay lumikha ng walong bagong mission at isinama ang isa sa kalapit na mga mission.

Ang **Colombia Medellín Mission** ay malilikha sa paghahati ng Colombia Barranquilla Mission at ng Colombia Cali Mission.

Ang **Ghana Kumasi Mission** ay malilikha sa paghahati ng Ghana Accra Mission at ng Ghana Cape Coast Mission.

Ang **Mexico Xalapa Mission** ay malilikha sa paghahati ng Mexico Veracruz Mission.

Ang Mexico Puebla Mission ay hahatiin para malikha ang **Mexico Puebla North Mission at ng Mexico Puebla South Mission.**

Ang **Vanuatu Port Vila Mission** ay malilikha sa paghahati ng Papua New Guinea Port Moresby Mission at ng Fiji Suva Mission.

Ang **Utah Salt Lake City West Mission at Utah Salt Lake City Central Mission** ay nangalikha nang baguhin ang mga hangganan ng Utah Salt Lake City Mission, Utah Salt Lake City South Mission, at Utah Ogden Mission.

Ang **Nevada Reno Mission** ay malilikha sa pagbabago ng mga hangganan ng Nevada Las Vegas Mission at ng Nevada Las Vegas West Mission.

Ang **Russia Moscow West Mission** ay bubuwagin at paghahati-hatian ng mga kalapit na Baltic Mission, Russia Novosibirsk Mission, at Russia Moscow Mission.

Ang mga pagbabago ay ipatutupad ngayong Hulyo, kapag binago ang pamunuan sa mission. Ang bilang ng mga mission sa buong mundo ay 347 na ngayon.

Para sa mga mapa ng bagong likhang mga mission, bisitahin ang [ldschurchnews.com/articles/62067/New-missions-created.html](http://ldschurchnews.com/articles/62067/New-missions-created.html) ■

MISSION	BAGONG PRESIDENT
Mozambique Maputo	Paulo V. Kretly
Nebraska Omaha	Michael D. Weston
Nevada Reno	David N. Hermansen
New Mexico Farmington	Doyle L. Batt
New York New York North	Thomas B. Morgan
New York New York South	Kevin E. Calderwood
New York Utica	Joseph B. Wirthlin Jr.
Nigeria Calibar	John E. Kosin
North Carolina Charlotte	Ronald L. Craven
North Carolina Raleigh	Marc A. Bernhisel
Norway Oslo	Don A. Evans
Ohio Cleveland	Michael L. Vellinga
Oklahoma Tulsa	Scott K. Shumway
Papua New Guinea Port Moresby	Suliasi Vea Kaufusi
Paraguay Asunción	P. David Agazzani
Peru Lima Central	Alan M. Borg
Peru Lima South	Sean Douglas
Peru Piura	Chad A. Rowley
Philippines Bacolod	Marlo O. Lopez
Philippines Baguio	William J. Monahan
Philippines Laoag	Julius Jonah F. Barrientos
Portugal Lisbon	Stephen L. Fluckiger
Russia Rostov-na-Donu	William H. Prows

MISSION	BAGONG PRESIDENT
Russia Vladivostok	Gregory S. Brinton
Scotland/Ireland	Alan H. Brown
Singapore	Bradley S. Mains
South Dakota Rapid City	Curtis E. Anderson
Spain Barcelona	Mark L. Pace
Spain Madrid	Scott T. Jackson
Spain Málaga	Monte M. Deere Jr.
Taiwan Taipei	David O. Day
Texas Houston South	Brian K. Ashton
Thailand Bangkok	David M. Senior
Ukraine Dnepropetrovsk	J. Robert van Bruggen
Uruguay Montevideo	David K. Armstrong
Utah Ogden	Maurice D. Hiers Jr.
Utah Provo	John A. McCune
Utah Salt Lake City Central	Richard W. Moffat
Utah Salt Lake City West	Earl S. Swain
Vanuatu Port Vila	Larry E. Brewer
Venezuela Barcelona	Juan C. Chacin
Venezuela Maracaibo	Juan F. Zorrilla
Washington DC South	Matthew L. Riggs
Washington Spokane	Donald E. Mullen
West Indies	Daniel S. Mehr II
Zimbabwe Harare	Bryson C. Cook



**Sinusuri ni Elder Dallin H. Oaks at ng kanyang asawang si Kristen, na nagmisyon sa Sendai, ang pag-unlad na nagawa sa Japan pagkaraan ng nakamamatay na tsunami at lindol noong Marso 2011.**

**Sinuri ni Elder Oaks ang Japan Isang Taon Pagkaraan ng Lindol**

Halos isang taon pagkaraan ang pinsalain ng mga lindol at tsunami ang Japan, binisita nina Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol at Elder Donald L. Hallstrom ng Panguluhan ng Pitumpu ang bansa at nagbigay ng mensahe ng pag-asa at pagmamahal.

Sa loob ng 12 araw noong Pebrero, naglakbay sina Elder Oaks at Elder Hallstrom, kasama ang kanilang mga asawang sina Kristen Oaks at Diane Hallstrom, sa Asia North Area, at tumigil sa Kumamoto, Nagasaki, Sendai, at Tokyo, gayundin sa maraming lungsod sa baybayin ng Tohoku.

Sa isang artikulo sa *Church News*, ipinaliwanag ni Elder Oaks ang isang layunin ng pagbisita: “Hangad naming magbigay ng kapanatagan kasunod ng nangyaring kahindik-hindik na kapinsalaan at tsunami na nangyari lamang noong

isang taon at upang magturo at magpatotoo na lagi naming ibinibigay kapag kapulong namin ang mga misyonero at miyembro ng Simbahan.”

Pinulong nina Elder Oaks at ng iba pang mga pinuno ng Simbahan ang mga Banal sa mga Huling Araw sa Japan, mga misyonero, at iba pa at hinikayat silang “maghanap ng paraan kung paano pababalin ng Panginoon ang inyong paghihirap para sa inyong kapakinabangan.”

Para mabasa ang tungkol sa paglilingkod ng iba pang mga pinuno ng Simbahan sa iba’t ibang panig ng mundo, kabilang na sina Elder M. Russell Ballard sa Brazil, Elder Jeffrey R. Holland sa West Africa, Elder David A. Bednar sa Caribbean, Elder Quentin L. Cook sa Australia at New Zealand, Elder D. Todd Christofferson sa Central Europe, at Elder Neil L. Andersen sa Brazil, bisitahin ang [news.lds.org](http://news.lds.org) at [prophets.lds.org](http://prophets.lds.org). ■

## Hiniling ng Simbahan sa mga Miyembro na Unawain ang mga Patakaran sa Family History

**Ni Sarah Jane Weaver**

*Church News* assistant editor

**H**iniling ng mga pinuno ng Simbahan sa mga Banal sa mga Huling Araw na pag-aralan at higit na unawain ang mga patakaran ng family history tungkol sa pagsusumite ng mga pangalan para sa mga ordenansa sa templo.

Ang mga kundisyon sa paggamit ng New.Family Search.org website ay itinakda “para gamitan ng sentido kumon, para sa doktrina, at para igalang,” sabi ni Dennis C. Brimhall, managing director ng Family History Department ng Simbahan.

Ang mga kundisyon ay simple at tahasan. “Ang mga gumagamit ay hindi dapat magsumite ng pangalan ng mga taong walang kaugnayan sa kanila para katawanin ng iba sa mga ordenansa sa templo, kabilang na ang pangalan ng mga artista o kilalang tao, o mga natipon mula sa di-inaprubahang mga extraction project.” Ito ang nakasaad na kundisyong dapat tanggapin ng lahat ng gagamit tuwing magla-log on sila sa site.

Ang muling pagbibigay-diin sa mga tuntunin, na nakasaad din sa *Handbook 2* ng Simbahan, ay kasunod ng mga paglabag kamakailan sa patakaran ng Simbahan tungkol sa proxy baptism.

“Ang isa sa mga bagay na dapat nating tandaan ay na isa ngang responsibilidad ang saliksikin ang ating kaanak at ihanda ang mga pangalang gawain ng mga ordenansa sa templo, ngunit isa rin itong pribilehiyo,” sabi ni Brother Brimhall. “Ang pribilehiyong iyan ay ibinibigay sa mga miyembrong mga mayhawak ng mga susi sa gawain. Ang mga susi sa gawaing ito ay hawak ng Unang Panguluhan ng Simbahan.”

Hiniling ng mga pinuno ng Simbahan sa mga miyembrong nagsusumite ng mga pangalan para sa proxy baptism ng mga pumanaw na:



- Gawin lamang ito sa sarili nilang angkan.
- Huwag magsumite ng pangalan ng mga artista.
- Huwag magsumite ng pangalan ng mga grupong hindi awtorisado, tulad ng mga biktima ng Jewish Holocaust.

Naglabas ng pahayag ang mga pinuno ng Simbahan noong Pebrero 21, 2012, bilang tugon sa mga tanong tungkol sa mga paglabag sa patakaran ng Simbahan, na itinakda noong 1995 matapos makipag-usap sa mga pinunong Judio.

Inulit sa pahayag ang matibay na pangako ng Simbahan na hindi tatanggapin ang pangalan ng mga grupong hindi awtorisado para sa proxy baptism at binanggit na maiiwasan lamang ang mga proteksyong inilagay doon kung ang nagsumite ay gagamit ng “panlilinlang at manipulasyon.”

Ang gayong hakbang ay maaaring humantong hindi lamang sa suspensyon ng access ng miyembro ng Simbahan sa New.FamilySearch.org website, kundi maaari din silang bigyan ng disciplinary action ng mga lokal na lider sa ilang pagkakataon.

“Nakababahala kapag sadyang nilalabag ng isang tao ang patakaran ng Simbahan at pinagmumulan ng pagtatalo ang isang bagay na dapat sana’y isang handog ng pagmamahal at paggalang,” sabi sa pahayag.

“Ito ang panahon natin para matuto,” sabi ni Brother Brimhall. “Ipapaalala nating muli sa ating sarili ang mga karapatan at responsibilidad at susi at pribilehiyo at kung kaninong gawain ito at paano ito dapat gawin at sino ang namamahala sa gawain. Kung tatandaan lamang sana natin iyan, palagay ko magiging maayos ang lahat. . . . Mapapaganda natin ang system para sa lahat.” ■

***Hiniling ng mga pinuno ng Simbahan sa mga miyembrong nagsusumite ng mga pangalan ng mga pumanaw na pabibinyagan na gawin lamang ito sa sarili nilang angkan, na huwag magsumite ng pangalan ng mga artista, at huwag magsumite ng pangalan ng mga grupong hindi awtorisado, tulad ng mga biktima ng Jewish Holocaust.***





***Bilang paghahanda para sa bagong website, naghahanap ang mga namamahala sa Addiction Recovery Program (makikita rito ang pulong) ng mga personal na kuwento tungkol sa paggaling mula sa adiksiyon.***

**Humiling ang Addiction Recovery Program ng mga Kuwento ng Paggaling**

Sa paghahanda para sa Addiction Recovery Program (ARP) website na nakaiskedyul na ilunsad kalaunan sa taong ito, naghahanap ang Simbahan ng mga personal na kuwento ng paggaling mula sa adiksiyon.

Ang mga gustong magbahagi ng kaniyang kuwento ay dapat mag-e-mail sa arp@ldschurch.org na naglalaman ng sumusunod ng impormasyon, na pananatilihing kumpidensyal:

- Buong pangalan, edad, at kasarian
- Isang retrato mo (hangga't maaari ngunit hindi kailangan)
- Iyong koneksyon sa Simbahan/status ng pagiging miyembro
- Isang maikling paliwanag tungkol sa iyong adiksiyon o sa adiksiyon ng iyong mahal sa buhay
- Isang indikasyon ng kahandaan mong ibahagi ang iyong kuwento sa pamamagitan ng video, audio, text, o sa lahat ng ito
- Iyong kuwento. Isama ang mga ibinunga ng iyong adiksiyon (huwag magbanggit ng di-angkop na detalye, ngunit ikuwento ang mga epekto sa iyo ng adiksiyon at sa mga nakapaligid sa iyo); isang maikling paglalarawan ng buhay mo nang malaman mong kailangan mo ng tulong; isang paliwanag kung paano mo naranasang gumaling sa pamamagitan ni Cristo at ano ang naranasan mo nang manumbalik ang iyong pag-asa; at isang paglalarawan ng buhay mo ngayon at ang mga aral at pagpapalang natanggap mo sa pamamagitan ng pagpapatawad, pagsisisi, at paglilingkod.

**Tumulong ang mga Miyembro ng Simbahan sa Fiji sa mga Biktima ng Baha**

Noong Pebrero, tatlong stake sa Suva, Fiji, ang nagdaos ng aktibidad para mangolekta ng pagkain, mga gamit sa bahay, at mga gamit sa paaralan para sa mga biktima ng baha sa hilaga at kanlurang Fiji.

Dumanas ng tuluy-tuloy na malalakas na pag-ulan ang Fiji nitong mga unang buwan ng taon, na naging sanhi ng malawakang pagbaha at pagguho ng lupa sa mga lugar sa kanluran at hilaga. May ilang namatay dahil sa pagbaha at libu-libo ang napilitang lisanin ang kanilang tahanan.

Nang rumagasa ang baha sa kanluran at hilagang mga rehiyon ng Fiji, agad binuksan ng mga lokal na lider ng Simbahan ang mga meetinghouse para gawing mga evacuation center ng mga taong nabahaan.

Pinasimulan kaagad ni Elder Taniela Wakolo, Area Seventy at Fiji Service Center manager ng Simbahan, ang aktibidad noong Pebrero 6, matapos bigyang-babala ang mga lokal na lider ng Simbahan tungkol sa pagbaha. Nangalap ang mga miyembro at pinagbukud-bukod nila ang mga pagkain, damit, kumot at unan, lutuan, at mga gamit sa paaralan; pagkatapos ay ipinamigay ang mga ito sa mga taong nangangailangan.

*Para mabasa ang iba pa tungkol dito at iba pang mga kuwento, bisitahin ang [news.lds.org](http://news.lds.org). ■*



***Lubusang gagampanan ni Elder Steven E. Snow ang papel bilang Church Historian and Recorder sa huling bahagi ng taong ito.***

**Tinawag si Elder Steven E. Snow Bilang Church Historian**

**I**pinahayag kamakailan ng Unang Panguluhan ang pagtawag kay Elder Steven E. Snow ng Panguluhan ng Pitumpu bilang Church Historian and Recorder, isang katungkulang dating hawak ni Elder Marlin K. Jensen ng Pitumpu.

Na-release si Elder Snow mula sa Panguluhan ng Pitumpu, at bibigyan ng emeritus status si Elder Jensen sa pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2012.

Simula sa araw na iyon, magtutulongan sina Elder Snow at Elder Jensen para magsanay at matutuhan ang gagawin. ■



**Tinuruan Ako ng mga Pioneer**

Noong nakaraang Disyembre nasiraan ako ng loob at ayaw kong lagyan ng dekorasyon ang bahay ko o ipagdiwang ang Pasko. Pagkatapos ay nabasa ko ang isang artikulo sa *Liahona* ng Disyembre 2011 na naglalarawan kung paano ipinagdiwang ng mga pioneer ang Pasko: nagsayawan sila sa sipol ng himig dahil walang mga instrumentong musikal—sa kabila ng kawalan ng mga regalo at kakulangan ng pagkain (tingnan sa “Pasko para sa mga Pioneer Noong Araw” sa “Maliliit at mga Karaniwang Bagay,” 9). Natulungan ako ng artikulong iyon na baguhin ang aking pag-uugali at manalig. Kung minsan ay hindi natin pinapansin o pinahahalagahan ang lahat ng mayroon tayo.

**Ana Rosa de Melo Ferreira,**  
Rio de Janeiro, Brazil

**Hanapin ang Diyos sa Bawat Araw**

Salamat sa isyu ng Enero 2012. Nagkaroon kaming mag-asawa ng magandang karanasan sa pagbabasa ng artikulo ni Adam C. Olson na, “Pagtuklas na Muli sa Kahanga-hangang Bagay ng Daigdig . . . at Pag-iwas sa mga Panganib ng Kawalan ng Interes sa Bagay na Espirituwal,” (pahina 20). Nakatulong ito upang matanto namin na kailangang hanapin palagi ang Diyos sa bawat araw ng ating buhay. Alam ko na ang mga mensahe sa magasin ay binigyang-inspirasyon dahil marami rito ang dumating sa buhay ko sa panahong kailangang-kailangan ko ang mga ito.

**Daiana Araceli Beloqui de Iannone,**  
Buenos Aires, Argentina

*Mangyaring ipadala ang inyong komentaryo o mga mungkahin sa [liahona@ldschurch.org](mailto:liahona@ldschurch.org). Ang mga isinunang mite ay maaaring i-edit para umakma ang haba o mas luminaw pa. ■*

*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Ang mga sumusunod ay ilang halimbawa.*



**“Ang Lakas ng Ating Pamana,”**

pahina 16: Basahin ang artikulo sa inyong pamilya. Bigyang-diin ang pahayag na ito ni Elder L. Tom Perry: “Kung paano pinamulaklak ng mga pioneer ang disyerto na tulad sa isang rosas, gaganda rin ang ating buhay at pamilya kung susundan natin ang kanilang halimbawa at yayakapin ang kanilang mga tradisyon.” Isiping itanong kung paano higit na masusunod ng inyong pamilya ang halimbawang ipinakita ng mga pioneer noong araw. Maaari kayong magtapos sa pagkanta ng “Mga Banal, Halina” (*Mga Himno*, blg. 23).

**“Pagharap sa Kinabukasan nang May Pag-asa,”**

pahina 35: Maaari ninyong ibuod ang kuwento tungkol kay Brother Grilo o maglahad ng personal na kuwento kung paano ninyo hinarap o ng isang kakilala ninyo ang kinabukasan nang may pag-asa. Tulungan ang mga miyembro ng pamilya na ipamuhay ang mensahe sa pagtatanong ng “Ano ang ilang hamon na nagpapahirap sa

inyo na manalig sa kinabukasan? Ano ang magagawa ninyo para manatiling positibo ang inyong pananaw kapag nahaharap kayo sa mga hamong ito?” Isiping magtapos sa pagbasa sa huling dalawang talata ng artikulo.

**“Ano ang Dalisay na Patotoo?”**

pahina 54: Simulan ang inyong aralin sa pagbabahagi ng itinuturo ng artikulo tungkol sa kung ano ang patotoo. Pagkatapos ay isiping ibuod ang mga tanong tungkol sa pagpapatotoo (tingnan sa mga pahina 56–57). Kung mahiwatigan, anyayahang magpatotoo sa isa’t isa ang mga miyembro ng pamilya sa family home evening o ipasulat ang kanilang patotoo sa kanilang journal.

**“Isang Bulong ng Kabaitan,”**

pahina 59: Basahin ang Lucas 6:27. Pagkatapos ay ikuwento sina James at Carson, na tumitigil para pasagutan sa mga bata ang mga tanong na nasa ibaba ng unang pahina. Hikayatin ang mga miyembro ng pamilya na maging mabait sa iba. ■

**Mga Family Home Evening “sa Labas ng Bahay”**

Noong 10 taong gulang ako, nabinyagan ako kasabay ng aking mga magulang at mga kapatid. Masayang-masaya ako na lumaki ako na nagdaraos kami ng regular na family home evening. Family home evening ang nagpatatag sa aming pamilya.

Mahigit 45 taon na akong miyembro ng Simbahan. Sa lima kong anak, patuloy pa rin ang tradisyon. Nakareserba ang mga Lunes ng gabi para sa pamilya.

Sa huling Lunes ng buwan, mas matagal ang aktibidad namin na tinatawag naming family home evening “sa labas ng bahay.” Nanonood kami ng sine, bumibisita sa maysakit, naglalaro sa park, dumadalaw kina Lola at Lolo, at iba pa.

Ang hinding-hindi ko malilimutang karanasan namin sa labas ng bahay ay kapag naglingkod kami sa mga batang kalye. Hindi namin maipaliwanag ang kagalakan at kaligayahan nadarama namin sa pagtulong sa mga taong nangangailangan. Sinisikap namin, sa aming hamak na paraan, na pasayahin ang mga batang iyon at ipaalam sa kanila na may nagmamalasakit sa kanila at nakakaalam na lahat tayo ay mga anak ng Diyos. ■

**Tita Mabunga Obial, Philippines**

## WALANG BAHID-DUNGIS MULA SA SANLIBUTAN

Ni Julie Thompson

Ilang taon na ang nakalilipas, dumating ako sa Bountiful Utah Temple para gawin ang tungkulin kong maglinis doon sa hating-gabi. Maraming dumating para maglinis, at sandali akong nag-isip kung pauuwiin ang ilan. Handang-handa akong magboluntaryong umuwi nang mas maaga. Pagkatapos ay pakutya kong sinabi sa sarili, “Siyempre hindi nila tayo pauuwiin nang maaga. Hahanap sila ng maipapagawa sa ating lahat, sa pag-aakalang tungkulin nilang panatilihin tayo rito nang buong dalawang oras.” Naalala ko ang dating ipinagawa sa akin na nagpunas ako ng alikabok nang mahigit isang oras, para lang isauli ang pamunas nang kasinglinis na tulad noong ibigay ito sa akin. Inihanda ko ang sarili ko na maglaan ng dalawang oras sa paglilinis ng mga bagay na mukhang hindi naman kailangang linisin. Malinaw na pumunta ako sa templo nang gabing iyon dahil sa tungkulin at hindi dahil sa hangaring maglingkod.

Dinala ang grupo namin sa isang maliit na chapel para sa isang debosyonal. May sinabi ang custodian na nangasiwa sa debosyonal na magpapabago magpakailanman sa pananaw ko sa mga atas na linisin ang templo. Matapos niya kaming malugod na tanggapin, ipinaliwanag niya na naroon kami hindi para linisin ang mga bagay-bagay na hindi na kailangang linisin kundi para hindi hayaang marumihan ang bahay ng Panginoon kailanman. Bilang mga tagapangalaga ng isa sa mga pinakasagra-dong lugar sa mundo, responsibilidad natin na panatilihin itong walang bahid-dungis.

Tumagos sa puso ko ang kanyang mensahe, at tumuloy na ako sa iniatas sa aking linisin nang may panibagong sigla na pangalagaan ang bahay ng Panginoon. Ginugol ko ang oras gamit ang malambot na brotsa, at pinalisan ko ng alikabok ang kasuluk-sulukan



*Nagtaka ako kung bakit ako nasa templo para maglinis gayong wala namang marumi rito. Pero natanto ko kagad na hindi naman paglilinis ang tala-gang dahilan.*

ng mga poste ng pintuan, mga gilid sa ibaba ng dingding, at mga paa ng mga mesa at silya. Kung naibigay sa akin ang atas na ito noong una akong pumunta, baka naisip ko pang pagpagan na lang nang pagpagan ang mga lugar para lang magmukha akong abala. Pero sa pagkakataong ito, siniguro kong nalinis ng brotsa ang pinakamaliliit na siwang.

Dahil hindi naman nakakapagod ni kailangan pang pag-isipan ang gawaing ito, nagkaroon ako ng panahong magnilay-nilay habang naglilinis. Una kong natanto na hindi ko kailanman binigyang-pansin ang gayong kaliit na mga detalye sa sarili kong tahanan kundi nililinis ko lang ang mga lugar na unang makikita ng iba, at nakaligtaan ko ang mga lugar na kami lang ng mga kapamilya ko ang nakakaalam.

Sumunod kong natanto na may mga pagkakataon na ipinamuhay ko ang ebanghelyo sa gayong paraan—ipinamumuhay ang mga alituntuning iyon at ginagampanan ang mga tungkuling pinakalantad sa mga nasa paligid ko samantalang binabalewala ko ang mga bagay na tila kami lang ng pamilya ko ang nakakaalam. Nagsimba ako, tumanggap ng mga tungkulin, ginampanan ko ang mga ito, bumisita ako sa mga miyembro—lahat ng ito ay kitang-kita ng mga miyembro ng aming ward—ngunit nakaligtaan kong dumalo sa templo nang regular, mag-aral ng mga banal na kasulatan at magdasal mag-isa at kasama ang pamilya, at magdaos ng family home evening. Nagturo ako ng mga aralin at nagsalita sa simbahan ngunit kung minsan ay kulang ang tunay na pag-ibig sa kapwa sa puso ko pagdating sa pakikipag-ugnayan sa iba.

Nang gabing iyon sa templo, sinuri ko ang brotsa sa aking kamay at itinanong ko sa sarili, “Ano ang maliliit na siwang sa aking buhay na kailangang mas pagtuunan ng pansin?” Nagpasiya ako na sa halip na planuhing paulit-ulit na linisin ang mga bahagi ng buhay ko na kailangang pagtuunan, mas pagsisikap kong huwag hayaang marumihan ang mga ito.

Naaalala ko ang aral na natutuhan ko sa paglilinis ng templo tuwing pinapaalalahanan tayong panatilihin ang ating sarili na “walang bahid-dungis sa sanglibutan” (Santiago 1:27). ■





### Bahay sa Peterson, ni LeConte Stewart

*Ang payapang tagpong ito sa isang bukirin sa Peterson, Utah, ay sagisag ng katuparan ng pangako ng Panginoon sa mga Banal sa mga Huling Araw sa Winter Quarters, Nebraska, noong Enero 14, 1847. Tinukoy bilang “ang Salita at Kalooban ng Panginoon,” ang paghahayag na ito ay ibinigay kay Pangulong Brigham Young habang inihahanda niya ang mga Banal na lisanin ang kanilang mga pansamantalang tahanan sa Winter Quarters at patuloy na tawirin ang mga kapatagan papuntang Salt Lake Valley:*

*“Gamitin ng lahat ng tao ang kanyang impluwensya at ari-arian upang ilikas ang mga taong ito sa lugar na pagtatayuan ng Panginoon ng isang istaka ng Sion.*

*“At kung gagawin ninyo ito nang may dalisay na puso, nang buong katapatan, kayo ay pagpapalain; kayo ay pagpapalain sa inyong mga tupahan, at sa inyong mga bakahan, at sa inyong mga bukid, at sa inyong mga bahay, at sa inyong mga mag-anak” (D at T 136:1, 10–11).*



“Bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw,” paliwanag ni Pangulong Thomas S. Monson, “ang mga banal na tipan ay dapat nating igalang, at ang katapatan sa mga ito ay kailangan para sa ating kaligayahan. Oo, ang tinutukoy ko ay ang tipan ng binyag, ang tipan ng priesthood, at ang tipan ng kasal bilang mga halimbawa.” Dahil ang pagtupad sa ating mga tipan ay mahalaga sa ating kaligayahan ngayon at para matanggap natin ang buhay na walang hanggan kalaunan, mahalagang maunawaan ang ipinangako natin sa ating Ama sa Langit.

Tingnan sa “Pag-unawa sa Ating mga Tipan sa Diyos,” pahina 20.

